

*At Ikaw Ay Hindi Namin Isinugo Kundi Bilang Isang
Awa Sa Mga Daigdig"*

Ang Banal na Koran, 21: 107

Ang Propeta ng Islam
MUHAMMAD ﷺ

Talambuhay At Nakalarawang Gabay Tungo Sa Mga
Batayang Moral Ng Sibilisasyong Islam



Ikalawang Edisyon



**MUHAMMAD
POCKET GUIDE**

Inilathala ng Osoul Global Center

Copyright © Osoul Global Center, 2018

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng aklat na ito ay maaaring kopyahin nang walang paunang pag-apruba mula sa Osoul Global Center.

Nilimbag sa Kuwait ng KHT Press

Para sa mga katanungan:
muhammadpocketguide@gmail.com
www.guidetoislam.com
<https://osoulcenter.com>

ISBN 978-0-9807277-5-3
Ikalawang Edisyon, Oct. 2018



www.guidetoislam.com

Mahalagang Mga Paalala

Kapag binabanggit ng mga Muslim ang pangalan ni Muhammad, isang pangrelihiyong kahilingan na magpakita ng paggalang at respeto sa pagsasabi ng "sumakanya ang kapayapaan" na karaniwang pinaikli sa Ingles na PBUH. Sa wikang arabik, ito ay isinusulat ng ganito (ﷺ).

Gayunman, sapagkat ang aklat na ito ay isang binuod lamang kung saan ang Pangalan ni Muhammad ay palagiang binabanggit, ito ay hindi na inilalagay sa ibang mga lugar upang makapagtipid ng espasyo at hindi makaabala sa mga hindi muslim na makababasa nito. Hindi nito layunin ang kawalan ng respeto.

Ang mga Muslim ay naniniwala sa iisang Diyos Na lumikha ng kalawakan at ng lahat ng mga umiiral. Ang Kanyang pangalan ay Allah kailanman at ang salitang God o Lord (Diyos o Panginoon) ay binabanggit sa munting aklat na ito, ang kahulugan nito ay Si Allah, ang Maluwalhati at Kataas-taasan.

Sa wikang Hebreo, ang Diyos ay tinatawag na "Elohim" at sa aramaic , ang Diyos ay tinatawag na Elah o Alaha" Sang-ayon sa Paniniwalang Islam, ang Diyos ay maraming mga katangian tulad ng "Ang Banal" (Quddoos sa arabic at Qadosh o hakkadosh sa Hebreo). Ang lisa naman ay (Ahad sa wikang arabic, at, echad sa Hebreo) at "ang Kapayapaan" (AL-Salam

sa Arabik at Shalom sa Hebreo). Ang Diyos ay karaniwang ipinakilala ng mga Muslim bilang "Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin."

Isang kinakailangang pangrelihiyon na panatiliing ang anumang lathalain na naglalaman ng pangalan ng Diyos (Allah) ay nasa wasto at malinis na mga lugar.

Ang lungsod ng Mecca ay kadalasang binibigkas na "Makkah." Ito ay matatagpuan sa lambak ng Bakkah na binibigkas naman na "Becca" sa Lumang Tipan. Ang lungsod ng Madinah ay kadalasang inilalarawan bilang "AL-Madinah AL-Munawwarah" na ang kahulugan ay "Nagniningning na Lungsod."

Ang impormasyong inilahad sa aklat na ito ay nasipi mula sa mapananaligang pinagmulan ayon sa pinakamainam na kaalaman tungkol sa may-akda. Ang mga mambabasa ay maaaring magpadala ng mensahe o mga komento sa:

muhammadpocketguide@gmail.com





"Ang kahalintulad ko kung ihahambing sa ibang mga propeta na nauna sa akin, ay ang isang tao na nagtayo ng isang bahay, kumpleto at napakahusay maliban sa isang lugar na walang ladrilyo. Tuwing nakikita ng mga tao ang bahay, sila ay humahanga sa kagandahan nito at nagsasabing: Napakaganda sana ng bahay na ito kung nailagay lamang sa lugar nito ang kulang na ladrilyo ! Kung kaya ako ang ladrilyong iyon, at ako ang pinakahuli sa mga Propeta."

Muhammad ﷺ

(Isinalaysay ni Bukhari 4.734, 4.735)

Salita Ng May Akda

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah ang Panginoon ng uniberso at lahat ng nilalang. Nilikha niya ang lalaki sa pinakamainam na posisyon at ginawa siyang marinig, makita at isipin. Ginawa Niya siyang isang kapalit sa lupa at ipinagkatiwala sa kanya upang itayo ang lupa at huwag maging sanhi ng anumang kasamaan sa loob nito. Samakatuwid, ang tao ay dapat sumamba sa Diyos at maitatag ang Kaniyang relihiyon (Batas) sa lupa. Maliwanag ang Mga Panuntunan ng aming Lumikha. Iniuutos nila ang mga tao na gumawa ng mabubuting gawa at kontrolin ang lahat ng uri ng masasamang gawa at karumal-dumal.

Ginawa ng ating Maylalang ang ating buhay sa mundo na maikli at pansamantala. Ang buhay sa lupa ay tulay sa buhay na walang hanggan sa Kabilang Buhay. Iyan ang Araw ng Paghuhukom. Ang sinumang gumagawa ng mabuti ay makikita ito at gagantimpalaan. At sinuman ang gumagawa ng kasamaan ay makikita ito at parusahan para dito.

Sa buong kasaysayan, nagpadala ang Diyos ng maraming mensahero sa mga tao upang gabayan sila sa kanilang Maylalang at ipaliwanag sa kanila ang katotohanan sa likod ng kanilang paglikha at layunin ng buhay. Si Noah (Abraham), Moises (Moises), Isa (Jesus) at si Muhammad ﷺ ay mga propeta at mensahero ng Diyos, kapayapaan nawa silang lahat.

Gayunpaman, ang kapayapaan ng Propeta Muhammad ﷺ ay nakikilala sa pamamagitan ng maraming mahahalagang katangian. Pinili siya ng Diyos upang ihatid ang huling banal na mensahe sa sangkatauhan. Iningatan ito sa Quran, ang huling banal na aklat ng sangkatauhan. Gayundin, ang buhay ni Propeta Muhammad ﷺ ay isang praktikal na pagpapakita at pagpapatupad ng mga Kautusan ng Diyos. Napatunayan ng kanyang mga turo na ang taos-puso at tapat na pagsunod sa mga Batas ng ating Tagapaglikha ay nagdudulot ng mahusay na kapakumbabaan, kabutihan at kapayapaan sa lahat ng sangkatauhan. Itinakda ni Propeta Muhammad ﷺ ang moral na batayan ng isang sibilisasyon na naging sanhi ng pag-unlad ng sangkatauhan.

Gayunpaman, sa oras na ito, ang mundo ay dumadaan sa isang kritikal na yugto na binigyan ng mga problema sa panlipunan, pang-ekonomiya at pampulitika pati na rin ang malubhang kalamidad. Ang lahat ng mga tao sa mundo ay naghahanap ng isang ligtas na paglabas mula sa yugtong ito.

Ang Osoul Global Center ay nagpapakilala ng isang maikling talambuhay ni Propeta Muhammad ﷺ at ang kanyang mga turo na nagpapaliwanag sa mga puso ng milyun-milyong tao sa mundo. Nang ang kanyang mga kasamahan at mga tagasunod ay matapat na naniniwala sa huling mensahe ng Diyos at inilapat ang mga turo ng Kanyang Sugo Muhammad ﷺ (kapayapaan), natagpuan nila ang katarungan, awa at kabaitan kung saan sila dumating.

Ang kasalukuyang mga komplikasyon sa mundo ay ang pagtaas ng karahasan at terorismo, at ang negatibong media ay gumagawa ng di-makatarungang ugnayan sa pagitan ng karahasan at mga turo ni Propeta Muhammad ﷺ.

Ang aklat na ito ay dinisenyo sa isang estilo ng bulsa na gabay upang magbigay ng madali, madali at tunay na impormasyon tungkol kay Propeta Muhammad ﷺ, ang kanyang buhay at mga aral na nagpapalawak ng kapayapaan at katahimikan sa Arabia at lahat ng mga rehiyon na sumasakop sa Islam bilang isang relihiyon at isang Mensahe mula sa Panginoon ng mga tao sa lahat ng tao.

Bilang karagdagan, ang mga turo ni Propeta Muhammad ﷺ ay naglalahad ng etikal na sistema at code of conduct sa mga lipunan ng Islam. Ang kanyang mga turo ay tumutukoy sa mga batayang moral ng Islamikong sibilisasyon.

Sinabi ng Allah sa Quran: "At hindi ka namin sinugo kundi isang awa sa mundo" Quran 21: 107. Hinihingi namin ang aming Panginoon, ang lumikha ng sansinukob at lahat ng mga nilalang upang gabayan tayo sa tunay at tuwid na landas.

Osoul Global Center





Espesyal Na Pasasalamat at Pagtanaw
Ng Utang na Loob Sa:

Al Madinah Research and Studies Center
Madinah - Saudi Arabia

Ministry of Awqaf (Endowments) and Islamic Affairs
Kuwait

Islamic Affairs and Charitable Activities Department
Dubai - UAE

Ministry of Awqaf, and Islamic Affairs, Jordan
Ahmed Al-Fateh Islamic Center, Bahrain

Malaysia Department of Islamic Development – JAKIM

Fanar, Islamic Cultural Center – Qatar

Para sa kanilang suporta at kooperasyon

Mga Nilalaman

1. Mga Pagpapatotoo **14**

2. Ang Kanyang Katangian **20**

3. Talambuhay **26**

4. Propesiya **64**

• Si Muhammad at ang Banal Na Kapahayagan.

• Mensahe ng Islam

Ang Islam sa maikling pagpapaliwanag

• Iisang Diyos Iisang Mensahe

Paanong Si Muhammad ay may kaugnayan kina Abraham, Moises, Hesus at iba pang mga Propeta?

Ang Pagiging Pangsansinukob Ng Islam (Ang Mensahe)

**5. Mga Halaga at Etika
(Islamic sibilisasyon)** **106**

• Pagdaragdag ng kahalagahan sa buhay ng tao sa pamamagitan ng pagmamahal, pangangalaga sa sarili, paggalang sa mga kapitbahay at mga taong iba pang mga pananampalataya.

6. Ang Mga Kababaihan **136**

• Karapatan ng mga Kababaihan, Pagbibigay Ng Kapangyarihan at Pakikitungo.

• Ang Mga Kautusan Ng Diyos Upang Mapamahalaan Ang Poligamiya (Pag-aasawa ng higit sa isa).

7. Karapatang Pantao **152**

- Kalayaan at pagkakapantay-pantay ng sangkatauhan.
- Panuntunan ng katarungan at proteksyon ng mga karapatang pantao.
- Ang Pagiging Sagrado at Hindi Malalabag Na Pamumuhay Ng Tao At Mga Ari-arian.

8. Kapitaligiran **166**

- Ang Panawagan Para Sa Isang Luntiang Daigdig. Pangangalaga sa Kapitaligiran.
- Ang Preserbasyon Ng Mga Likas na Pinagkukunan ng Yaman.
- Kaugalian Sa Pangangalaga Sa Mga Hayop At Mga Pagkain Na Ipinahihintulot (Halal).

9. Ang Himala **176**

- Ang Banal na Quran ay isang walang hanggang himala.
- Pang-Agham na katotohanan sa Banal na Quran.

10. Ang Kanyang Mga Kasabihan **190**

- Mga Kasabihan Ni Muhammad Na Umuugnay Sa Maraming Usapin.

11. Epilogo **204**

12. Islamikong Sining, Kaligrapiya **216**

At Arkitektura.

- Islamikong Sining At Kaligrapiya
- Islamikong Arkitektura at Mga Atraksyong Pangturismo Mula Sa Iba't-ibang Panig Ng Daigdig.

Mga Sanggunian **268**





Ito ang salitang Muhammad sa Arabik na sinulat sa isang istilo na may kaanyuan. Makikitang ito ay tila itaas na bahagi ng Moske na mayroong Simboryo (dome) sa gitna. Ang simboryo ay ang titik na " H " sa salitang "Muhammad". Ang ibabang bahagi ng moske ay anyo na nagmula sa pangungusap na "rasoolu-Allah" ﷺ na ang kahulugan ay "Mensahero O Sugo Ni Allah."

Kagandahang-loob ng Artist Farid Al-Ali

Sa Wikang Arabik, ang salitang "Muhammad" ay may kahulugang isang tao na laging pinupuri dahil sa kanyang kabutihan. Kung kaya, siya ay isang taong ipinagkakapuri o kapuri-puri.

Kapitulo

1

Mga Paggapatotoo





John Adair

Author of "The Leadership of Muhammad". Chair of Leadership Studies United Nations System Staff College in Turin


"Habang binabasa mo ang aking aklat, mapapahalagahan mo kung gaano kahusay ang mga katangian ni Muhammad sa alam natin sa modernong panahon ng pinakamahusay na estilo ng pamumuno"



William Montgomery Watt

(1909 - 2006) Ang Scottish mananaysay at Emeritus Propesor sa Arabic at Islamic Studies sa University of Edinburgh. May-akda ng " Muhammed at Mecca", Oxford, 1953.

"Ang pagiging handa niya na malampasan ang mga paniniil alang-alang sa kanyang mga paniniwala, sa mataas na moralidad ng pagkatao ng mga naniniwala sa kanya at kumikilala sa kanya bilang pinuno , at ang kadakilaan ng kanyang tunay na napagtagumpayan - lahat ay nagtatalo sa kanyang pangunahing integridad. Wala sa mga dakilang tao ng kasaysayan ang pinakitunguhan ng hindi mabuti ng kanluran na katulad ng ginawa kay Muhammad."



Mahatma Gandhi

(1869 - 1948) Ang pampulitika at espirituwal na lider ng kilusang kalayaan ng India

"Ninai kong malaman ang pinakamainam na nagtatagan ng hindi natitinag na impluwensiya sa mga puso ng milyong bilang ng mga tao. Ako ay higit pang naging kumbinsido na hindi ang espada ang dahilan ng tagumpay ng isang lugar para sa Islam ng mga panahong iyon ng pamumuhay. Ang pagiging payak o simple, ang kababaang-loob at pagpapakumbaba sa pananalita ni Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan). Ang walang pag-aatubiling pagbibigay-pansin sa kanyang mga sinusumpaang, ang kanyang taimtim at matapat na debosyon sa kanyang mga kaibigan at mga tagasunod, ang kanyang kawalang-takot at ganap na pananalig sa Diyos at sa kanyang sariling misyon. Nang ipinid ko ang ikalawang tomo ([volume][ng aklat ng kanyang talambuhay]), nagpaumanhin ako sa aking sarili na para sa akin ay wala na akong dapat pang basahin tungkol sa kadakilaan ng kanyang buhay."



Alphonse de Lamartine

(1790 - 1869) Isang Pranses na makata, manunulat at pulitiko Histoire De La Turquie, Paris, 1854, Vol. li, Pp. 276-277

"Pilosopo, orador, apostol, mambabatas, mandirigma, mananakop ng mga kaisipan, tagapanumbalik ng makatuwirang mga dogma, ng isang kultong walang mga imahen; ang nagtatag ng dalawampung emperyong pandaigdig at isang emperyong ispirituwal. Iyan si Muhammad. Katulad ng mga pagpapahalaga sa lahat ng mga batayan kung paano masusukat ang kadakilaan sa pagiging tao, maaring maitanong natin, mayroon pa bang tao na makahihigit sa kanya ?."



William Durant

(1885-1981) Ang Amerikanong istoryador, pilosopo at may-akda ng "The Story of Civilization", bahagi 4, vol. 4, p. 25

"Ang kanyang pangalan, na nangangahulugang" lubos na pinupuri, "ay hiniram mula mismo sa mga pahina ng Biblia na naghuhula ng kanyang pagdating. Hindi nakilala ni Muhammad ang pagsulat ng anumang bagay sa kanyang sariling kakayahan.


Paalaa: Ang salitang amanuensis ay isang tao na sumusulat kung ano ang idinidikta sa kanya. Ginamit ni William Duran ang salitang "composing" na hindi katanggap-tanggap sa pananaw ng Islam sapagkat ang mga Muslim ay naniniwala na ang Banal na Quran ay isang literal na sagradong rebelasyon mula Kay Allah (ang Panginoon ng lahat) patungo kay Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel.



Johann Wolfgang Von Goethe

(1749 - 1832) A great European poet. *Noten und Abhandlungen zum Weststlichen Dvan, WA I, 7, 32*

"Siya ay isang propeta at hindi isang makata, at kung kaya ang kanyang quran ay dapat tingnan bilang Banal o Sagradong Batas at hindi bilang aklat ng isang tao na ginawa para sa edukasyon at paglilibang."



Thomas Carlyle

(1795 - 1881) *Ang Scottish mananaysay, pilosopo at mayakda ng "Heroes and Hero Worship and the Heroic in History"*

"Paano nagawa ng isang tao lamang, na maihinang ang nagdidigmaang mga tribo at ang mga pagala-galang mga taga-disyerto na sila ay maging pinakamakapangyarihan at sibilisadong bansa sa loob lamang ng kulang sa dalawang dekada."

Note: Sinubukan ni Thomas Carlyle na kumatha ng isang larawan ng pagpapaunlad ng karunungan pantao sa pamamagitan ng mga tao sa kasaysayan bilang mga magkaantao o magkatugma at kanyang ipinagkaloob kay Propeta Muhammad ang isang natatanging puwang sa kanyang aklat sa ilalim ng kabanatang may pamagat na "Bayani bilang isang Propeta" (Hero as a Prophet). Sa kanyang gawa, inihayag ni Carlyle ang kanyang paghanga sa isang mapagmahal at magiliw na kampeonato ni Muhammad bilang isang Hegelianong Tagapagtaguyod o Tagapagdala ng Reporma.



Reverend Reginald Bosworth Smith

(1839-1908) *Author of Mohammad and Mohammedanism, London, 1874, p. 92*

"Pinuno ng Estado gayundin din ng iglesya, siya ay pinag-isang Caesar at Papa (Pope); subalit, siya ay Papa na hindi taglay ang inaangkin ng Papa, at Caesar na walang Hukbo ng Caesar, walang mga sandatahang nakatindig, wala ni isang personal na bantay o guwardiya, walang palasyo, hindi nagpataw ng buwis. Kung sinumang lalaki ang may karapatan na magsabing siya ay namuno o namahala sa pamamagitan ng wastong kabanalan, ito ay walang iba kundi si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan), sapagkat taglay niya ang lahat ng kapangyarihan na walang anumang mga instrumento at walang suporta ng mga ito. Hindi niya pinahalagahan ang kasuutan o damit na batay sa kapangyarihan o pamumuno. Ang pagiging payak ng kanyang pribadong pamumuhay ay naingat kasama ng kanyang hayag na pamumuhay."



Leo Tolstoy

(1828 - 1910) Ang sikat na Ruso na manunulat at nobelista. May-akda ng "War and Peace".

"Walang alinlangang si Muhammad ay isa sa mga pinakadakilang Tagapagbago na naglingkod sa malalim na panlipunang balangkas. Sapat na sa kanya na kanyang

napamunuan ang isang buong bansa patungo sa kaliwanagan ng katotohanan at nagawa itong makiling sa katiwasayan at kapayapaan, at nailihis ito sa pagpapadanak ng dugo at pag-aalay ng tao bilang sakripisyo (gayunma't hindi naman ito napatunayan laban sa mga Arabo bago tumating ang Islam). Binuksan niya ng malawak sa kanyang bansa ang tarangkahan ng pagpapaunlad at sibilisasyon. Ito ay isang dakilang gawain na tanging isang malakas at matatag na tao lamang ang makagagawa at ang isang tao na katulad nito ay karapat-dapat sa pagkilala na may respeto at paghanga."



Maurice Bucaille

(1920 - 1998) Isang Pranses na medikal na doktor at isang espesyalista sa gastroenterology. Isang miyembro ng French Society of Egyptology. May-akda ng "Ang Biblia, Ang Quran at Agham".

"Ang Islam ay nagtuturo na ang Diyos ay nagkaloob sa tao ng kakayahan o karunungan sa pangangatuwiran

at kung kaya inaasahang ang tao ay mangangatuwiran ng may matapat na layunin at sistema. Sa pananaw sa kalagayan ng kaalaman sa panahon ni Muhammad, hindi kapani-paniwala na ang mga kapahayagan sa Quran na umuugnay sa siyensiya o agham ay maaaring magawa ng tao. Ang panlahatang pagsusuri sa Quran sa liwanag ng makabagong kaalaman, ay maghahatid sa atin na makilala ang pagkakasundo sa pagitan ng dalawa."

Ang Kanyang Katangian 2



Larawang Iginuhit Na Mga Katangian Ni Muhammad Dokumentadong karakter at mga katangian tulad ng nasaksihan ng kanyang mga kasamahan.

Ang Katangian Ni Muhammad

Ang mga Muslim ay walang mga dibuho o mga larawan para kay Propeta Muhammad, ni ng mga propeta na nauna sa kanya. Gayunman, hindi katulad ng mga nagtatag ng mga malalaking tradisyon ng pananampalataya na nauna sa kanyang panahon, Si Propeta Muhammad ay higit na nakilala sa kasaysayan tulad ng kung paano siya maingat na inilarawan ng kanyang mga kasamahan at miyembro ng angkan at naitala sa maraming mga kasaysayan mula sa talambuhay ng kanyang pinagmulang angkan.

Ano ang kanyang kaanyuan ?

Si Muhammad, ay isang Arabo na nagmula sa isang marangal na pamilya, maputing mamulamula ang kanyang kutis. Siya ay bahagyang mas mataas kaysa karaniwang taas at mainam ang pangangatawan at malapad ang mga balikat. Ang kanyang tiyan kailanman ay hindi umusli ng higit sa kanyang dibdib. Mabilis at matatag ang kanyang paglakad.




Si Muhammad ay inilarawan ng kanyang mga kasamahan na isang guwapo at malapad at bahagyang matambok na noo, matangos ang ilong, may kahabaan ang kanyang mga pilikmata, malaki ang itim ng mata at pantay-pantay na mga ngipin at kaaya-ayang ngumiti. May bahagyang kulot ang kanyang buhok at makapal ang kanyang balbas.

Binanggit din ng kanyang mga kasamahan na siya ay may maamong mukha na kasing ningning ng buwan kapag ito ay bilog. Hindi siya tumatawa ng napakalakas; ang karaniwan sa kanyang tawa ay halos ngiti lamang na naglalantad sa kanyang mga ngipin na parang butil ng niyebe. Ang kanyang pagiging masayahin at hayag na personalidad ay naramdaman ng lahat ng mga tao.

Ang kanyang kalikasan

Likas kay Muhammad ang pagiging masayahin, at madaling makasundo, at katamtamang pag-uugali. Hindi siya nagsasalita ng anumang pagkalaban sa iba o pagpapahiya at pambabastos sa kanila, ni siya ay nagpupuri ng labis sa iba.



Kung paano siya mangusap

Si Muhammad ay hindi nagsasalita kung hindi naman kinakailangan at anuman ang kanyang sinasabi ay laging direktso sa punto at walang anumang pagdaragdag. Ang kanyang mga sinasabi ay maikli subalit tiyak na mayroong ganap na kahulugan sa maikling mga pananalita. Napakagaling niyang magsalita, at walang pagmamalabis sa mga ito at walang anumang abnormal na pagpapaikli. Kapag nililinaw niya ang isang punto, inuulit niya ito ng tatlong beses na may pagkumpas. Wala siyang sinasabi maliban siya ay umaasa ng gantimpala mula sa Diyos. Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan:

"Gumagarantiya ako ng isang bahay sa labas (kalapit) ng Paraiso para sa mga umiiwan sa pakikipagtalos kahit sila pa ang tama at ako ay gumagarantiya ng isang bahay sa gitna ng Paraiso para sa mga umiiwan sa pagsisinungaling kahit pa sila ay nagbibiro lamang, at ako ay gumagarantiya ng isang bahay sa pinakamataas na bahagi ng Paraiso para sa mga umaasal ng magagandang mga kaugalian."

(Sahih Abu Dawood, 4974/4800)

Ang kanyang mga kinahihiligan

Pinanatili ni Muhammad na kontrolado niya ang kanyang damdamin. Kapag siya ay nayayamot, tumatagilid na lamang siya o nananatiling tahimik. Kapag mayroong nakagawa ng paglabag sa batas ng Diyos, nagpapakita siya ng seryosong pagkagalit at isang matatag na paninindigan.



Walang sinuman ang makasalungat sa kanyang galit sa mga bagay na may pagsalungat sa katotohanan tungkol sa Panginoon, mas mabilis siyang humarap sa pangangalaga sa katotohanan hanggang sa makumbinsi ang iba tungkol sa kabutihan ng Katotohanan tungkol sa Diyos kung paano ito ipinahayag sa Banal na Quran. Si Muhammad ay hindi nagalit kailanman para lamang sa sarili niyang kapakanan.

Ang pakikisalamuha niya sa mga tao

Si Muhammad ang laging nangunguna sa pagbati sa ibang mga tao at hindi bumibitaw sa pakikipagkamay hanggang sa ang kanyang kinakamayan ang kusang bumitaw.

Sinuman ang makatagpo siya ng hindi inaasahan kagyat na humahanga at nagbibigay-galang sa kanya. At sinuman ang makipagkapuwa-tao o makisama sa kanya para siya ay ganap na makilala, ay minamahal siya. Likas sa kanya ang kahinahunan. Kailanman ay hindi siya naging magaspang at hindi mapanghamak kaninuman.

Kapag dinadalaw niya ang isang pangkat , umuupo siya sa pinakamalapit na bakanteng upuan. Inuutusan niya ang kanyang mga kasamahan na sundan ang kanyang kaugalian. Binibigyan ng ganap na atensyon ang nakaupong malapit sa kanya sa paraang hindi maiisip ng sinuman sa kanila na binibigyan niya ng higit na atensyon ang iba sa kanila. Hindi siya nagtatakda ng reserbang upuan para sa mga tao. Parehas siya sa kanyang mga kasamahan at lahat ng mga tao. Makahihigit lamang ang iba sa kanila sa pagpapahalaga sa Diyos at pagkatakot sa Kanya.



Ang kanyang istilo sa pamumuhay

Bawat bagay na kanyang ginagawa ay katamtaman lamang, walang paglalabis o pagkukulang. Kailanman ay hindi niya pinintasan ang pagkain o inumin na inihahanda para sa kanya, ni hindi ito pinupuri ng labis.

Kapag nasa tahanan, hinahati niya ang kanyang panahon sa tatlong bahagi, una para sa Diyos, ikalawa para sa kanyang pamilya, at ikatlo para sa kanyang sarili.



Lagi siyang tumutulong sa mga gawaing bahay at may pagkakataon pa na siya ang nagtatagpi at nananahi ng kanyang damit, nagkukumpuni ng kanyang mga sapatos at nagpupunas ng sahi. Siya ay maayos kung manamit at laging mabango ang kanyang amoy.

Matapos ang pagdarasal sa Umaga (Fajr), kinaugalian niya ang pananatili sa Moske at nagbibigkas ng Banal na Quran at nagpupuri Kay Allah, hanggang sa pagsikat ng Araw. Matapos ang hatinggabi, bumabangon siya para sa pagdarasal sa (Tahajjud) mga karagdagang pagdarasal at pananalangin sa Diyos sa gabi).

Inihayag niyang bawal sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya ang bagay na ibinibigay ng tao bilang tungkuling kawanggawa (Zakat na ibinibigay ng mga Muslim para sa kapakinabangan ng mga nangangailangan). Malinaw ang kanyang katayuan sa bagay na ito, na hindi siya magtatalaga ng sinumang miyembro ng kanyang pamilya bilang tagalikom ng mga kawanggawa para sa pamayanan.



Ang kanyang bahay ay pawid lamang na ang mga haligi ay hinurnong luwad at ang bubong nito ay yari sa mga dahon ng palmera na nabalutan ng balat ng kamelyo.

SinabiNiMuhammad:"Ano ang gagawin kosa mga kamundong bagay? Ang kaugnayan ko sa daigdig ay katulad lamang ng isang isang naglalakbay na panandaliang namamahinga sa lilim ng isang puno at pagkatapos ay magpapatuloy sa paglalakbay."

(2/666- 2788, Musnad Ahmad, Narrated by Abdullah bin Abbas)

Nang siya ay mamatay, hindi siya nag-iwan ni isang sentimo o anumang ari-arian maliban sa kanyang puting mola at kapisang lote na kanyang inilaan para sa kabutihan ng pamayanang Muslim (Sahih Bukhari).



Ang bahay ni Propeta Muhammad, ayon sa paglalarawan at pagpapalagay nang una siyang naglakbay patungo sa Madina

Ang Moske Ni Propeta Muhammad, ayon sa paglalarawan at pagpapalagay.

Kapitulo

3

Talambuhay



Talambuhay

Personal na Detalye

| | |
|--------------------------------|--|
| Pangalan | Muhammad ﷺ |
| Pangalan Ng Ama | Abdullah, anak ni Abdul Muttalib (ang kanyang angkan ay matutunton kay Propeta Ismael, anak ni Propeta Abraham, sumakanya ang kapayapaan). |
| Apelyido (Angkan) | Siya ay mula sa angkan ni Hashim (ang angkan ni Hashim ay kabilang sa angkan ng Quraysh, isang tribo na may mataas na posisyon sa Arabia). |
| Petsa ng Kapanganakan | Ika-22 ng Abril, 570 C.E. (Humigit Kumulang) |
| Lugar ng Kapanganakan | Lungsod ng Makkah (Meccah) - Tangway ng Arabia (sa ngayon ay Saudi Arabia). |
| Petsa Ng Kamatayan | Ika-6 ng Hunyo, 632 C.E. (Siya ay 63 taong gulang noong siya ay pumanaw). |
| Lugar Ng Kamatayan at Libingan | Lungsod Ng Madinah (Mga 400 kilometro patungong Hilaga ng Makkah) |



Pagkabata at Pagbibinata

| | |
|----------------------------|--|
| Pagkasilang | Si Muhammad ay walang mga kapatid. Ang kanyang ama ay pumanaw bago pa siya isinilang. Ipinadala siya ng kanyang ina palabas ng Makkah para pasusuhin ng isang mamay o sisiwa (isang babae na paupahan para sa pagpapasuso) ito ay isang matandang kaugalian ng mga arabo). |
| 2-6 na taong gulang | Siya ay namuhay na kasama ng kanyang ina na si "Aaminah" hanggang sa ito ay pumanaw noong ika-567 C.E. |
| 6-8 taong gulang | Siya ay namuhay sa piling ng kanyang Lolo na si Abdul Muttalib hanggang sa ang huli ay pumanaw. |
| 8-25 taong gulang | Siya ay namuhay kapiling ang kanyang amain na si Abu Talib na mayroong 10 anak. |

Edukasyon:

Si Muhammad, ay hindi nakapag-aral: Hindi siya nakababasa at hindi nakasusulat. Hindi siya kailanman namuhay sa labas ng Makkah o nagsikhay ng kaalaman sa ibang bansa. Ang mga Muslim ay naniniwala na hindi siya ang May-Akda ng Quran, gayunman ay naiparating niya ang bawat titik at salita nito, na ang anumang bahagi nito ay hindi nagmula sa kanyang sarili lamang. Ang mga Muslim ay naniniwala na ang Quran ay ang Mensahe Ng Diyos (Allah) at Kanyang Aklat para sa lahat ng mga tao.

Ang mga kawikaan at mga katuruan ni Muhammad, ay hindi inihalo sa Quran:

Ang mga ito ay tinipon sa mga aklat na tinawag na "Ang Tradisyon (Sunnah) ng Propeta". na ang kahulugan ay ang kanyang mga katuruan , paraan ng pamumuhay at kapaliwanagan ng Aklat (Ang Quran).



Buhay Manggagawa

| | |
|--|--|
| <p>Pagkabata hanggang 20 taong gulang pataas:</p> | <p>Siya ay nagtrabaho bilang isang pastol (nagpapastol ng mga tupa at kambing). Karagdagan pa, siya ay nangalakal na kasama ng kanyang amain na si Abu talib. Sang-ayon sa isang mapapanaligang salaysay, si Muhammad, (sumakanya ang kapayapaan), ay 12 taong gulang noong siya sa kaunahang pagkakataon ay sumama sa kanyang amain na si Abu Talib sa isang paglalakbay upang mangalakal sa Syria.</p> |
| <p>25 hanggang 40 taong gulang:</p> | <p>Nagtrabaho siya bilang isang negosyante o isang negosyante para sa isang mayaman na babae na tinatawag na Khadijah, na may pangkalahatang pangkalakal na negosyo (ginamit nila upang bumili ng mga kalakal mula sa isang lugar at ibenta ang mga ito sa iba pa).</p> <p>Siya ay bantog sa kanyang katapatan, integridad at pagtitiwala. Hindi katagal bago siya nakamit ang pamagat ng "As-Sadiqul Ameen", na nangangahulugang "ang matapat at ang mapagkakatiwalaan".</p> |
| <p>40-63 taong gulang</p> | <p>Nang sumapit na siya sa ika-40 taon ng kanyang edad (taong 610 C.E.) Si Muhammad, ay tumanggap ng rebelasyon at nag-alay ng kanyang buhay upang ipalaganap ang Mensahe ng Diyos (Allah) para sa lahat ng mga tao. Tinuruan niya ang mga tao tungkol sa Kaisahan Ng Diyos at ipinalaganap niya ang Aklat ng Diyos na nag-aanyaya para sa katarungang panlipunan, kapayapaan, pagkakasundo at mainam na pamumuhay.</p> |

Buhay May-Asawa

Nanatiling lisa ang asawa sa loob ng 25 taon: Pinakasalan ni Muhammad si Khadijah, ang anak ni Khuwaylid, na nagmula sa isang marangal na angkan na tinawag na Asad.

Siya ay iginagalang na babae sa kanyang pamayanan at siya ay isang biyuda. Si Muhammad ay nagtrabaho sa kanya ng 2 taon bago siya (Khadijah) magpahayag ng pagpapakasal sa kanya sa pamamagitan ng isang pinagkatiwalaan (third party). Nakita niya na si Muhammad ay matapat, hayag at may mabuting kaasalan.

Matagumpay na pag-aasawa: Gayunman at si Khadijah ay higit na may edad kaysa kay Muhammad, sila kapuwa ay nagmula sa isang magkatulad na antas panlipunan sa pamayanan.

Ang agwat ng kanilang edad ay hindi naging sagabal sa pagtatatag ng isang matagumpay na pag-aasawa na umabot ng 25 taon hanggang si Khadijah ay pumanaw noong taong 619 C.E. sa edad na 65.

Si Muhammad ay muling nag-asawa matapos ang pagpanaw ni Khadijah.

Ama ng 6 na anak at isang pamilyado: Si Muhammad at si Khadijah ay namuhay sa pagkakasundo at kapayapaan; sila ay nagkaroon ng apat na anak na babae (Si Zainab, Ruqayyah, Um Kulthoum at Fatima) at dalawang anak na lalaki (Si Abul Qassim, na namatay

Minahal ni Muhammad si Khadijah at naging matapat siya sa kanya.

Sa maraming mga pagkakataon ay inilarawan niya siya bilang pinakadakilang babae sa kanyang panahon, katulad ni Maria, ang ina ni Hesus bilang pinakadakilang babae sa kanyang panahon. *(Isinalaysay ni Bukhari).*

noong siya ay 3 taong gulang pa lamang) at si Abdullah (na namatay) noong siya ay 4 na taon gulang pa lamang). Kaugalian ni Propeta Muhammad na gumugol ng panahon sa kanyang pamilya, tumutulong sa kanyang mga asawa sa mga gawaing bahay, nanahi ng kanyang mga damit at nag-aalaga ng kanyang mga anak.



Larawang kuha mula sa Libingang Baqee na katabi ng Moske ni Propeta Muhammad sa Madinah. Ilan sa mga kasamahan (Sahabah) ng Propeta, mga kamag-anak, mga asawa, at mga anak ay inilibing sa libingan na ito.



AL-MA'ALA - Pangalan ng isang Libingan sa Makkah kung saan si Khadijah ay inilibing.

Natapos ang Misyon sa Loob ng 23 Taon

610 CE

Ang banal na kakahayagan ay nagsimula: Si Muhammad ay tumanggap ng rebelasyon mula sa Diyos at hinirang bilang Sugo o Mensahero ng Diyos sa lahat ng mga tao. Isang misyon na nangangailangan ng matatag na paniniwala, dedikasyon, katalagahan (commitment) ng sarili, katapatan.

610-612 CE

Nabuklod ang mga pangunahing mga muslim: Inanyayahan ni Muhammad ang kanyang mga kaibigan, at pinili ang mga tao na maniwala sa lising Diyos at tanggapin ang Islam bilang Kanyang (Diyos) katapusang Mensahe sa sangkatauhan. Sa unang tatlong taon matapos ang propesiya, mga 130 katao na ang tumanggap sa Islam at naging isang malakas na sentro o pinakasimula ng hayagang pagpapalaganap ng Islam. Ang pangunahing Muslim na ito ay magkakahalang mayayaman at mahihirap na mga tao.

613-615 CE

Ang hayagang pag-aanyaya ni Muhammad ay sinalungat Si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod ay nagsimulang hayagang makipag-usap sa mga tao tungkol sa Islam. Gayunman at si Muhammad ay kilala bilang mapagkakatiwalaan at isang matapat na tao, ang mga pinuno ng Makkah ay hindi naniniwala sa kanya. Inilarawan nila siya (Muhammad) bilang isang makata o manunula, isang mahikero at isang baliw na tao.

Si Muhammad ay tinukso at tinakot: Ang mga pinuno ng Makkah ay sumubok na si Muhammad ay kanilang mapigil sa kanyang pag-aanyaya sa mga tao sa patungo sa Islam sa pamamagitan ng minsan ay pang-aakit sa kanya sa makamundong pakinabang at kung minsan ay sa pananakot sa kanya. Sinubukan din nila na pigilin ang mga tao sa pakikinig sa kanya.

Nagpakita sila ng labis na pagkagalit at pagsalungat sa mga bagong yakap sa Islam. Pinagmalupitan nila at pinahirapan ang mga mahihina at mahihirap na mga Muslim.

Sinuportahan ni Muhammad ang kanyang mga tagasunod at pinalikas ang ilan sa kanila patungo sa Abyssinia: Si Muhammad ay malapit sa kanyang mga tagasunod. Lagi niya silang tinitipan sa Bahay AL-Arqam na tila isang munting Kolehiyo. Tinuturan niya sila ng mga moral at kahalagahan at nagtanim sa kanila ng pagiging responsable at katalagahan ng mga sarili. Nasaksihan ni Muhammad ang paghihirap at pagsubok na dinanas ng ilan sa kanyang mga tagasunod at pinayuhan niya sila na humiling ng pangangalaga sa Abyssinia, at inilarawan niya na ito ay isang lupaing marangal na pinamumunuan ng isang makatarungang Hari na isang Kristiyano, na sa kanyang pamamahala ay walang sinuman ang dumanas ng kawalan ng katarungan.

Dalawang maimpluwensiyang lalaki ang yumakap sa Islam: Dalawang malakas at lubos na iginagalang na mga Taga Makkah ang tumanggap sa Islam, si Omar bin Al-Khattab at Hamza Bin Abdul Muttalib (Pinsan ni Muhammad). Iyon ang isang mahalagang pagbabago para sa mga Muslim. Si Hamza ang naging malakas na tagasuporta at protektor ni Muhammad hanggang sa siya (Hamza) ay mapatay sa Labanan sa Uhud (625 C.E.). Tatlong taon pagkamatay ni Propeta Muhammad si Omar ang naging ikalawang kalifa at namuno sa Estadong Islam sa loob ng 11 taon.

616-618 CE

Si Muhammad ay pinagkaisahang layuan o dipakitunguhan (Boycotted): Ang mga pinuno ng Makkah ay nagkaisa na layuan at huwag pakitunguhan si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod at nagtakda ng isang paghadlang o pagputol sa ugnayang panlipunan at ekonomiya sa kanila na tumagal ng 3 taon.

Sa panahong ito, Si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod ay naghirap sa malaking pagsubok na ito. Ang panahong ito ay sadyang napakahirap na pagsubok para sa kanilang pagtitiyaga, pananampalataya at katalagahan sa katotohanan.

619-620 CE

Taon ng pagdadalamhati: Kinansela ng mga pinuno ng Makkah ang panlipunan at pang-ekonomiyang paghadlang o pagpigil sapagkat nakita nilang ito ay walang saysay. Sa taon ding iyon, ang asawa ni Muhammad, na si Khadijah at ang kanyang tiyuhin na si Abu Talib ay pumanaw.

Nawalan ng pag-asa si Muhammad sa Makkah at nagpasya na ipalaganap ang Mensahe ng Diyos at humiling ng tulong mula sa labas ng Makkah. Pumaroon siya sa Lungsod ng Taif subalit pagkagalit o pagkapoot ang kanyang naranasan. Karagdagan pa na siya ay nakipag-usap sa mahigit na 20 tribo ng mga arabo tungkol sa Islam subalit hindi siya nakatanggap ng anumang positibong tugon.

620-622 CE

Isang sulyap ng pag-asa: Si Muhammad ay nakipagtipan sa 6 na mga kalalakihan mula sa Yathrib (isang Lungsod, mga 450 kilometro patungo Hilaga ng Makkah) sa panahon ng Hajj at nagpahayag sa kanila tungkol sa Islam. Naniwala sila kay Propeta Muhammad at nagsibalik sa kanilang Lungsod na may mga layuning anyayahan ang marami sa mga tao

mula sa kanilang tribo at iba pa na mga tribo sa Yathrib. Sumang-ayon sila na babalik sa Makkah sa susunod na taon sa panahon ng Hajj upang muling makatipan si Muhammad "Ang Propeta at Mensahero Ng Diyos."



Aqaba or Al-Bay'aa "Pledge" Mosque

Ang mga bagong yakap sa Islam ay nakipagkasundo ng katapatan kay Muhammad: Ang grupo ding iyon ang bumalik ng sumunod na taon (621 C.E.) na may kasama pa na anim na katao. Nakipagkasundo at nanumpa ng katapatan kay Muhammad ([sa pagtanggap sa kanya bilang Mensahero ng Diyos at nangako sa kanya]) na:

(1) Walang sasambahin kundi Si Allah (Diyos), ang lisang Diyos, (2) Hindi magnanakaw. (3) Hindi mangangalunya (4) Hindi papatay. (5) Hindi maninirang-puri sa mga kapitbahay at (6) Hindi susuway (lalabag) sa Mensahero ng Diyos.

Ang pangkat ay bumalik sa Yathrib at nag-anyaya sa mga pinuno ng kanilang Tribo at sa kanilang mga tao na tanggapin ang Islam. Bumalik silang muli sa sumunod na taon (622 C.E.) sa panahon ng Hajj na kasama ang 70 katao (mga kalalakihan at 2 babae). Ang gayunding panunumpa ng katapatan ang ibinigay nila kay Propeta Muhammad.



Isang pamayanan ng mga bagong yakap sa Islam ang naitatag sa 450 kilometro patungong hilaga ng Makkah: Ang mga pinuno ng dalawang pangunahing tribo sa Yathrib (Aws at Khazraj) ay nagsiyakap sa Islam at nagsisunod na rin agad ang kanilang mga tao na naging mga Muslim. Si Muhammad, ang Propeta ng Diyos ay inanyayahan na pumaroon sa Yathrib at maging tagapamahala at pinuno.

Ang pinuno ng Makkah ay nagbalak ng pagpatay kay Muhammad; ang paglikas patungong Yathrib ay nasimulan: Ang mga pangyayari sa Makkah ay naging malubha. Sinabihan ni Muhammad ang mga Muslim sa Makkah na magsilikas patungong Yathrib noong Setyembre 622 C.E. Ang kanyang paglikas ay nagpakilala sa pinakamahalagang pagbabago ng kasaysayan ng Islam. Mula sa Yathrib, ang Islam ay sumibol, isang Estadong Islamiko ang naitatag at isang makatarungang kaayusang panlipunan ang isinilang.

623-624 CE

Pinili ni Muhammad ang mga pinuno ng Yathrib:

Ang mga mamamayan ng Yathrib ay magkahalong mga Arabo at mga Hudyo. Gayunman at mayroong dalawang pangunahing Tribo ng mga Arabo at Tatlong maliliit na tribo ng mga Hudyo, ang pamayanang Arabo ay higit na marami kaysa sa mga Hudyo at nasa kanila ang kapangyarihan ng pamamahala. Si Muhammad, "Ang Propeta ng Diyos" ay hinirang bilang tagapamahala ng Yathrib, kusang loob at mapayapa, kasama ang pagsang-ayon ng karamihan sa mga mamamayan.



Pinalitan ni Muhammad ang pangalang Yathrib, ang lipunan na may maraming kultura: "Madinah" ang bagong pangalan na ibinigay ni Muhammad sa lungsod ng Yathrib.

Matapos ang paglikas ng mga Muslim na taga-Makkah, Ang Yathrib ay hindi na nabibilang sa isang tiyak na grupo ng mga Arabo, sa halip, ito ang naging lupang tahanan ng mga sumasampalataya na tumanggap sa Islam.

Sapagkat mayroong mga tribo ng mga Hudyo sa Yathrib at iba pang mga tao na hindi nagsiyakap sa Islam, hindi ito tinawag ni Muhammad na Lungsod ng Islam. Sa halip ay tinawag ito na "AL-Madina" na ang kahulugan ay "Ang Lungsod", kung saan ang lahat ng mga naninirahan ay mayroong iisang mga karapatan sa pagkamamamayan.

Si Muhammad ay nanawagan para sa kapayapaan at pagkakaisa sa Madinah: Sa kanyang kauna-unahang panayam sa mga mamamayan ng Madina, Si Muhammad ay naghayag ng isang buod na pananalita tungkol sa pagpapalaganap ng pagkakasundo at panlipunang pamamalagi ng ugnayan at pagkakaisa. Sinabi niya (Muhammad):

"O Mga Tao, isabuhay at ipangalat ang kapayapaan at pakainin ang isa't-isa, lingapin ang inyong mga kaanak at manalangin sa Diyos sa gabi habang ang mga iba ay natutulog, nang sa gayon ay inyong makamit ang pagkalugod ng Diyos at kayo ay makapasok sa Kanyang paraiso." (Ibn Majah, 4331) and (Tirmidhi, 5842)

Iniuugnay ni Muhammad ang mga gawaing ito sa pagkalugod ng Diyos upang maingganya ang mga tao na mahalín ang isa't-isa at mamuhay sa kapayapaan at pagkakasundo sa isang lipunan na may iba't-ibang mga kultura.



623-624 CE

Nilagdaan ni Muhammad ang unang kasunduan sa mga Hudyo sa Madinah na pinoprotektahan ang mga karapatang pantao at kalayaan: Karamihan sa mga Hudyo ay umaasa na ang huling Propeta ay darating mula sa isang Hudyo na background. Kahit na ang karamihan ng mga Hudyo ay hindi tumatanggap kay Muhammad bilang isang Sugo ng Diyos, si Muhammad (bilang pinuno ng estado) ay pumirma sa isang kasunduan sa kanila na kung saan ay tulad ng isang "Konstitusyon at Charter ng Karapatang Pantao at Kalayaan" na kung saan ang lahat ng mga tribo ng Arab at Hudyo napagkasunduang.

Ang kasunduan ay ginagarantiyahan ang kalayaan ng pagsamba para sa mga Muslim at Hudyo pati na rin ang mga Arabo na hindi tumatanggap ng Islam.

Bukod pa rito, pinrotektahan ng kasunduan ang kaligtasan at seguridad ng lahat ng mga mamamayan sa Madinah at hinihingi ang lahat ng partido na maging bahagi ng pambansang depensa kung ang Madinah ay sinalakay ng mga kaaway. Ang kasunduan ay nagpahayag ng hustisya, karapatang pantao, kalayaan at pagbabawal ng krimen at imoral na gawain.

624 CE

Ang hindi maiiwasang labanan sa Badr: Nang ang mga Muslim ay lumikas mula sa Makkah patungong Madina, marami sa kanila ang napilitang lisanin ang kanilang mga tahanan at ang kanilang mga ari-arian ay kinumpiska.

Lokasyon ng Badir

Ginamit ng mga pinuno ng Makkah sa kalakal at negosyo ang mga salaping nakumpiska. Nabatid ng mga Muslim ang tungkol sa karaban ng kalakal na pag-aari ng mga pinuno ng Makkah, na pinamunuan ng kanilang kaaway na si Abu Sufyan na mapapadaan sa isang rutang pangkalakal na malapit sa Madinah.

Si Muhammad, ay nanawagan sa mga Muslim na kunin ang karaban bilang kapalit sa kanilang mga kabuhayan na kinumpiska sa Makkah. isang puwersa na kinabibilangan lamang ng 313 mga Muslim ang gumanap sa misyon. Ang intelehensiyang taga-Makkah ay nagpayo kay Abu Sufyan na ibahin ang ruta ng karaban. Karagdagan pa, ang mga taga-Makkah ay nagpadala ng 950 na mga mandirigma upang labanan ang puwersa ng mga Muslim na hindi nakahanda para sa labanan at kulang sa mga kagamitang pagdigma kaysa sa mga mandirigmang mga taga-Makkah.

Nakapagtataka noon at hindi inaasahan nang ang mga Muslim ay magwagi sa unang digmaan laban sa mga pinuno ng Makkah. Marami sa mga pinuno ng Makkah at mga kilala sa kanila ang namatay sa digmaang ito.



625 CE**Nilusob ng mga pinuno ng Makkah si Muhammad, at ang kanyang mga tagasunod sa labanan sa Uhud:**

Bilang pagganti para sa kanilang pagkatalo sa digmaan sa Badr at sa kanilang pagkatakot na mawala ang kanilang pamumuno sa Arabia, ang mga pinuno ng Makkah kabilang ang mga kaalyadong mga Arabo ay nagpadala ng 3000 mga mandirigma upang lusubin ang mga Muslim sa bundok ng Uhud sa hilagang bahagi ng Madinah.



Ang mga Muslim ay hindi nagwagi sa digmaang ito at si Muhammad ay sugatan subalit ligtas. Sa digmaan sa Uhud napatayang ilan sa mga sahabah o kasamahan ni Muhammad kabilang ang kanyang minamahal na amain na si Hamza.



626 CE**Nilusob ng mga taga-Makkah at iba pang mga tribo si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod sa labanan sa bambang:**

Ang Labanan na ito ay tinawag din ng "Laban ng mga Kompederasyon". Dahil si Muhammad ay hindi napatay sa nakaraang labanan, ang mga pinuno ng Makkah at ilan sa mga Tribong Hudyo at Arabo ay nanawagan para sa isang nagkakaisang pagsisikap at isang malawakang pagsalakay upang patayin si Muhammad, sumakanya ang kapayapaan at wasakin ang pamayanang Muslim.

10,000 na mga mandirigma ang nagmartsa patungong Madinah. Matapos ang pagsangguni sa kanyang mga kasamahan, nagpasiya si Muhammad na gawin ang kahilingan ng isang Muslim na taga-Persiya na si Salman, na humukay upang makagawa ng bambang sa hilagang bahaging papasok ng Madinah (5.5 km ang haba at 4.6 m ang lapad o luwang).

Ang mga Muslim noon ay nasa pinakapangit na sitwasyon at sumubok ng kanilang kakayahan kabilang ang pangkaisipang pakikidigma, upang ipangsanggalang ang kanilang mga sarili. Matapos ang isang buwan na pangungubkob, ang mga mandirigmang taga-Makkah at ang mga kaalyado nito ay nawalan ng tiyaga at pagtitiis at malalakas na bagyo at hangin ang umihip na naging dahilan upang ang kompederasyon ay magligpit ng kanilang mga tolda at umatras.

627 CE**Ang tratado (Kasunduan) Sa Hudaybiya, isang pansamantalang kasunduan sa loob ng 10 Taon:**

Isang taon matapos ang labanan sa Bambang, Si Muhammad ay nagsagawa ng isang mapayapang pamumuno para sa pagsasagawa ng Umrah (pagdalaw sa Sagradong Moske sa Makkah at pagsasagawa ng ibang mga ritwal na pangrelihiyon).

Kasunduan
para sa 10 taong
pansamantalang
tigil ng labanan.

Ang pagdalaw sa Makkah sa layuning pagsamba ay isang karapatang pangrelihiyon na ipinagkakaloob ng Makkah sa lahat ng mga tao sa Arabia. Isang malaking sorpresa para sa mga pinuno ng Makkah na makita si Muhammad parating sa Makkah na kasama ang 1400 mga sibilyan mula sa Madinah.




Matapos ang maraming negosasyon, isang kasunduan para sa pansamantalang tigil-laban sa loob ng 10 taon sa pagitan ng mga pinuno ng Makkah at ni Muhammad ang nabuo, kung saan sa panahong iyon, si Muhammad at ang kanyang mga kasamahan ay nagbalik sa kanilang mga tahanan sa kondisyong muling babalik sa Makkah sa susunod na taon (628 C.E.). Ang kasunduan ay maraming iba pang mga nilalaman na hindi kasiya-siya para sa mga Muslim sapagkat marami sa mga ito amg pabor sa panig ng mga taga-Makkah.

628- 629 CE

Sa panahon ng kasunduan sa tigil labanan, ipinalaganap ni Muhammad ang mensahe ng Diyos sa loob at labas ng Arabia: Ang Kasunduang Tigil Labanan ay naging isang gintong pagkakataon para kay Muhammad na malayang maipahayag sa mga tao ang tungkol sa Islam ng walang pumipigil o humahadlang mula sa ibang mga puwersa.

Nagpadala ng Delegasyon Si Muhammad sa mga Tribong Arabo sa Arabia at nagpadala ng mga liham sa mga pinuno at mga hari ng mga kalapit at makapangyarihang bansa tulad ng Persiya, Byzantine at Ehipto na nag-aanyaya sa kanila na tanggapin ang Islam bilang "Mensahe ng Diyos". Dumami ang bilang ng mga Muslim sapagkat natagpuan ng mga tao ang katotohanan sa Islam.



630 CE

Mapayapang pagsakop sa Makkah: Sa loob ng 2 taon, ang kasunduang tigil labanan ay nasira mula sa panig ng mga taga-Makkah nang paslangin ng kanilang mga kaalyado ang 20 mga Muslim.

Bilang tugon, Si Muhammad ay nagmartsa kasama ang 10,000 mga Muslim upang sakupin ang Makkah subalit pinagbilinan ni Muhammad ang kanyang mga mandirigma na huwag kalabanin ang sinuman maliban kung sila ang magpasimula ng laban.

Ang mga pinuno ng Makkah ay nabigla at sila ay hindi nakahanda na labanan ang mga Muslim. Nang dumating ang mga mandirigmang Muslim sa Makkah, Si Muhammad ay nagsalita sa mga tao na nagpapatotoo sa kaisahan ng Diyos, tumutukoy na ang pagtatagumpay ay dahil sa Kanya at



nagpapaalala sa mga tao na silang lahat ay mga inapo ni Adan at si Adan ay nilikha mula sa alabok.

Pagkatapos ay tinanong niya ang mga taga-Makkah: "Ano ang inaasahan ninyo na gagawin ko sa inyo? Sila ay tumugon: "Umaasa kami sa pinakamainam. Sa kabila ng lahat, ay naging mabait na kapatid ka naman sa amin at isang kaanak na mapagbigay."

Halimbawa ng pagpapatawad: Sa kabila ng pagpapahirap na ginawa ng mga taga-Makkah sa halos 21 taon, Si Muhammad ay nakitungo ng may mataas na mga moralidad. Siya ay tumugon: "Wala na kayong dapat ikatakot ngayon. Magsihayo kayo (patungo sa inyong mga tahanan), kayo ay malaya na". Ang tinuran ni Muhammad ay naging malakas na impluwensiya at ang marami sa mga tao na pumaroon sa kanya ay nanumpa at nagsiyakap sa Islam.

(Sunan Al-Bayhaqi, 9/118, 18342, 18343)

630 - 631 CE

Ang mga tribong Arabo ay nagsiyakap sa Islam: Matapos ang mapayapang pagkasakop sa Makkah, maraming mga delegasyon mula sa buong Arabia ang pumaroon sa Makkah upang magsipag-aral ng Islam. Maliban sa Tribong Hawazen na nakipaglaban pa sa mga Muslim na sa kalaunan ay nabigo rin sa lababan sa Hunayn, karamihan sa mga Tribong Arabo ay nagsiyakap sa Islam. Si Muhammad ay nagpadala ng marami sa kanyang mga kasamahan sa iba't-ibang mga probinsiya ng Arabia upang ang mga tao ay turuan ng Islam "Ang Mensahe Ng Diyos."

Nang si Propeta Muhammad ay magbalik sa Makkah, ang kanyang pangunahing layunin ay upang dalisayin ang Sagradong Moske. Binasag niya ang lahat ng mga idolo at rebulto na sinasamba ng mga Arabo at ibinalik ang Ka'abah bilang Bahay Ni Allah, Ang Iisang Diyos.

632 CE

Ang pamamaalam ni Muhammad: Ang Misyon ni Muhammad ay natapos at ang kanyang buhay ay papalapit na sa huling yugto. Nang taong 632 C.E., si Muhammad ay nag-Umrah at naghayag ng kanyang huli at katapusang sermon sa mahigit sa 100,000 tao.

Ang kanyang sermon ay nagpaalala sa mga tao tungkol sa paniniwala sa lisang Diyos, pagiging sagrado ng pamumuhay, proteksyon sa kayamanan at mga ari-arian, pagkakapantay-pantay ng lahat ng angkan, mga alituntuning pangkatarungan, mga karapatan at moralidad ng mga kababaihan.


Ang pagpanaw ni Muhammad

Si Propeta Muhammad ay pumanaw sa kanyang tahanan sa Madina noong ika-632 C.E. at nag-iwan ng iilan lamang na mga pag-aari. Hindi siya nag-iwan ng anumang salapi kundi isang legasiya ng pananampalataya sa Diyos na hanggang sa ngayon ay nananatiling nagniningning sa mga puso ng milyong bilang ng mga tao sa buong sansinukob.



Kabundukan ng Makkah

Malawak na tanawin at banayad na bundok ng Kuweba ng Hira-Makkah




*Tanawin ng banal na Moske,
Makkah - Saudi Arabia*







*Tanawin ng Mecca sa (Makkah), Saudi Arabia.
Dito ipinapakita ang Sagradong Moske (Al-Masjid Al-Haram).
Sa kagandahang-loob ng Propesyonal na retratistang si Suzan Escander*


An aerial photograph of Makkah, Saudi Arabia, taken during sunset. The city is densely packed with buildings, and the Kaaba is visible in the lower-left foreground. The sky is a mix of orange and yellow, with the sun low on the horizon. In the background, there are rolling hills and mountains. A dark grey text box is overlaid on the right side of the image.

Ang Sagradong Moske (Al-Masjid Al-Haram) Sa Makkah, Saudi Arabia. Ito ang pinakabanal na Moske sa Islam. Ang itim na gusali ay ang Kaabah. Ang mga muslim ay naniniwala na ang Diyos (Allah) ay nag-utos kay Propeta Abraham, sumakanya ang kapayapaan, na itayo ang Kaabah upang luwalhatiin at sambahin Siya (Allah, ang lisang Diyos). Kapag ang mga Muslim ay nagdarasal sa Diyos, inihaharap nila ang kanilang mukha (mula sa iba't-ibang panig ng Mundo) sa direksyon kung nasaan ang Kaabah.


**Bundok ng Noor
Makkah**



Kuwebang Thawr, ang yungib kung saan si Muhammad at ang kanyang kasama na si Abu Bakr ay nagpahinga ng tatlong gabi sa simula ng kanyang paglalakbay patungo sa Madinah (Hijrah).




*Ang Moske Sa Qubaa' - Ang Kauna-unahang
Moske sa Islam, 8 kilometro sa Timog na
Bahagi Ng Moske Ng Propeta - Madinah-KSA*



Moske ng Qubaa' – Madinah


*Tanawin Sa Himpapawid Ng Lungsod
Ng Badr*



*Ang Lugar Sa Badr kung saan nagkampo ang
hukbo ng Quraish*



*Lokasyon ng Labanan sa
Badr, kung saan nagkampo si
Muhammad at ang kanyang
mga kasama.*




Lokasyon ng Labanan ng Badr

*Malawak na tanawin, Bundok Ng
Uhud*




Lokasyon ng labanan sa Uhud. Ipinapakita sa larawan ang bundok ng mga mamamana (archer) at ang libingan ng mga mártir. Mahigit sa pitumpo at pitong mga kasama ni Muhammad at ang kanyang minamahal na tiyuhin na si Hamza ay dito inilibing.



Digmaan Sa Bambang


Bundok Ng Uhud







Isang Ipinagpalagay na Tanawin ng Lungsod ng Madinah na nagpapakita kung paanong ito ay napapalibutan ng mga bahay at mga puno ng palmera.

(Sa Kagandahang-loob ng : Madinah Research and Studies Center).



Ang pagpapaunlad ng Moske ng Propeta





Kabilang sa mga kilalang mga propeta ng Diyos, si Muhammad ay ang tanging propeta na ang kanyang libingan ay nakilala at matatagpuan at ang kanyang mga tagasunod ay tiyak kung saan ang eksaktong lokasyon nito.

Si Muhammad ay inilibing sa kanyang bahay na nakaagapay sa kanyang Moske "Ang Moske ng Propeta" sa Madinah.

Sa larawang ito ay makikita ang panig ng gusali kung saan ang mga tao ay maaaring pumasok upang makita ang libingan ni Propeta Muhammad at ang kanyang bahay na sa ngayon ay napalibutan na ng mga harang na yari sa bakal.



▲ Pagdalaw sa libingan ng Propeta

▼ Ang libingan ni Propeta Muhammad sa Moske ng Propeta sa Madinah - una sa bandang kaliwa. Katabi nito ang mga libingan ng unang Kalipa (pinuno ng Estadong Islam) na si Abu Bakr Assidiq at ang ikalawang Kalipa na si Omar Bin AL-Khattab





Ang Moske ng Propeta (Al-Masjid Al-Nabawi Al-Sharif)
Sa Kagandahang-loob ng retratistang si Noushad Ali



MGA HULING-PANSIN

1. Sang-ayon sa ilang mga salaysay at mga pagkalkula, si Muhammad ay isinilang noong taong 571 CE.
2. Ilang mga salaysay ang nagsasabing ang pagiging mag-asawa nina Muhammad at Khadijah ay tumagal ng 24 taon at ilang mga buwan.
3. Iisa lamang ang Quran na inihayag kay Muhammad sa orihinal na Arabik. Gayunman, maraming mga salin ng kahulugan ng mga talata sa Banal na Quran sa iba't-ibang wika tulad ng Ingles, Pranse, Intsik at iba pa. Ang mga talata na sinipi na nasa aklat na ito mula sa Quran ay ipinakilala sa simpleng Ingles (sa orihinal na akda) batay sa salin sa Ingles na binanggit sa nailahad na mga reperensiya.
4. Si Muhammad ay nilusob sa Ta'if at dumanas ng napakasamang pagtrato doon. Nang lisanin niya ang Ta'if ay bigong-bigo siya. Sang-ayon sa ilang mga salaysay, nanawagan siya sa Diyos sa pamamagitan ng isang kahanga-hangang panalangin (tingnan ang susunod na pahina).
5. Ang Moskeng Al-Aqaba o Al-Bay'aa (Moske ng Panunumpa): Itinatag ng Kalipang is Abu Jaafar Al-Mansour nang panahong Abbasiyya sa gayunding lugar na pinaniwalaang kung saan ang mga bagong muslim mula sa Madina ay nanumpa sa pagtatalaga ng kanilang mga sarili kay Propeta Muhammad sapagkat niyakap nila ang Islam.
6. Isang maliit na pamayanang Muslim ang nanatili sa Mecca at walang kakayahang lumikas patungong Yathrib (Madinah).
7. Ang Kalendaryong Islam ay nagsimula sa petsa ng paglikas ni Muhammad mula sa Mecca patungong Madinah (ika-13 ng Setyembre, humigit -kumulang noong 622 CE.)

Ang Panalangin Ni Muhammad ﷺ Sa Diyos

O aking Panginoon, alang-alang sa Iyo ay dinala ko ang aking kahinaan, walang tumutulong at kahihayan.

O Ang Pinakamaawaing higit sa mga maawain, Ikaw ang tagatustos ng mga mahihina at Ikaw ang aking Tagatustos.

Kanino (kundi Sa Iyo) ako aasa ? Sa isang tao na malayo na pinakitunguhan ako ng kawalang-giliw o sa isang kaaway na ako ay sumuko.

Kung kaya hangga't ang hindi pagkalugod sa akin ay wala sa Iyo, ako ay walang dahilan para sa kalungkutan.

Humihiling ako ng pangangalaga sa Iyong liwanag na nakatanglaw sa kadiliman at ang kapuwa daigdig na ito at ang kasunod nito ay wastong naitakda.

Ang kagalingan na ipinagkaloob Mo sa akin ay lubos na sumasakop sa lahat para ibuhos Mo sa akin ang Iyong galit o ang hindi pagkalugod sa akin.

Sa Iyo ako ay patuloy na magbabalik-loob hanggang sa ang kabutihang-loob Mo ay aking makamtan.

Kapitulo

4

Propesiya



Teksto sa Arabik na ginawa ng pintor na hapon
na si Nobuko Sagawa.

*"At Ikaw ay hindi Namin isinugo kundi para
sa lahat ng tao bilang isang tagapaghatid ng
mabuting balita at isang tagapagbabala"*

Ang Banal na Quran, Talata 28, Kabanata 34

*Bundok ng Noor
Makkah - Saudi Arabia*



Si Muhammad at Ang Propesiya

Hindi batid ni Muhammad ڤ na siya ay magiging isang Propeta: Pinangunahan niya ang isang etikal at ordinaryong pamumuhay. Siya ay nakilala sa katapatan, integridad, pagkamapagkakatiwalaan. Kailanman ay hindi siya sumamba sa mga idolo nang ang pagsamba sa mga idolo ay katakut-takot na sa isang lipunang sumasamba sa maraming Diyos.

Lagi niyang pinaniniwalaan na ang buong sansinukob ay marapat lamang na nilikha at nasa kontrol ng isang Diyos. Kinaugalian niya ang pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pananatili sa isang kuweba (mga 634 metro na mas mataas sa antas ng karagatan) sa itaas ng isang bundok mga 4 na kilometro sa dakong silangan ng Makkah.

Ang kuweba ay kilala sa tawag na Hira na nasa isang bundok na kung tawagin ay "Jabal Al-Noor" (ito ay; Bundok ng Liwanag). Ito ay sapagkat tinanggap ni Muhammad ang unang rebelasyon mula sa Diyos habang siya ay nagninilay sa loob ng kuwebang ito.

Ito ay hindi isang ilusyon at hindi isang panaginip: Nang si Muhammad ay nasa ika-40 taon na ng kanyang edad, kinaugalian niya ang palagiang pagninilay sa loob ng Kuweba ng Hira. Sa buwan ng Ramadan (ang ika-9 na buwan sa kalendaryong Hijri o batay sa buwan [moon], humigit-kumulang noong 610 CE), Si Anghel Gabriel ay nagpakita sa kanya sa kauna-unahang pagkakataon habang siya ay nasa loob ng kuweba at inutusan siya nito na "Bumasa ka" O "Basahin Mo". Si Muhammad ay nahintakutan.



Basa!

Sapagkat siya ay hindi nakapag-aral, hindi niya magawang bumasa at hindi niya alam kung paano bumasa. Inulit ni Anghel Gabriel ang kanyang salita "Basahin mo" muli at muli at pagkatapos ay binigkas niya ang sumusunod na mga talata mula sa Diyos;

"Basahin mo sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha (ng lahat ng mga bagay), Nilikha ang tao mula sa isang namumuong dugo ...Basahin mo! at ang iyong Panginoon ay ang pinakamapagbigay...Na nagturo sa tao sa pamamagitan ng panulat....Nagturo sa tao tungkol sa mga bagay na hindi niya nalalaman."

Ang Banal na Quran Talata 1-5 , Kabanata 96

Ang Arkanghel na si Gabriel ay hindi na nagpakita matapos ang maikling panahon ng pagkikitang ito.

Si Muhammad ay nasindak: Siya ay labis na natakot. Bumalik siya sa kanyang bahay. Siya ay nanginginig. Sinabi niya sa kanyang asawa na si Khadijah ang nangyari sa kanya at nagsabi sa kanya na siya ay kanyang talukbungan. Sinabi niya sa kanya na hindi siya ipapahamak ng Diyos o hindi pahihintulutan ang mga diablo na masaling siya sapagkat pinanatili niya ang magandang relasyon sa kanyang mga kaanak, tumulong siya sa mga mahihirap at mapagkawanggawa.

Ito ang salitang Muhammad sa arabik na disenyo ng Artist na si Abdul Majid Al-Noerat. Inilalarawan nito ang pag-akyat ni Muhammad sa Bundok ng Liwanag (Noor), at ang kanyang pagsisikap na masumpungan ang tungkol sa lisang Diyos, ang Manlilikha at Panginoon ng lahat.



Banal na rebelasyon o bulong ni satanas? Si Muhammad ay nangamba na siya ay inaalihan ng masamang espirito. Pumaroon siya kasama si Khadijah upang sabihin ang buong pangyayari kay Waraqa Bin Nawfal (isang kaanak ni Khadijah) na isang relihiyosong Kristiyano at maalam sa Bibliya. Hinulaan ni Waraqa na si Muhammad ay magiging isang Propeta at tumiyak sa kanya na ang kanyang naranasan ay isang banal na rebelasyon na kahalintulad ng tinanggap ni Moises, ang Propeta ng mga Hudyo. Ninais ni Waraqa na suportahan si Muhammad subalit siya ay napakatanda na ng mga panahong iyon. Sinabi niya kay Muhammad na siya ay itatakwil at itataboy palabas ng Makkah ng mismong mga kaanak niya at tatrathuhin ng may poot ng ibang mga tao.

Ikaw ay isang Mensahero ng Diyos: Kinailangan ni Muhammad ng ilang mga araw upang maging matiwasay at hindi na muna bumalik sa bundok. Makalipas ang ilang panahon, bumalik ang Arkanghel na si Gabriel sa kanya at ipinaalam sa kanya na siya ay magiging isang mensahero ng Diyos (Allah, ang Maluwalhati at Kataas-taasan) upang ipalaganap ang Kanyang Banal na Mensahe sa lahat ng mga tao. Binigkas ni Gabriel ang sumusunod na mga talata mula sa Diyos:

"O ikaw na natatalukbungan; tumindig ka at magbigay ng babala; at luwalhatiin mo ang iyong Panginoon; at dalisayin mo ang iyong pananamit; at ikaw ay umiwas sa mga masasamang gawain at huwag mong ipagpalagay ang pagganap mo sa mga kautusang ito bilang isang pabor sa Diyos o sa mga tao; at maging matiisin alang-alang sa iyong Panginoon" Ang Banal na Quran, Talata 1-7, Kabanata 74

Nagpatuloy si Anghel Gabriel sa pagparoon kay Muhammad sa loob ng 23 taon. Sa panahong ito, ang Mensahe (Banal na Quran) ng Diyos sa sangkatauhan ay naipahayag.

Naipalaganap ni Muhammad ang Mensahe ng Diyos sa lahat ng mga tao: Si Muhammad ay kumilos sang-ayon sa rebelasyon na kanyang tinanggap noong 610 CE. Inanyayahan niya ang mga tao sa Arabia at sa labas ng Arabia na sumampalataya sa lisang Diyos (Allah) at sundin ang Kanyang mga Kautusan sapagkat sila ay ang mga inihanda para sa kabutihan ng buong sangkatauhan.

pananam-
palataya
at batas

Tungkol ba sa anong bagay ang "Mensahe"?

Ang Mensahe ng Islam ay batay sa "Aqidah" ito ay; isang pagpapahayag ng pananampalataya sa lisang Diyos at sa "Shari'ah" na siyang Batas ng Diyos; ang sistema at mga regulasyon na mamamahala sa pang-araw-araw na pakikipag-transaksyon , mga aktibidad,at mga kaugalian.

Ang Shari'ah ay nahahati sa tatlong pangunahing mga sangay:

(1) Pagsamba: tulad ng araw-araw na pagdarasal, pag-aayuno,mga pananalangin,pagbibigay ng Zakat (kawanggawa), at iba pa. (2) Mga Moral: tulad ng matutuwid na gawain, mga etika at kahalagahan (katapatan,sinsieridad,pagmamahal,paki kipagtulungan, at iba pa). (3) Mga Transaksyon at pakikitungo sa iba tulad ng mga alituntunin sa katarungan, mga karapatan ng mga tao, kalakalan, at mga etika sa pagnenegosyo, pagpapamana at iba pa.

Paalala: Matapos matanggap ni Muhammad ang banal na rebelasyon, siya ay nanatili sa pagtuturo sa tao tungkol sa kaisahan ng Diyos (Aqidah) sa loob ng labing-tatlong taon. Matapos ang paglikas patungong Madinah, nagkaroon ng higit na pagbibigay pansin sa pagpapaliwanag at pagpapatupad ng Shari'ah.

Mga Kautusan Ng Diyos

"Sabihin (O Muhammad): Magsilapit kayo at aking bibigkasin kung ano ang ipinagbabawal sa inyo ng inyong Panginoon,

(1) Huwag kayong magtatakda ng anuman bilang katambal o kapantay Niya; (2) At maging mabuti sa inyong mga magulang; (3) At huwag ninyong kikitilin ang inyong mga anak dahil sa pangangailangan, Kami ang naglalaan sa inyo ng sustini at maging sa kanila; (4) at huwag kayong magsisilapit sa mga kahiya-hiyang gawain, lihim man o lantad (hal. pangangalunya at katiwalian); (5) at huwag ninyong alisan ng buhay ang ginawa ng Diyos na sagrado malibang para sa katarungan at batas. Ito ang mga ipinag-uutos Niya sa inyo, upang kayo ay matuto ng karunungan (6) at huwag ninyong pakialaman ang kayamanan o ari-arian ng ulila malibang kung ito ay pagyayamanin, hanggang sa siya ay umabot sa hustong gulang; (7) At magbigay sa hustong sukat o timbang at (8) magtimbang ng may lubos na katarungan (kapag bumibili at nagbebenta, at kapag gumagawa ng transaksyon, pinansiyal man o hindi). Hindi Kami nagbibigay ng pasanin kaninuman maliban lamang sa kanyang makakaya; (9) at kailanman at kayo ay magsasalita (o sumaksi), mangusap ng may katarungan kahit pa ang sangkot ay isang malapit na kaanak; (10) At tupdin ang pakikipagtipan sa Diyos. Ito ang Kanyang ipinag-uutos sa inyo upang kayo ay makaalala.


Ang Banal na Quran, Talata 151,152, Kabanata 6.

Isang praktikal na pagpapakilala ng mga aral ni Muhammad sa Abyssinia: Si Ja'far Bin Abi Talib ay kabilang sa walumpong Muslim na tumakas para sa kanilang proteksiyon sa lupain ng Abyssinia (sa ngayon ay Ethiopia sa Africa). Sa pakikipag-usap sa Hari ng Abyssinia bilang tagapagsalita ng mga Muslim na humihiling ng pangangalaga doon, si Ja'far ay nagsabi:

"O Hari, kami noon ay isang angkan na namumuhay sa kamangmangan (walang kamalayan at salat sa kaalaman), sumasamba sa mga idolo, kumakain ng nabubulok na bangkay ng hayop, gumagawa ng mga karumal-dumal na gawain, tinatalikdan namin ang pagkakamag-anakan, masama ang trato namin sa aming mga kapitbahay, at pinababayaan lamang namin ang pagmamalabis ng malalakas sa mga mahihina. Ganito kami namumuhay noon hanggang sa isugo ng Diyos sa amin ang isang Mensahero na nagmula mismo sa amin, isang tao na ang pinagmulan, katapatan, integridad, at kadalisayan ay kilalang – kilala sa amin.

Nanawagan siya sa amin tungo sa pagsamba tanging sa Tunay at lisang Diyos lamang at iwanan ang mga bato at mga idolo na aming sinasamba tulad ng ginawa ng aming mga ninuno. Tinuruan niya kami na maging makatotohanan sa aming mga salita, tuparin ang aming mga ipinapangako, at igo ang aming mga tungkulin o obligasyon sa aming mga kaanak at ipinagbawal niya sa amin ang paggawa ng mga karumal-dumal na mga gawain.

Kung kaya kami ay nanalig at naniwala sa kanya at sinunod namin ang mensahe na kanyang tinanggap mula sa Diyos. Gayunman, itinakwil kami ng aming mga angkan, pinarusahan kami at ginawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang ilayo kami sa aming relihiyon. Nang sila ay nagpapatuloy na sa pang-aapi sa amin, naparito kami sa inyong lupain at pinili kayo kaysa sa mga iba pa upang makasumpung ng proteksyon at pakitunguhan kami ng makatarungan.



Isang Haring Kristiyano ang kumilala sa relihiyon ni Muhammad: Matapos maihayag ni Ja'far ang kanyang pananalita, ang Hari ng Abyssiniya (na isang relihiyoso at may takot sa Diyos) ay nag-utos kay Ja'far na bumigkas ng ilan sa mga talata mula sa "Aklat" na inihayag kay Muhammad.

Binigkas ni Ja'far ang isang bahagi mula sa Kabanata (Surah) Maryam, ang Ina ni Hesus. Nagpatuloy siya sa pagbigkas hanggang sa ang Hari ay maiyak at ang kanyang mga balbas ay halos mabasa nang luha.



Pagkatapos ay sinabi ng Hari:

"Ang mensahe na dala ni Muhammad ay siya ring mensahe na dala ni Hesus at iisa lamang ang pinagmulan."




Tungkol Sa Islam

Ang Islam sa payak o simpleng salita

Ang "Islam" ay pagsuko at pagsunod sa lisang Diyos. Ito ay isang relihiyon ng Kaisahan Ng Diyos kung saan ang mga tagasunod ng Islam ay naniniwala na ang Dyos ay lisa at hindi maitutulad o walang mapaghahambingan. Siya ay walang katambal at walang mga anak. Siya ay hindi nanganganak at hindi ipinanganak.

Nilikha Niya ang buong sansinukob at ang lahat ng mga bagay, nakikita man o hindi. Walang makahahati sa Kanyang Kabanalan at walang sinuman ang may karapatang sambahin o pagdasalan, pagtuunan ng panalangin kundi Siya lamang.



Courtesy of
Abdul Aziz Al Rashidi



Ano ang pangalan ng Diyos? Ang Kanyang Pangalan ay "ALLAH". Ito ay binibigkas na Allaah na may mahabang patinig ma "a". Ang Diyos ay maraming mga katangian

at mga pang-uri. Sa Islam ay mayroong siyamnapu (10) at siyam na kinikilalang "magagandang mga pangalan" at mga katangian para Kay Allah. Halimbawa; Ang Diyos ay "Ang Maawain" at "Lubos Na Nakababatid ng Lahat" Walang tunay na Maawain kundi Siya (Allah) lamang at walang Tunay na Nakababatid kundi Siya lamang.



| Tagalog | Arabik | Hebreo | Aramaic |
|---------|--------|--------|---------|
| Diyos | Ilah | Eloha | Elaha |

"Siya Si Allah, walang Diyos kundi Siya lamang: Ang Lubos na Nakababatid ng mga nakikita at hindi nakikita; Siya Ang Mapagbigay, Ang Maawain.

Siya Si Allah, bukod pa sa Kanya ay wala nang Diyos; Ang Hari, Ang Banal, Ang Pinagmumulan ng Kapayapaan, Ang Tagapagkaloob ng Kaligtasan, Ang Tagapagbantay ng lahat, Ang Makapangyarihan, Ang Kataas-taasan sa Kapangyarihan, Ang Nagtatangan ng Kadakilaan. Luwalhati Kay Allah kaysa sa anumang itinatambal sa Kanya !

Siya Si Allah; Ang Manlilikha, Ang Tagagawa, Ang Tagahubog: Sa Kanya ang magagandang mga pangalan. Anuman ang nasa mga kalangitan at kalupaan ay nagpupuri sa Kanyang kaluwalhatian; At Siya ang Makapangyariyah, Ang Nagtataglay ng Ganap Na Karunungan."

Ang Banal na Quran, Kabanata 59 , Talata 22,23,24.

Si Muhammad at ang Islam: Nang isang tao ang magtanong kay Muhammad upang ipaliwanag ang Islam sa simpleng mga pangungusap upang hindi na siya maghanap pa ng karagdagang paliwanag mula kaninuman, Si Muhammad ay nagsabi:

Maging
Matuwid

"Ipahayag, ' Ako ay sumasampalataya Kay Allah (Ang Iisang Diyos) at maging Matuwid."

Ang pagyakap sa pananampalatayang Islam ay nangangailangan ng pagsunod sa isang balanseng paraan ng pamumuhay na walang pagmamalabis sa mga kilos , mga pananalita o mga gawa.

Islam at Kapayapaan: Sa wika, ang salitang "Islam" ay arabik na nagmula sa salitang "salama" na ang kahulugan ay mula sa anumang at umuugnay sa salitang "Salaam" na ang kahulugan ay kapayapaan.

Si Propeta Muhammad ay nagbigay ng kahulugan sa pagiging Muslim bilang " isang tao na mula sa kanyang dila at mga kamay ay ligtas ang mga tao", ito ay; ang mga tao ay hindi nararapat na tumanggap ng anumang kasamaan sa kanyang mga gawain at mga pananalita.

Sa Islam, "Ang Kapayapaan" ay isa sa natatanging mga pangalan at mga katangian ng Diyos (Allah). Siya na sumusuko at nagpapasakop Kay Allah ay nararapat na makasumpong ng kapayapaan sa kanyang sarili at nararapat na maging mapayapa kasama ng kapaligiran at ng mga tao.

Kawili-wiling mabatid na sa isang pamayanang Muslim, ang mga tao ay nagbabatian ng "Assalamu alaykum" na ang kahulugan ay "sumainyo ang kapayapaan" sa halip na "Hi" o "Hello". Ang buong bersiyon ng pagbating ito ay sumainyo ang kapayapaan, ang Awa Ni Allah at ang Kanyang mga Biyaya."


Mga Muslim ba o mga Muhammadan? Hindi katulad ng mga tagasunod o kaanib ng ibang mga relihiyon, ang mga tagasunod Ni Muhammad ay hindi tinatawag na mga Muhammadan. Ang isang kaanib sa Islam o ang isa na yumayakap nito bilang isang pananampalataya at isang paraan ng buhay ay tinatawag na isang "Muslim" ito ay; isang tao na sumasampalataya sa lisang Diyos at isinusuko ang kanyang sarili sa Kanya (Diyos).

Ang Anim Na Mga Elemento Ng Kredong Islamiko: Ang Paniniwala sa lisang Diyos ay nagtatakda ng paniniwala sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Mensahero, gayundin ng paniniwala sa Araw ng Paghuhukom at ng paniniwala sa Kapasyahan at Itinakda ng Diyos.

Pagbigkas ng Kredo ng Islam (Walang Diyos kundi si Allah at Si Muhammad ay Sugo Ni Allah)

Ang relihiyong Islam ay batay sa limang mga haligi na nararapat na isabuhay ng isang Muslim;

| | | |
|---|-----------------|--|
| 1 | Shahadah | Pagpapahayag at pagsaksi na walang Diyos na may karapatang sambahin kundi Si Allah at Pagpapahayag at pagsaksi na si Muhammad ay Sugo at Propeta Ng Allah. |
| 2 | Salat | Limang ulit na pagsasagawa ng Obligasyong Pagdarasal (araw at gabi). |
| 3 | Siyam | Pag-aayuno tuwing buwan ng Ramadan ayon sa Kalendaryong Batay sa Buwan. |
| 4 | Zakat | Tungkuling Kawanggawa minsang sa isang taon. |
| 5 | Hajj | Paglalakbay patungo sa Sagradong Moske (ang bahay ng Diyos) sa Makkah minsan sa tanang buhay para sa mga may kakayang pisikal at pananalapi. |



1- Pagbigkas ng Kredo ng Islam, Shahadah.

Ito ay upang kilalanin na mayroong iisa lamang at tanging Diyos na lumikha ng lahat ng bagay. Ang Kanyang pangalan ay Allah.



Ang isang tao ay masasabing isang Muslim kapag siya (lalaki o babae) ay buong pusong naniniwala at inihahayag ng kanyang dila ang "Pagsaksi" (Shahadah); "Walang diyos kundi Si Allah at si Muhammad ﷺ ay Sugo o Mensahero Ni Allah". (Sa Arabik, ito ay nasusulat na "Ash'hadu an la ilaha illa Allah, wa ash'hadu anna Muhammadan rasoolo 'Allah).



Ang pagkilala kay Muhammad ﷺ bilang isang Propeta at isang Mensahero o Sugo ay nagtatakda rin ng pagkilala at pagtanggap sa mga Propeta at Mensahero na nauna sa kanya (Muhammad).




Ito ang pagpapatotoo na nasusulat sa Kaligrapiyang Arabo na idinisenyo sa isang masining na pamamaraan. Ito ay nagsasaad na; "Ako ay sumasaksi na walang Diyos maliban kay Allah at si Muhamad ay Kanyang Lingkod at Sugo.

2-Itinakdang Pagdarasal Araw-araw, (Salah) Ang pagdarasal (Salah) sa Islam ay isang gawaing pagsamba na nakapaglalapit sa isang tao Kay Allah. Mayroong limang ulit na itinakdang mga pagdarasal sa Islam na isinasagawa sa araw at gabi.

Ang diwa ng pagsamba ay ang pagluwalhati, pagtataas sa karangalan at papuri sa Diyos ng buong puso, ng dila at ng buong katawan.

Islam...
Pananampalataya
batay sa gawa.



"At kapag ang Aking Mga Lingkod ay nagtanong sa'yo (O Muhammad) tungkol sa Akin - tunay na Ako ay malapit. Tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag siya (lalaki o babae) ay nananawagan sa Akin. Kung kaya hayaan silang tumugon sa Akin at sumampalataya sa Akin upang sila ay mapatnubayan (ng wasto)."

Ang Banal Na Quran, Kabanata 2, Talata 186

Sa katotohanan, ang salitang 'salah' ay literal na may kahulugang 'maigting na ugnayan'. Ito ay isang practical na pagpapahayag ng pananampalataya. Ang bawat dasal ay kinapapalooban ng mga pagkilos tulad ng pagyuko at pagpapatirapa Kay Allah. Ang pagdarasal ay nagpapakita ng unti-unting pag-angat ng mga antas ng pagpapasakop Kay Allah. Ito ay nangangailangan ng ganap na konsentrasyon at paglisan mula sa makamundong bagay. Sinabi ni Propeta Muhammad, sumakanya ang kapayapaan; " Ang isang tao ay napakalapit Kay Allah habang siya ay nakapatirapa."

Mabisang Pagninilay

Ang limang ulit na dasal araw-araw ay tila isang pagmamalabis sa pananaw ng ilang mga tao. Sa katotohanan, ito ay isang uri ng pagninilay na hindi umuubos ng higit pa sa apatnapung minuto araw-araw. Katulad ng tayo ay tatlo o apat na beses kumakain sa isang araw at hindi tayo nagreklamo sapagkat kailangang pakainin natin ang ating katawan upang mabuhay, gayundin ay kailangan natin ang ispirituwal na pagpapakain para sa ating mga kaluluwa. Ang dasal sa hiwa-hiwalay na mga oras sa buong araw ay naglalaan ng gayong ispirituwal na pagpapalusog.

3 - ZAKAT, Pagkakawanggawa


Ang Zakah ay isang mahalagang haligi ng Islam. Ito ay ang pagbibigay ng kawanggawa (bilang obligasyon Kay Allah) minsan sa isang taon para sa mga mahihirap, nangangailangan, at iba pang karapat-dapat na makinabang tulad ng binanggit sa Banal na Quran. Ito ay nagtakda ng dalawa at kalahating porsiyento (2.5 %) ng kabuuang yaman na umabot sa nisab (halaga o dami ng kayamanan na narapat ng kaltasan ng 2.5 %).

2.5%
ng taunang
neto ng mga
naipon.

Nililinis ng Zakah ang puso ng isang tao mula sa pagiging sakim sa yaman at inalis nito ang galit at pagkainggit o selos mula sa puso ng mga mahihirap. Ito ay nagbubunsod ng pagkakaisang panlipunan at pagtutulungan, pagmamahalan at respeto sa isa't-isa. Ito ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng buong pamayanan at pagkakaroon ng lipunang pantay-pantay at makatarungan.

4 - Pag-aayuno Tuwing Ramadan

Ang mga Muslim ay inatasan na mag-aayuno (fasting) sa buong buwan ng Ramadan ayon sa Kalendaryong Hijri (29 o 30 araw), mula bago magbukang-liwayway hanggang sa paglubog ng Araw. Habang nag-aayuno, ang mga Muslim ay inatasan na umiwas sa pagkain, pag-inom at pakikipagtalik habang normal na isinasagawa ang karaniwang mga gawain sa araw-araw. Ang pag-aayuno alang-alang Kay Allah ay nakatutulong upang kilalanin na ang mga kasaganaan at sustini (na maaaring nakakaligtaan) sa katotohanan ay direktang dumarating mula Kay Allah.



Kapag ang mga tao ay nakakaramdam ng gutom, nararanasan nila ang paghihirap ng mga tao na nangangailangang lampasan ang ganitong kahirapan, lalo na sa mga lugar na dumadanas ng taggutom at may kakulangan sa mga pangunahing pangangailangan para mabuhay. Ang mayaman ay magkakaroon ng damdaming pagbibigay kawanggawa kapag sila ay nag-aayuno. Ito ay nakabubuo ng relasyon sa pagitan ng mayaman at mahirap at tumutulong sa pagbuo ng panlipunang pagkakasundo-sundo.

Pinipigil ng pag-aayuno ang mga pagnanasa ng tao, nagtuturo ng pagpipigil sa sarili at kung kaya nakakamit ang higit na kaunlarang ispirituwal. Ang pag-aayuno ay maraming kapakinabangang pangkalusugan at ito ay inirerekomenda ng mga doktor upang gumaling ang ilan sa mga karamdaman.

5-Paglalakbay Patungo sa

Makkah (Hajj): Ang Hajj ay ang paglalakbay patungo sa Makkah tuwing Dhul Hijjah o batay sa Kalendaryong Hijri na may layuning dumalaw sa Sagradong Moske (Bahay Ni Allah) at pagsasagawa ng mga tiyak na ritwal na pangrelihiyon. Ito ang ika-lima sa mga haligi ng Islam na kinakailangang magawa minsan sa buong buhay ng lahat ng mga Muslim (na nasa hustong gulang) sa kondisyong sila ay may kakayahang pisikal at pananalapi upang ito ay magawa.

Mga Buwan Ng Kalendaryong Hijri (Batay Sa Buwan [Moon])

| | |
|----|-------------------|
| 1 | Al-Muharram |
| 2 | Safar |
| 3 | Rabi' Al-Awal |
| 4 | Rabi' Al-Akharah |
| 5 | Jumada Al-Oula |
| 6 | Jumada Al-Akharah |
| 7 | Rajab |
| 8 | Sha'ban |
| 9 | Ramadan |
| 10 | Shawwal |
| 11 | Zul Qui'da |
| 12 | Zul Hijjah |

Propesiya

Habang ang mga tao mula sa lahat ng angkan at mga bansa ay nagtitipon sa ispirituwal na sentro sa daigdig ng Islam, pinagtitiyap nila ang pagiging iisa ng kanilang pinagmulang ama kay Adan at ang kanilang ispirituwal na angkan kay Abraham.

Isang Diyos ... Isang Mensahe

Ang Mga Propeta At Mga Mensahero Ng Diyos Sa Banal Na Quran: Kinikilala ng Islam ang lahat ng mga propeta at mga mensahero ng Diyos na isinugo na nauna kay Muhammad para sa patnubay ng sangkatauhan. Pinagtibay nila ang kaisahan ng mensahe tungkol sa "Kaisahan Ng Diyos" na siyang paniniwala sa pag-iral ng Diyos at Kanyang Kaisahan.



Isinugo sila ng Diyos upang turuan ang mga tao tungkol sa layunin ng buhay, pangalagaan sila upang hindi maligaw ng landas at upang turuan sila ng kagandahang-asal at moralidad.

Ang Banal na Quran ay bumanggit ng 25 mga Propeta at mga Sugo sa kanilang mga pangalan at nagbigay pansin sa mga kuwento ng ilan sa kanila. Halimbawa; sa Banal na Quran ay binanggit ng 25 ulit ang pangalang Adam, si Noah ay binanggit naman ng 43 ulit. Si Abraham ay binanggit ng 69 ulit , si Moises ay binanggit ng 136 at si Hesus naman ay 25 ullit.

Si Muhammad ay nagsabi: "Ang kahalintulad ko kung ihahambing sa ibang mga propeta na nauna sa akin, ay ang isang lalaki na nagtayo ng isang bahay, kumpleto at napakahusay maliban sa isang bahagi nito na walang ladrilyo. Nang ang bahay ay makita ng mga tao, sila ay humanga sa ganda nito at nagsabing: napakaganda sana ng bahay na ito kung ang bahaging walang ladrilyo ay nalagyan nito. Kung kaya ako ang ladrilyong iyon, at ako ang pinakahuli sa mga Propeta." (Isinalaysay ni Bukhari 4.734, 4.735)

Katotohanang Kami ay nagsugo ng mga Mensahero na nauna sa iyo, kabilang sa kanila ay nabanggit Namin sa iyo (ang kanilang kasaysayan), at ang ilan sa kanila ay hindi Namin nabanggit sa iyo (ang kanilang kasaysayan); at hindi ibinigay sa sinumang mensahero na nararapat na siya ay magpakita ng isang palatandaan (himala) malibang sa kapahintulutan ng Diyos.

Ang Banal Na Quran, Talata 78, Kabanata 40

Sabihin: Kami ay naniniwala Kay Allah at sa ipinahayag sa amin at sa ipinahayag kina Abraham, Ismael, Isaac at Jacob, at sa mga tribo, at sa ipinahayag kina Moises at Hesus, at sa ipinahayag sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Hindi kami nagtatangi-tangi sa pagitan nila, at sa Kanya kami ay nagpapasakop."

Ang Banal Na Quran, Talata 136, Kabanata 2



Ang Torah, Ebanghelyo (Injil), at ang Quran ay mga rebelasyon ng Diyos sa sangkatauhan: Ang paniniwala sa mga Aklat na ipinahayag ng Diyos na nauna sa Quran ay isang mahalagang haligi ng pananampalatayang Islam. Ang mga muslim ay naniniwala na ang Banal na Quran ay hindi sumasalungat sa mga naunang rebelasyon kundi ito ay naglililaw at nagwawasto sa mga pagkaligaw o pagkalahis mula sa katotohanan na nangyari sa mga kasaysayan.

Ipinahayag Namin ang Torah, na nagtataglay ng patnubay at liwanag Ang Banal na Quran, Talata 44, Kabanata 5

At ipinadala Namin na sumusunod sa kanilang mga yapak, si Hesus na anak ni Maria na nagpapatotoo sa dumating na nauna sa kanya sa Torah, at ipinagkaloob

Namin sa kanya ang Ebanghelyo (Injjil) na naging patnubay at liwanag at nagpapatotoo sa nauna rito tungkol sa Torah bilang patnubay at mga alituntunin para sa matutuwid. Ang Banal na Quran, Talata 46, Kabanata 5

At sa iyo (O Muhammad) ay ipinahayag Namin ang Aklat (Ang Banal na Quran) ng katotohanan, nagpapatotoo sa mga kapahayagan na nauna sa kanya, at isang tagapagmatyag, at isang batayan nito.

Ang Banal na Quran, Talata 48, Kabanata 5

Sa mga pinagkalooban ng Diyos ng kanyang pagpapala na kabilang sa mga Propeta, sa mga inapo ni Adan at sa mga dinala (ng Barko kasama) ni Noah, at sa mga supling ni Abraham, at ang Israel, at sa mga kabilang sa pinagkalooban Namin ng patnubay at kinalugdan. Nang ang mga rebelasyon ng (Panginoon) Mapagbigay ay binigkas sa kanila, sila ay nagpatirapa, sumamba at nanangis. Ang Banal na Quran, Talata 58, Kabanata 19

Talaan 1: Ang buhay ng mga pangunahing propeta


| Propeta | Muhammad | Hesus | Moses | Abraham |
|--------------------------|--------------|---------|---------------------|---------------------|
| Humigit-Kumulang Panahon | 570 - 632 CE | 1-33 CE | Mga 1400 BC | mga 1700 BC |
| Humigit-Kumulang Edad | 63 | 33 | Mahigit sa 100 taon | Mahigit sa 100 taon |

Muhammad ﷺ at Abraham ﷺ

Si Abraham ay ipinagpalagay bilang ama ng mga Propeta ng mga Hudyo, Kristiyano at sa Islam sapagkat karamihan sa mga kilalang mga propeta ay nagmula sa kanyang mga inapo. Ang mga Muslim ay naniniwala na si Muhammad, ay kabilang sa kanyang mga inapo sa pamamagitan ng kanyang anak na si Ismael, na siya namang naging ama ng maraming tribo ng mga Arabo. Sa isang banda naman, ang bansang Israel at ang maraming propeta tulad ni Jacob, Joseph, Aaron at Moises ay nagmula sa kanyang ikalawang anak na si Isaac.

Inialay ni Abraham ang kanyang buhay at pagpupunyagi upang maturuan ang mga tao tungkol sa kaisahan ng Diyos. Ang Banal na Quran ay madalas na bumanggit tungkol kay Abraham at nagsaad na matapos ang kanyang pagsisikap sa paghahanap para sa katotohanan at pagkilala sa kaisahan ng Diyos (Ang iisang dapat sambahin), si Abraham ay praktikal na nagpatunay sa kanyang sinseridad, katapatan, pagka-mapagpasalamat at pagkamasunurin sa Diyos. Ipinakita niya ang isa sa mga pinakadakila at hindi malilimutang mga halimbawa sa kasaysayan para sa ganap o buong pagpapasakop sa lisang Diyos sa pinakamahirap na mga sitwasyon na kanyang pinagdaanan.

Mahalagang mabanggit na ang isa sa mga anak ni Propeta Muhammad ay pinangalanan niya na "Ibrahim" na namatay naman sa kanyang pagkabata.



Sino ang higit na mainam sa relihiyon kaysa sa kanya na isinusuko ang kanyang (lalaki at babae) sarili sa Allah (isinusuko ang layunin ng paglikha sa kanya [lalaki at babae]) habang siya ay gumagawa ng kabutihan at sumusunod sa relihiyon ni Abraham (tradisyon na naaayon sa katotohanan, ang matuwid?) at pinili Ng Allah si Abraham bilang natatanging kaibigan.

Ang Banal na Quran, Talata 125, Kabanata 4


**Isang
Dios**

Si Abraham ay isang ama ng katotohanan na nagpakita ng halimbawa ng pagkamasunurin Sa Diyos, kung kaya, sang-ayon sa Banal na Quran, pinili ng Diyos si Abraham bilang isang kaibigan at kabilang sa Kanyang mga pinili sa daigdig at kabilang sa mga matutuwid sa Kabilang-Buhay (Talata 125, Kabanata 5, Talata 130, Kabanata 2). Pinatnubayan siya ng Diyos sa wastong relihiyon at siya ay ginawang isang "Imam" ito ay, bilang pinuno para sa mga tao (Talata 124, Kabanata 2) at inilarawan siya bilang isang bansa o nasyon (Talata 120, Kabanata 16)

Si Abraham ay iginagalang ng mga Muslim bilang isang tao na nagbigay sa kanila ng kanilang katawagan bilang "mga Muslim" (ito ay, sila na mga sumasampalataya sa lisang Tunay na Diyos at isinusuko ang kanilang mga sarili sa Kanya) (Talata 78, Kabanata 22)

"Si Abraham kailanman ay hindi naging isang Hudyo at hindi naging isang Kristiyano; kundi siya ay "Musliman Hanifan" isang tao na matuwid na nagpasakop at matapat na isinuko ang sarili Sa Allah (Diyos), at kailanman ay hindi siya nakabilang sa mga nagtatambal." Ang Banal na Quran, Talata 67, Kabanata 3

Pansinin: Ang orihinal na pinagmulan ng pangalang "Abraham" ay Abram o Avram, at ito ay nasusulat at binibigkas na "Ibrahim" sa arabik. Ang Romano Katolikong Simbahan ay tinagurian si Abraham bilang "Aming Ama Sa Pananampalataya". Ang Eastern Orthodox na simbahan naman ay ginugunita siya bilang "Ang Ninunong Matuwid Na Si Abraham."



Pinaniniwalaang ito ang kauna-unahang gusali para sa pagsamba sa lisang Diyos na naitatag noong unang ibinaba si Adan sa lupa. Ang mga muslim ay naniniwala na ang pinakaimportanteng tao na muling nagtatag ng gusaling ito at nagtaas ng kanyang mga dingding ay si Propeta Abraham na kasama ang kanyang anak na si Ismael. Ang gusali na ang hubog ay kubiko ay tinatawag na "Ka'abah". Ang lokasyon nito ay matatagpuan sa Mecca (Makkah) na nasa lambak ng Bacca (ngayon ay Saudi Arabia). Ang Diyos ay nagtakda ng isang tungkulin kay Abraham at sa kanyang anak na dalisayin ang Ka'abah para sa mga nagdarasal, nagninilay at nagpapatirapa sa Kanya. Ginawa ito ng Diyos bilang isang lugar para sa pagsamba, at isang santuwaryo (isang ligtas na lugar at isang lugar na dinarayo para sa mga tao.

Ang Panalangin nina Abraham at Ismael

"O Panginoon Namin!, gawin mo kami na nagpapasakop at sumusuko sa Iyo at ang aming mga supling bilang isang nasyon o pamayanan na sumusuko sa Iyo, at ipakita Mo sa amin ang aming pamamaraan (seremonya o mga rituwal) ng pagsamba, at lingapin ang aming pagsisisi at paghingi ng kapatawaran. Ikaw ang Pinakamapagpatawad, Ang Pinakamaawain."

Ang Banal na Quran, Talata 128, Kabanata 2



Ang Sagradong Moske (Al-Masjid Al-Haram) Sa Makkah, Saudi Arabia. Ito ang pinakabahal na Moske sa Islam. Ang itim na gusali ay ang Kaabah. Ang mga muslim ay naniniwala na ang Diyos (Allah) ay nag-utos kay Propeta Abraham, sumakanya ang kapayapaan, na itayo ang Kaabah upang luwalhatiin at sambahin Siya (Allah, ang lisang Diyos). Kapag ang mga Muslim ay nagdarasal sa Diyos, inihaharap nila ang kanilang mukha (mula sa iba't-ibang panig ng Mundo) sa direksyon kung nasaan ang Kaabah.





Ipinahiwatig ni Propeta Muhammad na ang pagdarasal sa Sagradong Moske (Ang Bahay Para sa Pagsamba sa Diyos) ay may malaking gantimpala. Ang gantimpala para sa isang pagdarasal sa Sagradong Moske ay katumbas ng gantimpala ng 100,000 mga pagdarasal.

Hajj

Taun-taon, mahigit sa tatlong milyong mga Muslim ang nagsasagawa ng debosyon ng Hajj sa Sagradong Moske sa Makka (Saudi Arabia). Ito ang ikalimang haligi ng Islam na kailangang maisagawa minsan sa tanang buhay para sa mga may kakayahang pananalapi at pisikal na ito ay maisagawa.

Tinuruan ni Muhammad ang mga tao kung paano isagawa ang Hajj, na ang pinakapangunahin ay naglalaman ng mga Rituwal ni Abraham. Nilibot niya (naglakad paikot o pabilog sa Ka'abah) ang kubikong gusali na itinayo ni Abraham bilang Bahay ng Diyos. Ang paglibot o pag-ikot ay ginagawa ng pitong ulit at salungat sa pag-ikot ng orasan bilang pagpapasakop sa Diyos na halos nakakatulad din ng pagkilos ng mga planeta at kahit ng mga elektron.



Pagkatapos ay nagdasal si Muhammad sa likod ng istasyon ni Abraham. Sa ngayon ay isa itong nasasaraduhan na naglalaman ng mga bakas ng paa ni Abraham sa isang pirasong bato (ito ay tinatawag ng mga Muslim na "Maqama Ibrahim)."





Pagkatapos ay naglakad si Muhammad sa pagitan ng mga burol ng Safa at Marwa, ang lugar kung saan si Hagar ay naglakad, libong taon na ang nakalilipas, upang maghanap ng tubig matapos na siya at ang kanyang anak na si Ismael ay iwanan doon ni Abraham. Inutusan siya ni Abraham na manirahan doon bilang pagtalima at pagsunod sa Kautusan ng Diyos na nagnais na ang lugar ay maging isang santuwaryo at isang lugar para sa pagsamba.

Ang distansiya sa pagitan ng dalawang burol na ito ay humigit –kumulang sa 395 metro. Ang rituwal na ito sa pagsasagawa ng Hajj ay tinatawag na "**Sa'ee**", ito ay ang maliksing paglalakad sa pagitan ng mga burol ng Safa at Marwa. Ito ay mayroong pitong ulit (na ang kabuuang distansiya ay 2.76 kilometro), nagsisimula sa Safa at nagtatapos sa Marwah. Ang Sa'ee ay may pagkakahawig din sa pang-araw-araw na pagkilos, mga aktibidad,

mga aksyon, paglalakbay, pagsisikap at mga gawain na ginagawa ng isang tao sa panahon ng kanyang (lalaki at babae) pamumuhay.

Ang mga aksyon at mga gawa na ito ay nararapat na may mga layuning kapakipakinabang at may halaga. Nararapat na ang mga ito ay naaayon sa mga Kautusan ng Diyos.

Bilang karagdagan sa mga rituwal sa pagsasagawa ng Hajj, si Muhammad ay pumaroon sa isang lugar na sa kasalukuyan ay tinatawag na "Jamarat" sa isang bayan na tinatawag na Mina (8 kilometro sa silangang bahagi ng Makkah). Doon ay nagsagawa siya ng pagpukol ng bato na may pagkakahawig sa ginawa ni Abraham, noong kanyang pukulin ang Satanas na nagpakita sa kanya sa isang anyo ng matandang lalaki na sumubok na siya ay mapigil sa pag-aalaysa kanyang anak bilang sakripisyo sa Diyos. Maraming ulit na pinukol ni Abraham ang satanas. Kapag ang mga Muslim ay nagsasagawa ng gayundin na rituwal, sila sa katotohanan ay humahamon sa Satanas at sa kasamaan ng hangarin na mismong nasa kanilang mga sarili.



Sa katapusan, kung paanong iniligtas ng Diyos ang anak ni Abraham , na sa halip ay ipinalit ang isang tupa, tinuruan ni Muhammad ang mga muslim na maglaan ng isang alay o sakripisyo at hinati ang mga karne sa mga mahihirap.



Tinuruan ni Muhammad ang mga Muslim na mag-alay ng isang panalangin para kay Abraham at kanyang pamilya sa bawat pagdarasal ng limang ulit na pagdarasal araw-araw. Mahalaga ding banggitin na binigyan ni Muhammad ang isa sa kanyang mga anak ng pangalan "Ibrahim" na namatay noong bata pa lamang.

"Sabihin (O Muhammad): Ginabayan ako ng aking Panginoon sa isang matuwid na landas, isang wastong relihiyon, ang pamamaraan at pamayanan ni Abraham, ang matuwid na daan na kumikiling sa katotohanan at siya ay hindi kabilang sa mga nagtatambal (hindi siya nagtatambal ng anuman sa Diyos)." Ang Banal na Quran, Talata 161, Kabanata 6

Pinaniniwalaan na si Abraham ay inilibing sa Hebron sa Palestina. Ito ay ipinagpalagay na isang sagradong lugar para sa mga Hudyo, mga Kristiyano, at mga Muslim. Ang pasikut-sikot na gusali na naglalaman ng kenotapya ni Abraham ay tinatawag na "AL-Masjid AL-Ibrahimi" (Moske ni Abraham). Tinatawag din ng mga hindi Muslim na "Libingan ng mga Patriarka."

Propesiya



Ang pangunahing gusali ay isang malaking moske (hugis parisukat) na mayroong dalawang kuwadrang minaret. Ito rin ay may maraming silid at mga yungib sa ilalim ng lupa.

Ang panggitnang silid ng gusali ay naglalaman ng mga kenatopya nina Abraham at Sarah. Ang silid sa bahaging timog(Ohel Yitzhak sa Hebreyo) ay naglalaman ng mga kenatopya ni Isaac at Rebecca.


Ang silid naman sa hilagang bahagi ng gusali ay naglalaman ng mga kenatopya nina Jacob at Leah. Pangkalahatang pinaniniwalaan na ang mga labi nina Abraham, Isaac, Jacob, Sarah, Rebecca at Leah ay naidambana sa mga silid o bulwagan sa ilalim ng lupa sa ibaba ng gusali



Kenatopya Ni Abraham



Paalala: Ang mga muslim ay hindi nagbibigay luwalhati sa mga puntod. Sang-ayon sa mga aral ng Islam, ang istraktura ng puntod ay hindi nararapat na nasa ibabaw ng lupa.




Muhammad ﷺ at Moises ﷺ

Pinuri ni Propeta Muhammad si Propeta Moises, at nagsaad na sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay makikita niya si Moises na nakatayo at nakahawak sa gilid ng Luklukan ng Diyos (Allah). (Sahih Al-Bukhari, 4/157, 3408. 4/159, 3414)

Sa ibang mga okasyon nang si Muhammad ay pumaroon sa Madina at nasumpungan niya na ang mga Hudyo ay nag-ayuno sa araw ng "Ashura"(kung kailan iniligtas ng Diyos ang angkan ng Israel mula sa Paraon ng Ehipto), inutusan niya ang mga Muslim na boluntaryong mag-ayuno sa araw na iyon sapagkat si Moises ay nag-ayuno sa nabanggit na araw bilang pagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos (ang Araw ng 'Ashura' ay ang ika-10 araw sa unang buwan ng Kalendaryong Hijri (o Batay sa Buwan [moon])

Ang Tao Na
Nakipag-usap
Sa Diyos





Humigit-kumulang sa ikatlong bahagi ng Quran ay nangungusap tungkol kay Moises at sa mga insidente na pinagdaanan ng angkan ng Israel. Sa karagdagan, ang Banal na Quran ay bumabanggit sa ilan sa mga propeta na isinugo sa angkan ng Israel tulad nina Aaron, Zakariya, at Juan.

Ang Banal na Quran ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay nakipag-usap kay Moises at inilarawan si Moises bilang isa sa limang mga mensahero at mga propeta na may mabigat na mga misyon (Ulu Al-Azm) at ang Diyos ay mataimtim na nakipagtipan sa kanila (Talata 8, Kabanata 33 AL-

Ahزاب). Ang limang mga mensahero na ito ay sina **Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad** , sumakanilang lahat ang kapayapaan.

Si Moises ay namatay malapit o mismong sa bundok ng Nebo kung saan matatanaw ang Patay na Dagat at ang lupain ng Palestina. Isang alaala ang itinayo sa bundok na naging isang mahalagang atraksyong pangturismo sa Jordan.





Ang mga Muslim ay nakakakita ng mga pagkakahalintulad sa pagitan nina Moises at Muhammad. Sila ay kapuwa mga propeta at mensahero na nagdala ng Banal na Aklat at mga Kautusan. Kapuwa namuno sa kani-kanilang mga tao at namuhay na kasa-kasama nila sa mahabang panahon. Sila ay kapuwa nag-asawa at nagkaroon ng mga anak.



Muhammad ﷺ at Hesus ﷺ

Sang-ayon Sa Pinagtibay Na Mga Salaysay, si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi:

"Ako ang pinakamalapit sa lahat ng mga tao kay Hesus na anak ni Maria at ang lahat ng mga propeta ay magkakapatid sa Ama, at wala nang Propetang dumating pa sa pagitan namin (ni Hesus)." (Bukhaari, 3285)

Inilawaran ng Quran si Hesus, sumakanya ang kapayapaan bilang "Salita ng Diyos" at "Magandang Balita" na inihayag kay Maria. Ang kanyang pangalan ay "Ang Mesiyas na si Hesus, anak ni Maria."

Sinuportahan ng Diyos si Hesus, sumakanya ang kapayapaan, sa pamamagitan ng Banal na Espirito (Anghel Gabriel) at sinugo siya bilang isang mensahero sa angkan ng Israel upang sila ay gabayan sa matuwid na landas at upang sumamba sa Diyos 'Allah" ang kanyang Panginoon at kanilang Panginoon at ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. (Kabatana 2, Talata 87; Kabanata 3, Talata 45-49 ; Kabanata 4, Talata 171).

Si Hesus
sa Quran

Propesiya



Ang Nazareth ay isang makasaysayang bayan sa ibabang bahagi ng Galeli, sa Palestina. Binanggit sa mga Ebanghelyo bilang tahanan ni Maria, ito ay malapit na may kaugnayan sa pagkabata ni Hesuskristo. Sang-ayon sa Tradisyon ng Katoliko Romano, ang Pagkakahayag o Pagpapahayag (Annunciation) ay nangyari sa Church of Annunciation sa Nazareth.

Gayundin, ang Banal na Quran ay naglalarawan kay Hesus bilang bantog o kilala (magugunita at prominente) sa daigdig at sa Kabilang-buhay, at kabilang sa mga matutuwid at sa mga malalapit sa Diyos.

Ang Banal na Quran ay nagpapahiwatig na tinuruan ng Diyos si Hesus tungkol sa Kasulatan at Karunungan, at sa Torah at sa Ebanghelyo. Sinuportahan siya Ng Allah ng mga himala ng pagpapagaling sa bulag, at sa may ketong, at bumuhay siya ng patay sa kaphintulutan ng Diyos at Kanyang kagustuhan.(V87, Chapter 2, V 45-49, Chapter 3 ,V171, Chapter 4).



Larawan mula sa Betlehem: Ang Simbahan ng Natividad ay isa sa pinakamatandang mga simbahan na umiiral sa daigdig. Pinaniniwalaan ng maraming mga kristiyano na ito ay mga marka ng lugar ng kapanganakan ni Hesus, ang Kristo.

Ang mga Muslim ay naniniwala na si Hesus ay magbabalik. Ipinahiwatig ni Muhammad na ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay hindi magaganap hanggang si Hesus ay bumaba mula sa mga kalangitan.

Pagbabalik
ni Hesus

Propesiya

Siya ay magbabalik bago ang katapusan ng buhay sa mundo upang maitatag ang Batas ng Diyos. Siya ay makikipaglaban sa Huwad na Mesiyas, at pagkakaisahin ang lahat ng mga sumasampalataya sa lisang Diyos. Siya ay magiging isang pinunong makatarungan at siya ay maghahatid ng kapayapaan sa buong daigdig. Ang mga Muslim ay inuutusan na maging kabilang sa mga sumusuporta kay Hesus sa kanyang pagbabalik.



Mga larawan mula sa Damascus, Syria: Sang-ayon sa ilang mga salaysay , ipinahiwatig ni Propeta Muhammad na si Hesus ay bababa sa silangang bahagi ng Damascus.

Ang pagiging pandaigdigang ng "Mensahe" na inihatid ni Muhammad. Ang mga Muslim ay naniniwala na si Muhammad ay tumanggap ng Mensaheng katulad ng ibinigay kina Abraham, Moises, Hesus at iba pang mga propeta, subalit ang kanyang misyon ay pangsandaigdigang. Siya ay pinagkatiwalaan upang iwasto ang mga paniniwala ng mga tao, ibalik sila sa tunay na pananampalataya at turuan sila sa paggawa ng kabutihan.


"At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo kundi bilang isang awa sa lahat ng mga daigdig"

Ang BAnal na Quran, Talata 107, Kabanata 21

**Sulat ni Muhammad
sa
Emperador ng Roman**

Si Muhammad ay nagpadala ng mga liham sa mga pinuno at mga hari ng mga kalapit at makapangyarihang mga bansa tulad ng Persiya, Byzantine at Egypt na nag-aanyaya sa kanila na tanggapin ang Islam bilang "Ang Mensahe ng Diyos".

Nang matanggap ng Hari ng Byzantine na si Heraclius ang liham ni Muhammad (), inanyayahan niya si Abu Sufyan (isa sa mga pangunahing pinuno at mangangalakal ng Makkah na nagkataon naman na naroon sa lugar na iyon para sa pangangalakal) upang pumaroon sa kanya. Tinanong ni Heraclius si Abu Sufyan ng ilang mga katanungan at hiniling niya sa kanya na maging makatotohanan.



Liham ni Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) kay Heraclius (sa orihinal nito na arabik).

Heraclius : Sa anong uri ng lipunan ba nagmula si Muhammad ?

Abu-Sufyan : Siya ay nagmula sa isang kilala at marangal na angkan.

Heraclius : Siya ba ay nakagawa ng pagtataksil, hindi pagtupad sa pangako o pagsisinungaling ?

Abu-Sufyan : Hindi

Heraclius : Kumusta naman ang kanyang mga tagasunod ? sila ba ay dumarami o nababawasan? At mayroon bang isa man lang sa kanyang mga tagasunod ang tumiwalag dahil siya ay hindi nasiyahan kay Muhammad ?

Abu-Sufyan : Sa katotohanan, Si Muhammad ﷺ ay hinahangaan ng kanyang mga tagasunod at sila ay nasisiyahan sa kanya, at sila ay dumarami.

Heraclius : Kung gayon, ano ang itinuturo ni Muhammad () sa kanyang mga tagasunod?

Abu-Sufyan : Paniniwala sa lisang Diyos at Katarungang Panlipunan.


Sandaling nag-isip si Heraclius, at pagkatapos ay kanyang sinabi: "Kung ang mga tinuran mo sa akin ay totoo, magagawa ni Muhammad na makuha ang aking kaharian."



Pinamahalaan ni Emperador Heraclius ang Emperyong Romano mula 610 hanggang 640 C.E. na sa mga panahong ito ay naglunsad siya ng tatlong kampanyang militar at tinalo ang Emperyong Persiyano at nabawi ang Syria, Palestina, Ehipto. Noong taong 636 CE, narating ng Islam ang Palestina, Syria, at Ehipto at ang karamihan sa nasasakop ng Hilagang Africa. Noong taong 642 CE, ang Islam ay umabot na sa 103

Islam, isang pandaigdigang relihiyon: Sa kasalukuyan, ang Islam ay ang ikalawang relihiyon na may pinakamalaking bilang ng mga tagasunod sa buong daigdig na sumusunod sa Kristiyanismo. Ang isang malawakang demograpikong pag-aaral ng mahigit sa 200 mga bansa ay nakasumpung na mayroong 1.57 bilyon ang bilang ng mga Muslim sa lahat ng edad ang namumuhay ngayon sa daigdig, nagpapakilala sa 23% porsiyento ng tinatayang 6.8 bilyong populasyon ng daigdig noong 2015 (Pew Forum on Religion & Public Life 2015).

Hindi lahat ng mga Muslim ay Arabo: Ang mga muslim na mga arabo ay bumubuo lamang ng kulang sa ikaapat na bahagi ng kabuuang bilang ng mga Muslim sa buong daigdig.



Mayroong humigit-kumulang sa 2.1 bilyon ang bilang ng mga Kristiyano sa buong daigdig na nagpapakilala sa 32 porsiyento ng kabuuang populasyon ng daigdig at 1.1 bilyon ay hindi mga relihiyoso/walang relihiyon (15 porsiyento ng kabuuang populasyon ng daigdig). Ang Hudaismo ay 0.22 porsiyento ng kabuuang populasyon ng daigdig (humigit-kumulang sa 14 na milyon ang kanilang bilang).

MGA HULING PANSIN

Mula sa kuwento tungkol kay Maria sa Banal na Quran, mga Talata 16-23, Kabanata 19 "Mariam"

"At binabanggit si Maria sa kasulatan, noong siya ay lumayo mula sa kanyang angkan patungo sa isang lugar sa silangan upang mapag-isa at malayo sa kanila. Pagkatapos ay ipinadala Namin sa kanya ang Aming Espirito (Anghel Gabriel) na nagpakita sa kanya sa anyo ng isang tao na walang bahid dungis.

Sinabi niya (Maria): Ako ay humihiling ng pangangalaga laban sa iyo mula sa Diyos. Ang Mapagbigay, kung ikaw ay natatakot sa Kanya.

Sinabi niya (Anghel Gabriel): Ako ay isang mensahero lamang ng iyong Panginoon upang ikaw ay pagkalooban ng isang dalisay na batang lalaki.

Sinabi niya (Maria) : Paano ako magkakaanak ng isang lalaki gayong wala ni isa mang lalaki na nakasaling akin,ni ako ay naging isang maruming babae !

Sinabi niya (Anghel Gabriel): Magkagayon man, Wika ng iyong Panginoon: Ito ay madali para sa Akin at gagawin Namin siyang mahimalang palatandaan para sa lahat ng tao at isang Awa mula sa Amin. Ito ay isang bagay na naitakda na.

Sa malapit na panahon ay ipinagbuntis niya (Maria) siya (Hesus), at siya ay nagmadaling pumaroon sa isang malayong lugar subalit ang sandali ng panganganak ay inabutan siya sa ilalim ng isang puno ng palmera. Sinabi niya (Maria): "sana ay namatay na lamang ako bago dumating ang bagay na ito at ako ay nakalimutan na! lamang !!

Sang-ayon sa kuwento na nabanggit sa Banal na Quran , dinala ni Maria ang kanyang anak sa kanyang angkan na nagparatang sa kanya subalit si Hesus (na bagong silang noon) ay mahimalang nangusap at nagsabing:

"Katotohanang ako ang lingkod ng Allah. Inihayag Niya sa akin ang kasulatan at ginawa ako na isang propeta at pinagpala saanman ako maparoon. At ipinag-utos Niya sa akin ang pagdarasal sa Kanya at magkawanggawa habang ako ay nabubuhay at maging mabuti sa aking ina. Hindi Niya ako ginawang walang galang o walang kahihyan. Kung kaya kapayapaan sa akin noong ako ay isilang, at sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay muling bubuhayin.

Iyan si Hesus na anak ni Maria: ito ang katotohanan tungkol sa anuman na sila ay may pag-aalinlangan. Hindi karapat-dapat sa Diyos na Siya ay magkaroon ng anak (Siya ang Kataas-taasan). Kapag itinakda Niya ang isang bagay, Kanya lamang sasabihing "Mangyari" at ito ay magaganap.

Kapitulo

5

(Islamic sibilisasyon)
Mga Halaga at Etika



وَالْعَالَمِينَ

*"At katotohanang ikaw ay may dakilang
katangian ng kabutihan"*

Ang Banal na Quran, Talata 4, Kabanata 68

Ang Pagpapabuti ng Sarili at ang Pamumuno

Ang perpektong pagbabalanse upang tugunan ang pangangailangan ng katawan at kaluluwa

Si Muhammad ay nanawagan sa pagpapanatili ng tamang balanse sa pagitan ng materyalismo at espirituwaslismo. Itinuro niya sa kanyang mga tagasunod na ang pangangailangan ng katawan at kaluluwa ay kinakailangang matugunan ngunit sa pamamagitan ng tamang pagbabalanse at ipinahihintulot na pamamaraan. Hinihikayat niya ang mga tao na kunin ang relihiyon bilang tagapagtulak tungo sa mas mainam na pamamaraan ng pamumuhay na magdaragdag sa kahalagahan ng mga katawan at mga kaluluwa.



Walang Pag-
mamalabis

Kinondena ni Muhammad ang pagmamalabis:

Nanawagan siya sa balanseng paraan ng pamumuhay, balanseng pananaw at rasyonal na pag-iisip. Naisalaysay na may tatlong tao ang pumunta sa kanyang bahay upang magtanong tungkol sa kanyang pamamaraan sa pagsamba. Si Muhammad ay wala sa kanyang bahay at ang kanyang asawa ang kumausap sa kanila. Gayunman, natagpuan nila ang antas ng kanyang pagsamba na mas mababa kaysa sa kanilang inaasahan. Inaakala nila na ang makarelihyosong pamamaraan ng pamumuhay ay nangangailangan ng pagtutok sa ispirituwalidad lamang at pagbalewala sa ilan sa mga pangangailangan ng katawan o hindi pagbibigay ng mga natural na pangangailangan nito.

Ayon sa kanilang pang-unawa, ang relihiyosong tao ay kailangang manatiling walang asawa o hindi dapat mag-asawa. Gayundin, siya ay kailangang mag-ayuno araw-araw at magsagawa gabi-gabi ng dagdag na dasal bukod sa pang-araw-araw na dasal.

Nang malaman ni Muhammad kung ano ang kanilang sinabi, siya ay nadismaya at siya ay nagsabi na ginagampanan niya ang karagdagang dasal sa gabi at nagpapahinga tulad din ng ibang tao. Sa mga karagdagang pag-aayuno bukod sa taunang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, siya ay nag-ayuno sa ilan sa mga ito at sa ilan naman ay hindi. At bilang panghuli, siya ay nag-asawa at hindi niya nais na ang tao ay manatiling walang asawa. Sinabi niya: Ito ang aking Sunnah (Ang paraan ng pamumuhay na nais ng Diyos). Sinuman ang tumanggi dito, siya ay hindi kabilang sa amin."



"Ito ang aking Sunna (ang paraan ng pamumuhay na gusto ng Diyos). Sinuman ang hindi tumatanggap nito, siya ay hindi kabilang sa atin."

(Bukhaari, 1184) and (Muslim, 849)

Hindi nais ni Muhammad ang pagpapahirap Naisalaysay na kailanman at kinailangang magpasya ni Muhammad tungkol sa isang bagay o isang usapin na mayroong mahigit sa isang pagpipilian o pamalit ang naibigay, lagi niyang iniwasan ang pagpapahirap at pinipili niya ang mas mababa sa pagiging kumplikado sa kondisyong nararapat na magawa nito ang kinakailangang mga hangarin at walang mga gawaing labag sa batas.

Ang
pagiging
Simple

Sa kagandahang-loob ng Kalligrapo na si Wissam Shawkat





Ang pagdadalisay at kalinisan:

Ang kalinisan at paglilinis sa sarili ay mahahalagang pangangailangan sa pananampalatayang Islam.

"...Tunay na Si Allah ay mapagmahal sa mga mapagbalik-loob at palagiang nagdadalisay ng sarili (pisikal at espirituwal)." (pisikal at espirituwal)."

Ang Banal na Quran, Kabanata 2:222

"At ang iyong damit ay dalisayin."

Ang Banal na Quran Kabanata 74:4

Ang araw-araw na Paghuhugas

Ang paghuhugas bago magdasal ay isa sa mahalagang kondisyon ng pagdarasal. Ito ay ang paghuhugas ng mga kamay, mukha, braso hanggang sa siko, pagpahid sa ulo at paghuhugas ng mga paa.


Ang Ghusul, ang paliligo

Ang pagsasagawang "Ghusul" (ang paliligo) ng regular ay mahigpit na iminumungkahi at itinuturing na bahagi ng Sunnah ni Muhammad (katuruan at paraan ng pamumuhay). Gayunpaman, ang Ghusul ay kinakailangang isagawa bilang pagdadalisay sa ilang mga pagkakataon (hal., pagkatapos ng pakikipatalik sa asawa o buwanang regla).



Binigyang diin ni Muhammad ang kalinisan at pagdadalisay sa lahat ng aspeto ng pamumuhay. Sinabihan niya ang kanyang mga kasamahan na palaging linisin ang kanilang mga bahay at kapaligiran. Itinuro niya na ang pag-aalis ng anumang sagabal o basura sa daan ay isang ginagantimpalaang kawang-gawa.

- Magsuot ng damit na malinis at maayos subalit huwag maging alibugha.
- Gumamit ng pabango upang maging kaiga-igaya ang amoy
- Linisin ang mga kuko (alisin ang labis), ahitin ang balahibo sa mga kili-kili at pribadong bahagi ng katawan.
- Hugasan ang mga kamay, bago at matapos kumain. Huwag hawakan ang pagkain kapag bagong gising maliban kung nakapaghugas na.



Ang pangangalaga sa ngipin

Ang Miswak at pangangalaga sa ngipin. Ang malinis na bibig at mabangong hininga sa buong araw

Sinabi ni Muhammad: "Kung hindi lamang magiging mahirap para sa inyo, uutusan ko kayong maglinis ng ngipin sa pamamagitan ng miswak sa bawat pagdarasal." (ang limang beses na pagdarasal) (Isinalaysay ni Bukhari at Muslim)



Ano ang miswak?

Ang miswak ay ang mas kilalang katawagan sa *Salvadore persica* (ang tooth brush tree, o kilala rin sa tawag na puno ng Arak). Ito ay laganap na ginagamit sa Saudi Arabia. Ang miswak ay lumilinis sa pagitan ng mga ngipin at hindi nababali kapag nadiinang, sa halip ito ay matibay at nababaluktot.

Ang mga kemikal na paghihimay ng Miswak ay nagpapakita na ito ay naglalaman ng maraming mga kapaki-pakinabang na mineral at mga elemento tulad ng maraming fluorides, silica, bitamina C at maliit na bilang ng chlorides, tannins, saponins, flavenoids at sterols.

Tandaan: Ayon sa analitikal na pananaliksik, ang miswak ay tumutulong sa paglaban ng plaques at pagdurugo ng gilagid. Ang miswak ay naglalabas ng sariwang katas at silica (matigas at makintab na bagay) na siyang nagsisilbing materyal upang alisin ang mga dumi. Ang miswak ay nakapaglilinis ng ngipin ng malumanay at epektibo, nagpapaputi ng ngipin na hindi nakakaapekto sa mga balot ng ngipin at gilagid.

Ang taglay nitong chloride ay tumutulong na alisin ang mga plaque at mantsa ng tartar, samantala ang bitamina C ay tumutulong sa pagpapagaling at pagkumpuni ng tissue. Pinaniniwalaan na ang katas ng miswak ay nagpapagaling ng sakit ng ulo, karaniwang sipon, pagduduwal, tensyon, at pagkahilo.



Pag-aambag sa pamamagitan ng kaalaman:

Dala ni Muhammad ang mensahe ng liwanag at gabay na naghihikayat sa pagsulong ng siyensya at pag-unlad ng sibilisasyon. Ito ay nagsimula sa pamamagitan ng salitang "**magbasa.**" Sa paglipas ng mga dekada, ito ay humubog sa kaalaman at lahat ng uri ng agham sa Arabia at sa buong mundo.

Ang mga salitang: magbasa, mag-isip, matuto, mag-oberba, pagnilayan, tingnan at pagnilayan ay madalas nababanggit sa Marangal na Quran.

"Katotohanang sa paglikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa pagpapalitan ng gabi at araw ay mga palatandaan (ng Pagka-Manlilikha ng Diyos) para sa mga may lubos na pang-unawa . Siya na gumugunita Sa Allah (Ang Panginoon ng lahat) ng may paggalang, nakatayo , nakaupo at maging sila ay nakatagilid sa pagkakahiga. At sila na mga nagninilay tungkol sa paglikha ng mga kalangitan at kalupaan, at nagsasabing: O aming Panginoon! hindi Mo nilikha ang lahat ng mga ito ng walang kabuluhan, Ikaw ang Kataas-taasan, kung kaya pangalagaan Mo kami at ligtas sa kaparusahan sa Apoy."

Ang Banal na Quran, Talata 190,191 Kabanata 5

magbasa

mag-isip

matuto


mag-oberba

magsaliksik

pagnilayan

At sa kalupaan ay mayroong kahanga-hangang mga tanda (na nagpapahiwatig ng pag-iral ng Diyos) at sa inyong mga sarili (ay mayroong gayunding mga tanda), hindi ba ba nyo ito nakikita ? Ang Banal na Quran, Talata 20,21 Kabanata 51.

Si Muhammad ay nagdagdag ng halaga sa pamumuhay ng mga tao sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na matuto at magsaliksik ng kapaki-pakinabang na mga kaalaman.



Hinimok niya ang kanyang mga kasamahan na gamitin ang kaalaman para sa kabutihan ng mga tao at hindi upang magpalaganap ng kasamaan sa lupa. Ito ay kanyang iniugnay sa pagkalugod ng Diyos nang kanyang sinabi:

" na sinuman ang tumatahak sa landas ng pagtuklas ng kaalaman, padadaliin ng Diyos para sa kanya ang isang landas patungo sa Paraiso." (Sahih Muslim, 8/71, 2699)

Sa mga nagdaang mga siglo, ang mga siyentipikong Muslim ang siyang nangunguna sa dalisay at isinasabuhay na agham. Ang Arabic, ang wika ng Banal na Quran, ang naging wika ng agham na itinuturo sa mga unibersidad na nagbibigay ng antas sa kimika, matematika, calculus, medisina, astronomiya, heograpiya, inhinyeriya (engineering), sining at literatura.

Kinikilala ng ilan sa mga mananaliksik ang katotohanan na ang kanlurang sibilisasyon ay umasa unang una sa Islamikong sibilisasyon. Kung wala ito, ang kanlurang sibilisasyon ay mangangailangan pa ng hindi bababa sa 500 taon upang makamit kung anuman ang kanilang tinatamasa ngayon.

Talaan 2: Mga kilalang siyentipikong Muslim at ang kanilang mga kontribusyon sa agham.

| Siyentipiko | Malaking Kontribusyon |
|--|---|
| <p>Geber Ama ng Kimika</p> <p>721-815 CE</p> | <p>Jaber Ibn Hayyan ay isang prominenteng polymath: isang chemist, astronomo, astrologo, inhinyero, heologo, pilosopo, pisisista, parmasyutiko at manggagamot. Siya ay itinuturing ng maraming mga siyentipiko bilang ama ng kimika. Siya ang unang nakatuklas ng maraming mga asido tulad ng nitrik, hydrochloric at sulphuriko. Inilarawan niya ang maraming mga proseso ng kemikal gaya ng pagsingaw, panggingimbabaw at paglilinis. ang mananalaysay ng kimika na si Erick John Holmyard ay nagbigay pugay kay Geber para sa pagpapaunlad ng alchemy tungo sa agham pang-eksperimento.</p> |
| <p>Algoritmi Ama ng Algorithms</p> <p>780-850 CE</p> | <p>Mohammad Ibn Musa Al-Khwarizmi ay isa mga pinakamalaking siyentipiko ng kanyang panahon. Siya ay isang matematiko, isang astronomo at heograpo. Ipinakilala niya ang decimal positional number sa mundo. Nagbigay siya ng malaking ambag sa Matematika nang kanyang binuo ang Algebra (mula sa salitang Al-Jabr) at "algorithms" na nagbigay sa kanya ng pangalan. Ang kanyang pangalan ay ang pinagmulan ng salitang guarsimo sa wikang espanyol at ng salitang algarismo sa portuguese, na kapuwa ang kahulugan ay numero.</p> |
| <p>Rhases (Rasis) Ama ng mga Manggagamot</p> <p>865-929 CE</p> | <p>Abu Bakr Muhammad Ibn Zakariya Al-Razi. Siya ay itinuturing ng maraming mga siyentipiko bilang ama ng mga manggagamot. Siya ang unang tumukoy sa kaibahan ng bulutong at tigdas. Siya ang nakadiskubre ng marami sa mga compounds at kemikal kasama ang alkohol at kerosene. Si Edward Granville Browne ay itinuturing siya bilang pinaka-orihinal sa lahat ng mga manggagamot. Nagsulat siya ng maraming napakaimportanteng aklat na isinalin sa iba't ibang wika tulad ng Ingles kabilang ang "Al-Hawi" Medical encyclopedia, The Big Pharmacology, Kidney and Bladder Stones at ang The Book of Experiences.</p> |

| | |
|--|--|
| <p>Avicenna</p> <p>Ama ng Makabagong Medisina</p> <p>980-1037 CE</p> | <p>Abu Ali Al-Hussein Ibn Sina ay isa sa mga prominenteng pantas na Muslim sa medisina at isa sa mga pinakakilalang siyentipikong muslim sa buong mundo. Siya ay isang polymath at may-akda ng halos 200 aklat sa siyensya, relihiyon at pilosopiya.</p> <p>Ang dalawang pinaka-importanteng gawa niya ay: Shifa (The Book of Healing) na isang pilosopikal na encyclopedia base sa tradisyong Aristotel at Al Qanun Fi-Tibb (The Canon of Medicine). Ang "The Canon" ay 14 na tinipong aklat na tumatalakay at nagpapaliwanag ng iba't ibang mga sakit, at nakasaad din ang mga dahilan nito. Ito ay naisalin sa iba't ibang wika at naging batayang aklat sa Europa sa loob ng pitong siglo (hanggang sa panimula ng ika-18 siglo).</p> |
| <p>Al Jazari</p> <p>1136-1206 CE</p> | <p>Abul-iz Bin Ismael Al-Jazari. Siya ay Kilala bilang may-akda ng "Book of Knowledge of Ingenious Mechanical Devices" kung saan ay inilarawan niya ang limampung aparatong mekanikal kasama ang gabay kung paano ito bubuuin.</p> <p>Si Al-Jazari ay kilala rin bilang imbentor ng pinakamalaking astronomical "castle rock", na itinuturing na unang naipoprogramang analog computer.</p> <p>Ayon kay Donald Routledge Hill, Inilarawan ni Al-Jazari ang pinakasopistikadong candle clocks. Inimbento din niya ang water clock at ang crank shaft na ginagawa ang paikot na paggalaw na maging patuwid na paggalaw.</p> |



Avicenna

Numerong Latin:

I, II, III, IV, V, VI, VII, VIII, IX, X

Numerong Arabik:

1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10

Pag-aambag sa pamamagitan ng Palakasan

Hinikayat ni Muhammad ang kanyang mga kasamahan sa pagpapanatili ng malusog na pangangatawan at matutuhan ang iba't ibang uri ng palakasan tulad ng paglangoy, pagsibat, pangangabayo at karera ng kabayo.

Karagdagan pa rito, sumali siya sa iba't ibang paligsahan sa pagtakbo kasama ang kanyang mga kasamahan, isang palakasan na nagbibigay saya at kagalakan. Naisalaysay na si Muhammad ay nakikipagkarera sa kanyang asawa na si A'ishah. Nanalo si Aishah minsan at minsan naman ay siya. Ang gawaing ito ay nagpapakita ng kanilang pagmamahalan, pagkakasundo at ang saya na mayroon si Muhammad at ang kanyang asawa. (Abu-Dawoud, 2/334, 2578. Ibn-Majeh, 3/149, 1979)



Naglaan si Muhammad ng isang lugar upang maging lugar ng karera sa kanlurang bahagi ng Masjid ng Propeta sa Madinah. Ang karera ng kabayo ay duon din idinadaos. May isang


masjid na itinayo katabi ng karerahan at ito ay tinawag na Masjid Sabq (Masjid ng Karerahan)



Mga Asal sa Pakikisalamuha

Mga Ambag sa Buhay ng Tao

Hinikayat ni Muhammad ang tao na magmahalan sa isa't isa



Sinabi ni Muhammad: "Isinusumpa ko sa Diyos na hindi kayo lubos na nananampalataya hangga't hindi ninyo minamamahal ang isa't isa. Sasabihin ko sa inyo ang bagay na kapag ginawa ninyo ay mamahalin ninyo ang isa't isa. Ipakalat ang pagbati ng kapayaan sa isa't isa. (Narrated by Muslim 54)

Sinabi din niya: "Hindi lubos na nananampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi niya ninanais para sa kanyang kapatid ang anumang nais niya para sa kanyang sarili." (Narrated by Muslim 2699)

Sinabi din niya: "Sinuman ang tumulong sa isang mananampalataya sa oras ng kagipitan, tutulungan siya ni Allah sa hirap ng Araw ng Paghuhukom, at tunay na ang Diyos ay nasa pagtulong sa isang tao hanggang siya ay nasa pagtulong sa kanyang kapwa. (Narrated by Muslim)



Ang pag-ngiti mo sa iba ay isang kawanggawa.

Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan)

Ang pagbati sa mga tao ay mensahe ng kapayapaan: Sinabi ni Muhammad "Huwag ninyong maliitin ang anuman sa mabuting gawa, kahit ang pagharap sa iba ng nakangiti."² Sinabi din niya: "Ang unang bumati ay mas malapit sa Diyos kaysa sa isa"³. Sa ibang pagkakataon sinabi niya sa isang tao na nagtanong sa kanya tungkol sa mabuting pakikitungo sa mga tao: "Magpakain ka sa mga tao at batiin mo ang sinuman, kilala mo man o hindi mo kilala."⁴

Si Muhammad ay may mabuting pagbati sa mga tao:

Ayon sa mga tamang salaysay, si Muhammad ay bumabati sa mga tao na may maaliwalas na mukha at kung siya ay makikipagkamay sa iba, siya ang huling bumibitaw sa kamay ng iba.


Si Muhammad ay nagbibiro: Siya ay kaaya-aya at napakapositibong tao. Ang mga tao na nakasalamuha niya ay inilarawan siya na kaibig-ibig, kagalang-galang at respetado. Sa maraming pagkakataon, siya ay nakikipagbiruan sa kanyang mga kaibigan at kapamilya.



Sa panahon ni Muhammad, ang karera (sa pagtakbo) ay isang nakagawiang gawain upang magkasiyahan. Naisalaysay na si Muhammad ay ilang beses nakita na nakikipagkarera sa kanyang asawa at mga anak.

Mataas na diwa ng pagpapatawa sa isang matandang babae

Naisalaysay na may isang matandang babae ang humiling sa kanya na ipagdasal upang makapasok sa Paraiso. Sumagot si Muhammad ng pabiro: "Walang matandang babae sa Paraiso". Hindi ito naintindihan ng babae at nalito. Pagkatapos ay nilinaw niya: "Ikaw ay magiging bata sa iyong pagpasok sa Paraiso" (at ang lahat ng tao ay magkakagayon). 😊



Pakikipagbiruan sa kanyang mga kaibigan: Isang araw, nakita ni Muhammad ang isang tao na namamaga ang mga mata na ang pangalan ay Suhayb (na isang Muslim na Romano), na mukhang kaawa-awa at kumakain ng hinog na datiles. Ninais ni Muhammad na magbiro sa kanya upang siya ay mapasiya kaya kanyang sinabi sa kanya: "Paano mo nagagawang kumain ng datiles gayong ang kaliwang mata mo ay namamaga?". Naramdaman ni Suhayb na si Muhammad ay nagbibiro kaya siya ay sumagot: "Huwag kang mag-alala kinakain ko naman ito sa kanang bahagi ng aking bibig (ang bahagi kung saan ang mata ay maayos). (Al-Hakim, 4/411, 8357. Ibn-Majeh 4/500, 3443) Isinalaysay ni Anas bin Malik na may isang lalaki ang dumating kay Muhammad at humiling na siya ay pasakayin sa isang kamelyo. Sinabi ni Muhammad: "pasasakayin kita sa anak ng isang babaeng kamelyo". Ang sabi ng lalaki: "Ano ang gagawin ko sa anak ng isang babaeng kamelyo?". Sinabi ni Muhammad: "Hindi ba lahat ng kamelyo ay anak ng isang babaeng kamelyo?."

Si Muhammad ay mapagmahal at mapag-alala sa mga bata: Si Muhammad ay nagbigay halaga sa mga bata. Binabati niya ang mga ito at siya ay nakikipaglaro sa kanila. Isang beses nakita ni Muhammad ang isang batang lalaki na malungkot dahil ang kanyang alagang ibon ay namatay. Kahit na si Muhammad ay papunta sa ibang lugar, gumugol siya ng ilang oras kasama ang batang lalaki upang siya ay mapasaya at mapawi ang kalungkutan.⁶ (Sahih Al-Bukhari, 8/30, 6129. Muslim 6/176, 2150) Sinabihan ni Muhammad ang mga magulang na maging mapagmahal sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng paghalik sa kanila at pagyakap at pagiging patas sa kanilang mga anak.

Inilarawan ni Muhammad ang isang ama na kailanman ay hindi nahalikan ang kanyang mga anak bilang walang awa sa kanyang puso.

Mahal ni Muhammad ang kanyang mga kapit-bahay:

Si Muhammad ay may kapitbahay na isang hudyo na tumanggi sa Islam at hindi mabuti sa kanya (Muhammad). Nang siya (hudyo) ay magkasakit ay dinalaw siya ni Muhammad sa kanyang (hudyo) bahay, na nagpalambot sa kanyang (hudyo) puso. Gayundin, binisita ni Muhammad ang isang batang hudyo sa kanyang bahay nang ito ay nagkasakit dahil ang batang ito ay nagtrabaho bilang katulong o lingkod ni Muhammad.

(Sahih Al-Bukhari, 2/94, 1356)

Iwinaksi ni Muhammad ang masamang paguugali sa pakikisalamuha:

Sinabi ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na ang Anghel na si Gabriel ay patuloy na itinatagubilin sa kanya ang pagtrato ng mabuti sa mga kapit-bahay. Sinabi ni Muhammad na sinuman ang naniniwala sa Diyos at sa Araw ng Paghuhukom ay maging mabuti sa kanyang mga kapit-bahay. (Sahih Al-Bukhari, 8/10, 6015) Sa isang pagkakataon sinabi niya sa isa sa kanyang kasamahan na nagngangalang "Abu-Thar": "Kung ikaw ay magluluto ng sopas, dagdagan mo ito ng tubig upang maging sapat para magbigay sa iyong mga kapit-bahay." (Sahih Muslim, 8/37, 2625) Binanggit sa maraming pagkakataon na ang mga tao na may magandang pag-uugali ay magiging pinakamalalapit sa kanya sa Araw ng Paghuhukom at pinakamamahal sa kanya. Sinabi din niya:

"At huwag kayong magkaga-kagalit, at huwag kayong mag-inggitan, at kayo'y maging magkakapatid."⁸

"Ang isang mananampalataya ay hindi nanunumpa o hindi nagsasalita ng masamang pananalita."⁹



Walang panunukso o paninirang-puri: Binigkas ni Muhammad ang mga sumusnod na talata mula sa Banal na Quran (itinuturing ng mga Muslim na Salita ng Diyos at hindi salita ni Muhammad).

O kayong mga sumasampalataya, huwag kutyain ng anumang grupo ang isa pang grupo marahil sila ay mas mabuti kaysa sa kanila, ni ang mga babae sa mga babae marahil sila (ang kinukutya) ay mas mabuti kaysa sa kanila (kumukutya).

"At huwag ninyong siraan ang isa't isa ni mag-insultuhan sa pamamagitan ng mga katawagan, ang masamang katawagan ay kasiraan pagkatapos ng pananampalataya. At sinuman ang hindi magbalik-loob, sila ang mga mapag-gawa ng kasamaan"

Ang Banal na Quran, Talata 11, Kabanata 49

Huwag magbigay ng nakasakit na opinyon, masamang paghihinala, huwag magmanman, at huwag manlibak.

"O kayong mga nanampalataya, huwag kayong maghinala sa isa't isa, dahil tunay na ang ilan sa mga paghihinala ay At huwag ninyong manmanan ang isa't-isa, o maglibakan laban sa isa't isa. Nais ba ninyo na kainin ang laman ng iyong patay na kapatid? Kamumuhian ninyo ito. Kaya't matakot kayo kay Allah (Diyos). Siya ang Pinakamapag-Patawad at Pinaka-Mahabagin."


Ang Banal na Quran. Talata 12, Kabanata 49

Huwag magpasa ng mga maling balita:

"O kayong mga nananampalataya, kapag may dumating sa inyo na isang mapaggawa ng kasalanan na may dalang balita ay linawin ninyo ito nang sa gayon ay hindi mapahamak ang mga tao nang hindi nalalaman at nang hindi kayo magsisi sa inyong mga nagawa." Ang Banal na Quran, Talata 6-7, Kabanata 49

Pag-aambag sa pamamagitan ng kagandahang-asal:

Pinahalagahan ni Muhammad ang tuntunin ng kagandahang asal. Siya ay nagturo sa kanyang mga kasama na ang kagandang-asal ay bahagi ng kanyang pagiging halimbawa at paraan ng pamumuhay (Sunnah). Bilang karagdagan, maraming mga talata sa Banal na Quran ang nagbibigay-diin sa pagkamalaman at mabuting pag-uugali. Sinabi ni Muhammad na ang mga anghel ay napeperwisyo sa pamamagitan ng kung ano ang nakakaperwisyo sa tao. (hal. malakas na tinig, mabahong amoy, atbp)



Ang mga sumusunod ay buod ng ilang kabutihang-asal Islamiko:

- Huwag magsalita ng napakalakas at huwag maglakad ng may pagmamalaki.
- Huwag magtagal sa pagbisita sa isang may sakit, bigyan siya ng panahon upang makapagpahinga.
- Ang isang tao ay kailangang maging mabango kapag siya ay tutungo ng masjid.
- Ang mga kumain ng bawang o sibuyas ay hindi dapat tumungo ng masjid, gayundin ang hindi pamemerwisyo sa iba dahil sa mabahong amoy o gawa (hal. ang pagdighay).
- Maging matulungin at magbigay ng espasyo sa iba sa mga pinagtitipunang lugar kung saan ang paghahanap ng bakante ay mahirap.

- Tawagin ang ibang tao sa mga pangalan at palayaw na kanilang nais.
- Takpan ang bibig ng kamay kapag humihikab at ipanalangin ng awa ang iba kapag sila ay bumahin.
- Kapag nakikipag-usap sa iba, gumamit ng pinakamainam at katanggap-tanggap na salita na kanilang nanaisin. Ang mabuting pananalita ay isang anyo ng kawang-gawa sa Islam.
- Makipagusap ng magalang sa mga magulang at huwag silang sigawan, huwag magsalita ng masamang salita maging ang "uf o fie" (ang pinakamagaan na masamang salita sa Arabic).
- Ang mga bata ay kinakailangang laging kumatok sa pinto at humingi ng pahintulot sa pagpasok, kapag sila ay pupunta sa silid ng kanilang mga magulang sa mga ilang pagkakataon sa araw.
- Kapag ikaw ay nagbibigay ng tubig sa iba, ikaw ang huling iinom (isang iminumungkahing pag-aasal).
- Kapag ikaw ay naimbitahan sa isang hapunan o kainan, kumain mula sa pinakamalapit sa iyo at huwag perwisyuhin ang iba.
- Huwag hingahan ang inuman habang umiinom dito.

Mabuting asal sa mga kababaihan

Ibaba ang iyong paningin, huwag tumitig sa mga kababaihan at sa mga taong dumadaan.

Si Muhammad ay nakitang lumuhod upang tulungan ang kanyang asawa na si Safiyah upang unang makaakyat sa kamelyo sa pamamagitan ng pagtapak sa kanyang mga hita.

(Isinalaysay ni Anas bin Malik - Bukhari - 9/20)

Nirespeto ni Muhammad ang pananaw ng iba

Sa tuwing siya ay nagbibigay ng tagubilin sa kanyang mga tagasunod na naunawaan o naintindihan sa dalawang magkaibang mga paraan, tinatanggap niya ang parehong paraan kung ang mga ito ay tutupad sa layunin sa ipinahihintulutang paraan.

Sa labanan ng "That Al-Salaseel", ang muslim na kumander na si Amr Bin Al-Aass ay pinuna dahil sa kanyang pangunguna sa dasal na hindi siya nagsagawa ng Ghusul o paghuhugas (siya ay nasa kalagayan ng malaking uri ng walang kadalisan). Pinakinggan ni Muhammad ang kanyang katwiran at tinanggap. Sinabi ni Amr kay Muhammad na malamig ng gabing yaon na kung siya ay maliligo, maaari siyang magkasakit at hindi niya magagawang pamunuan ang kanyang grupo. (Al-Hakim, 1/177, 634. Abu-Dawoud 1/132, 334)

Si Muhammad ay Makatotohanan at Madaling kausap

Sinabi ni Anas Bin Malik na pinagsilbihan niya si Muhammad ng sampung taon at hindi man lamang siya sinabihan ni Muhammad ng "bakit mo ito ginawa o bakit hindi mo ito ginawa." (Al-Tirmidhi, 3351)

Pinalakas ni Muhammad ang Konsultasyon at Demokrasya:

Si Muhammad ay laging kumokunsulta sa kanyang mga kasamahan at maging sa kanyang asawa. Pinayuhan niya ang kanyang mga kasamahan na maging positibo at gumamit ng rasyonal na pag-iisip. Binigyan niya sila ng kakayahan at isinali sa proseso ng pagpapasya.



Pangungun-
sulta

Nang ang mga pinuno ng mga taga-Makkah, kasama ang iba pang mga tribo ay nagplano ng pag-atake sa Madinah, isang Persyanong Muslim ang naghatag ng isang panukala na humukay ng isang malaking bangin sa hilagang bahagi ng Madinah.

Kahit na ito ay isang banyagang konsepto na hindi pa nagawa sa Arabia at ito ay iminungkahi ng isang ordinaryong tao, itinuring ito Muhammad ng seryoso at sinang-ayunan ng karamihan sa mga Muslim. Sila ay humukay ng bangin na may 5.5 km ang haba sa x 4.6 m na lawak.



Sa iba pang pagkakataon, (labanan ng Badr) isang ordinaryong tao ang nagsabi kay Muhammad: "O Propeta, kung iyong desisyon ang pagtatayo ng kampo sa lugar na ito at hindi inspirasyon na kapahayagan mula sa Diyos, maaari ko bang imungkahi na lumipat sa ibang lugar?". Inihatag ng lalaki ang kanyang mga dahilan sa kanyang mungkahi at pagkatapos ng konsultasyon, tinanggap ni Muhammad ang panukala gayundin ang nakararami sa mga Muslim; sila ay lumipat sa ibang lugar.



*Ang salitang Muhammad sa arabik na dinisenyuhan sa maartistikong paraan.
Mula sa Artist na si Farid Al-Ali.*

Nirespeto ni Muhammad ang ibang tao na may ibang pananampalataya: Hinimok ni Muhammad ang kanyang mga kasamahan (Sahabah) na maging palakaibigan at hayag sa mga tao ng ibang mga pananampalataya habang pinananatili ang isang mapamilit na personalidad at malinaw na pagkaunawa tungkol sa pananampalatayang Islam.

Ipinakita ni Muhammad kung paano siya rumespeto sa tao anuman ang kanilang pananampalataya sa ilang mga okasyon. Naisalaysay na siya ay tumayo bilang pagpapakita ng respeto sa isang libing na buhat buhat ang bangkay ng isang hudyo na napadaan sa kanya at sa kanyang mga kasama. Sinagot ni Muhammad ang mga kasamahan na nagtaka kung bakit siya ay tumayo para sa bangkay na dala-dala: "Siya ay isang tao" (anuman ang kanyang lahi, pananampalataya at antas sa lipunan).

(Sahih Al-Bukhari, 2/85, 1312. Sahih Muslim, 3/58, 961)

Pag-uusap Ng
Iba't-ibang
Pananampalataya

Pag-uusap sa pagitan ng iba't-ibang pananampalataya at mapayapang pag-iral kasama ng mga tagasunod ng ibang pananampalataya:

Pag-uusap Ng Iba't-ibang Pananampalataya ay maaaring tukuyin bilang usapan sa pagitan ng dalawa na paraan ng komunikasyon o talakayan sa pagitan ng mga tao ng iba't ibang mga relihiyon, pananampalataya at tradisyon upang makarating sa positibong kahihinatnan tulad ng pag-aalis ng anumang hinala at pagkalito sa tungo sa pag-unawa at kamalayan o mula sa poot tungo sa pagiging magkaibigan.

Noong taong 632 CE, tumanggap si Muhammadsakanyangmasjidsalungsod ng "Madinah" ng isang delegasyon ng mga kristiyano na nagmula sa Najran (sa Yemen) upang malaman ang tungkol sa Islam at talakayin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng Islam at Kristiyanismo.

Pakikipagtalakayan sa isang delegasyon ng mga Kristiyano

Nagtakda si Muhammad ng mga panuntunan at alituntunin para sa talakayan at pakikipagdebate sa iba, batay sa aral sa Quran na nagbibigay-diin sa paggalang, karunungan, pag-unawa at kabaitan. Tinuran niya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Quran:

"At manawagan ka tungo sa Landas ng iyong Panginoon nang may karunungan at mabuting pagpapayo. At makipagtalakayan ka sa kanila sa pinakamabuting pamamaraan. Tunay na ang iyong Panginoon ang higit na nakakaalam kung sino ang naligaw palayo sa Kanyang landas at siya ang nakakaalam kung sino ang mga nagabayan." Ang Banal na Quran, Talata 125, Kabanata 16

"At huwag kayong makipagtalakayan sa mga angkan ng kasulatan maliban sa pinakamabuting pamamaraan maliban sa mga nagmalabis sa kanila. At sabihin ninyo na kami ay nanampalataya sa kung ano ang ibinaba sa amin at ibinaba sa inyo at ang aming Diyos at ang inyong Diyos ay nag-iisa at kami sa Kanya ay mga sumusuko (muslim).

Ang Banal na Quran Talata 46, Kabanata 29



Kaligrapiyang Arabik: "Ang pinakamainam na mga tao ay sila na nakikinaabang ang iba (mula sa kanila)." Sa kagandahang-loob ni Hasan Celebi



panrelihiyon
pagpapau-
baya

Ang Masjid Ni Omar At Ang Simbahan Ng Banal Na Libingan sa Herusalem:

Sa lumang lungsod ng Herusalem, isang napakagandang halimbawa ng pagpaparaya sa relihiyon ang umiiral sa maraming siglo. Ito ay nagsimula nang ang pangalawang lider ng mga Muslim ng Islamikong estado na si Kalipa Omar Bin Al-Khattab ay nakuha ang Herusalem (638 CE) nang matiwasay at walang dumanak na kahit isang patak ng dugo.

Si Omar ay inanyayahan ng arsobispo ng Herusalem, na si Sophronius, upang





129

manalangin sa Simbahan ng Banal na Puntod. Ang simbahan ay kilala rin bilang Simbahan ng muling pagkabuhay (Anastasis ng Eastern Orthodox na Kristiyano). Ito ay ang pinakabanal na lugar ng mga kristiyano sa buong mundo. Ito ay sumasaklaw sa kalbaryo na pinaniniwalaan ng mga krisitiyano kung saan si Hesus ay ipinako, at sa libingan (puntod) kung saan siya ay inilibing. Ito ay naging isang mahalagang destinasyon ng paglalakbay bilang banal na lugar mula noong ika-4 na siglo, CE.

Sa isang kapansin-pansing kilos, tumangging magdasal si Omar sa simbahan, na nagsasabi: "Kung ako ay nagdasal sa simbahang ito, ito ay ituturing ng mga Muslim bilang



129



isang masjid". Sa halip ay nagdasal si Omar mga ilang yarda sa labas ng simbahan. Ang kanyang ginawa ay patunay ng mapayapang magkasamang pamumuhay sa pagitan ng Islam at iba pang mga relihiyon. Ito ay nagpapatunay sa kalayaan ng pagsamba para sa mga hindi Muslim sa ilalim ng Islamikong estado.

Ipinagkatiwala ni Kalipa Omar ang pag-iingat sa Simbahan ng Banal na Puntod, kay 'Ubadah Ibn Al-Samit, isang kasamahan ni propeta Muhammad na siyang naging unang Muslim na hukom ng Herusalem.

Si Ubadah ay namatay noong taong 658 CE at inilibing sa sementeryo ng "Pinto ng Awa" sa katimugang sulok ng pader na nasasakop ng Banal na Santuwaryo. Nasasakop ng Santuwaryo ang Simboryo ng Bato at ang Moskeng Al-Aqsa.

Ang tipan ni Omar

Ibinigay ni Omar sa mga mamamayan ng Herusalem ang tipan ng kapayapaan at proteksyon na kung saan ay kilala bilang "Tipan ni Omar". Ito ay nakakabit sa pader ng masjid maraming siglo na ang nakalipas at kahit hanggang sa ngayon .



Ang tipan ni Omar

Sa galan ni (Diyos) Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamahabagin

Ito ay isang tiyak na kapayapaan at proteksyon na ibinigay sa pamamagitan ng lingkod ni Allah na si Omar sa mga mamamayan ng Ilia '(Herusalem). Ibinigay niya sa kanila ang tiyak na proteksyon para sa kanilang buhay, ari-arian, mga simbahan at pati na rin ang mga may sakit at malusog at ang lahat ng relihiyosong komunidad.

Ang kanilang mga simbahan ay hindi dapat sakupin, gibain o kunin ito ng buo o anumang bahagi nito. Sila ay hindi rin dapat pilitin sa kanilang relihiyon o ang sinuman sa kanila ay masaktan. Ang mga mamamayan ng Ilia ay dapat magbayad ng buwis (Jizya) tulad ng mga naninirahan sa lungsod (tulid din ng pagbabayad ng mga Muslim ng "zakat").

Pakikipagkalakalan at Negosyo

Hinikayat ni Muhammad ang pakikipagkalakalan at pagnenegosyo na naaayon sa Islamikong kaugalian at ipinagbabawal ang pandaraya, hinid mabuting pakikitungo, panloloko, panlilinlang, pagmomonopolyo at pang-aabus.

Sinabi ni Muhammad: Sinuman ang mandaya ay hindi kabilang sa amin" (sa mga matutuwid na mananampalataya). Iniulat ni Muslim. Sinabi din niya: Ibinibigay ng Diyos ang Kanyang Awa sa taong nagpaparaya kapag bumibili, nagpaparaya kapag nagbebenta at nagpaparaya kapag hinihingi niya ang kanyang karapatan.

(babae man o lalaki - BUkhari, 2076/16)

Ang pagsisinungaling at hindi pagtupad sa pangako ay pagkukunwari

Sinabi ni Muhammad:

"Sinuman ang magtaglay ng apat na (katangian) ay isang ipokrito at sinuman ang magtaglay ng alinman sa isa ay mayroong katangian ng pagiging ipokrito hanggang sa ito ay kanyang itigil:

- ❶ Kapag siya ay pinagkatiwalaan, sinisira niya ito;
- ❷ Kapag siya ay nagsalita, siya ay nagsisinungaling;
- ❸ Kapag siya ay nangako, binabali niya ito.
- ❹ Kapag siya ay nakipagtalo, nagiging mapusok, masama at nakakainsulto.

Walang Pagkukunwari

Isa sa pamilihan sa Madinah - kasalukuyan

Nang siya ay dumating sa Madinah, sinabihan ni Muhammad ang kanyang mga kasamahan na bumili ng lupa at ilaan ito sa malayang pakikipagkalakalan. Ang mga tao ay malayang nakakapamilya at nakakapagbenta dito nang walang bayad. Tinawag nila itong Manakha.


Malayang
Kalakalan

Mga Halaga at Erika



Ang Manakha ay nangangahulugang lugar kung saan ang mga kamelyo ay ay umuupo sa lupa upang magbaba ng karga na nasa kanilang likuran (para sa layuning pangangalakal)

Ang lupa ay nanatili hanggang sa ngayon. Ang larawan ay nagpapakita sa pader na sumasakop sa lupa na inilaan ni propeta Muhammad para sa malayang pangangalakal 14 na siglo na ang nakakalipas.




Bakuran sa Manakha, sa kasalukuyan

Larawang kuha mula sa Malaking Masjid ni Sultan Qaboos, Sultanato ng Oman. Isang magandang Arkitekturang Islamiko ang makikita sa kisamang mula sa troso, at mga dekorasyon sa dingding.

MGA HULING PANSIN

- 1 Riyadh Al-Salihin (183/3), (245/2), Sahih Al-Bukhari (13)
- 2 Riyadh Al-Salihin (121/5)
- 3 Riyadh Al-Salihin (858/2)
- 4 Sahih Al-Bukhari (11)
- 5 Sahih Al Albani, Abu Dawood, Emam Ahmed and Trimithi
- 6 Riyadh Al-Salihin (862/1), Bukhari (598/10)
- 7 Riyadh Al-Salihin (1591/1), Sahih Al-Bukhari (6065)
- 8 Riyadh Al-Salihin (1734/1) (1738/3)



Ang Simboryo ng Bato, Herusalem. Larawan kuha ng propesyonal na si Peter Sanders

Kapitulo

6

Kababaihan



Ang Asul na Mosque, Istanbul, Turkey

Ibinigay ni Muhammad ang Karapatan ng mga Kababaihan


Bago pa dumating ang Islam, ang mga kababaihan ay walang karapatan bilang mamamayan. Ang mga arabo ay mas pinapaboran ang lalaking sanggol kaysa sa babae hanggang sa puntong marami sa mga ama ang naglilibing ng buhay na mga babaeng sanggol.

Walang diskriminasyon dahil sa kasarian: Mahigpit na itinanggi ni Muhammad ang diskriminasyon sa pagitan ng mga anak na lalaki at babae at itinuro sa kanyang mga kasamahan na mahalín ang kanilang mga anak at palakihin sila ng tama anuman ang kanilang kasarian. Sa katunayan, binigyang diin niya ang pagbibigay ng higit na atensyon sa mga baaeng anak hanggang sa sila ay lumaki at mag-asawa. Sinabi ni Muhammad:


" Ang mga babae ay kabiyak ng mga lalaki." (Tirmithi, 1/154, 113)

Ang mga babae ay magmamana tulad ng mga lalaki:

Bago dumating ang Islam, ang mga babae ay walang karapatang magmana. Tagumpay na binago ni Muhammad ang kagawiang ito. Ang mga babae ay nagkaroon ng karapatan na magmana tulad ng mga kalalakihan. Ganumpaman, hindi si Muhammad ang nagtakda ng sistema ng pagmamana, sa halip ay ipinarating niya ang mga Salita ng Diyos (napangalagaan sa Banal na Quran) na nagtakda ng bahagi para sa bawat isa (lalaki at babae) ng nararapat na mana.

 Ang salitang "Muhammad" sa kaligrapong arabik na dinisenyuhan sa maartistiko at makalumang pamamaraan.

Ang mga babae ay may sariling pagkakakilanlan: Ang asawang babae ay hindi itinuturing na bahagi ng pagmamay-ari ng kanyang asawa. Siya ay may sariling pagkakakilanlan. Kapag ang isang baabe ay nag-asawa, hindi niya kailangang baguhin ang kanyang apelyido. Ang kanyang pagkakakilanlan ay mananatili at ang kanyang kayamanan at ari-arian ay protektado ng Batas Islamiko. Kapag ang kanyang asawa ay namatay, siya ay itinuturing na kabilang sa mga magmamana at hindi sa kanyang mga ari-arian na mamamahin ng mga lalaking tagapagmana tulad noong bago pa dumating ang Islam. (Bago dumating ang Islam, ang mga babae ay itinuturing na ari-arian).



Ang babae ay hindi isang gamit pang-seksuwal: ang Prostitusyon at pakiki-apid ay mahigpit na ipinagbabawal sa Islam. Tinukoy ni Muhammad: na kapag ang isang tao ay nangalunya o nakiapid siya ay wala sa kalagayan ng may pananampalataya "Iman" (pananampalataya) (na ang pananampalataya sa Diyos ay hindi matibay na natatak sa kanyang puso, kaya ang gumawa nito ay hindi nakakaramdam ng pagkabagabag habang ito ay kanyang ginagawa).

"At huwag ninyong lalapitan ang pangangalunya. Tunay na ito ay kalaswaan at masamang landas."

Ang Banal na Quran Talata 32, Kabanata 17



Ang Kahulugan Ng Kaligrapiyang Ito ay; "Ang tugatog ng karunungan ay tugatog ng Diyos." Sa Kagandahang-loob ng Kaligrapong si Ismael Hakki.

Ang Hijab At Pagkamahinhin Sa Islam:


Ang pagtatakip sa ulo at ang mayuming pananamit ay isang obligasyon para sa mga babaeng nasa hustong gulang. Karagdagan pa rito, ang katuruang Islamiko ay nagbabawal sa mga kababaihan na gamitin ang kanilang mga katawan o pagkababae para sa pampublikong kasiyahan at panunuksong seksuwal.

Ang mga negosyo, komersiyal at anunsyo na nakadepende sa pagpapakita ng katawan ng babae upang makapanukso at maging atraksiyong seksuwal ay hindi pinahihintulutan sa Islam.

Ang katuruang Islamiko ay pumipigil sa mga bagay na maaaring maghantong sa seksuwal na pang-aabuso, panggagahasa, mga krimen, sakit dulot ng pakikipagtalik, at iba pang kalaswaan tulad ng paghuhubad at pornograpiya.

Ang Belo
sa Islam

Kababaihan



Mag-asawa ka! : Hinihikayat ni Muhammad ang mga tao na mag-asawa at magkaroon ng buhay pamilya. Itinuro niya sa kanyang mga tagasunod ang marangal na kaugaliang Islamiko na nagbabawal sa ilegal na relasyon maliban sa normal na relasyong mag-asawa sa pagitan ng isang lalaki at babae. (Sahih Al-Bukhari, 3/26, 1905)

**Pakikipag-
talik sa hindi
asawa**

May isang binata ang humingi ng pahintulot kay Muhammad upang payagang mangalunya (pakikipagtalik sa hindi asawa, nobya o isang bayaran), Sinagot siya ni Muhammad: "Matatanggap mo ba ito para sa iyong ina?". Ang sagot ng lalaki: "Hindi." Sinabi ni Muhammad: "gayundin ang ibang tao hindi nila ito nais para sa kanilang mga ina."



Pagkatapos ay tinanong niya ulit ang binata nang katulad na tanong tatlong beses: "Nais mo ba ito para sa iyong anak na babae, kapatid, tiyahin?." Sa tuwing sasabihin ng lalaki na hindi ay inuulit na Muhammad ang katulad na mga salita: "Gayundin ang mga tao, hindi nila ito nais para sa kanilang mga anak na babae, kapatid at mga tiyahin."

At pagkatapos ay nilagay ni Muhammad ang kanyang kamay sa may gawing puso ng lalaki at nagdasal sa Diyos: "O aking Panginoon: patawarin mo po ang kanyang kasalanan, dalisayin ang kanyang puso at igawad sa kanya ang malinis na puri." (Munsad Ahmad, 10/5220, 22641)



Pinalakas ni Muhammad ang mga kababaihan

Mula sa kanyang pagpupunyagi upang mapalakas ang papel ng mga kababaihan sa lipunan, naglaan si Muhammad ng mga takdang araw sa loob ng isang linggo para sa edukasyon ng mga kababaihan. Hinikayat niya sila na makilahok sa mga kaganapang Islamiko, Eid at mga pagdarasal. Kahit ang mga katulong ay maaaring makaharap si Muhammad, makausap at makahingi ng tulong at payo.

Hiniling din niya sa mga kababaihan ang pormal na panata (tulad ng mga lalaki) dahil sa sila ay responsable rin sa batas Islamiko.

Ang mga kababaihan ay may malaking papel na ginagampanan sa lipunan dahil sa sila ang nagpapalaki at humuhubog sa susunod na henerasyon na siyang bumubuo sa isang nasyon. Ang mga babaeng muslim ay binigyan ng lakas upang kunin ang isang aktibong papel sa lipunan na hindi naman sasapaw sa papel ng kalalakihan.

Kahit na ang prayoridad ay laging ibinibigay sa kanilang responsibilidad na palakihin at alagaan ang mga anak, ang mga babae ay maaaring magtrabaho din at makilahok sa panlipunan at pampulitang pamumuhay.

Hinihikayat ni Muhammad ang pangangalaga sa mga babae/anak na babae

Binigyang-diin ni Muhammad sa maraming mga pagkakataon ang mabuting pagtrato sa mga kababaihan at inilarawan sila na mga pino at "babasagin na tulad ng salamin." Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan na sinuman ang palakihin niya ng tama ang kanyang mga anak na babae at sinunod ang Diyos pagdating sa pangangalaga at pag-gabay sa kanila sa pananampalataya, ay makakamit niya ang Paraiso.

Iminungkahi ni Muhammad ang lubos na paggalang sa mga ina. Nagtanong ang isang lalaki kay Muhammad: "Sino ang may pinakamalaking karapatan sa aking mabuting pakikisama at pakikitungo? Sumagot si Muhammad: "Ang iyong ina." At pagkatapos ay nagtanong ulit ang lalaki kay Muhammad kung sino ang kasunod? Sumagot ulit si Muhammad: "Ang iyong ina."



Nagtanong uli ang lalaki ng katulad na tanong at sumagot si Muhammad sa ikatlong pagkakataon: "Ang iyong ina." At dahil sa pag-uusisa tinanong uli ng lalaki ang katulad na tanong sa ika-apat na pagkakataon (napagmumuni niya na nais ni Muhammad na bigyang-diin ang mabuting pagtrato sa mga ina). At pagkatapos ay sinabi ni Muhammad sa kanya: "Ang iyong ama" (ang iyong ama ang may karapatan sa iyong mabuting pakikisama pagtapos ng iyong ina). (Sahih Al-Bukhari, 2/8, 5971. Muslim, 8/2, 2548)

Binanggit ng mga Pantas na ang salaysay sa itaas ay dahil sa ang ina ay hindi maaaring matakasan ang tatlong paghihirap" (1) ang pagbubuntis, (2) ang pagdadalang tao at panganganak, (3) ang pagpapasuso.

Hinihikayat ni Muhammad ang mabuting pagtrato sa mga asawa: Sinabi niya na kapag ang lalaki ay may isang katangian na hindi niya gusto sa kanyang asawa ay mayroon itong ibang katangian na magugustuhan niya. At kanyang sinabi:

Ang may pinakaganap na pananampalataya ay ang may pinakamagandang pag-uugali; at ang pinakamainam sa mga mananampalataya ay ang mga pinakamabuti sa kanilang mga asawa. (Tirmithi, 6/188, 3895)

Ito ay naghihikayat sa pagmamahalan, masarap na pagsasamahan at pagkakaunawaan.

Ang diborsyo sa Islam : Ang kasal ay itinuturing na sagrado sa pagitan ng lalaki at babae sa pag buo ng isang pamilya at pagkakaroon ng mga anak bilang isang magandang ehemplo sa lipunan. Nararapat sa mag asawa na maging matapat isat isa at gawin ang pinaka-magandang bagay para tumagal ang kanilang pagsasama. Kapag ang kanilang pag-sasama ay may hindi na pagkakaunawaan pinahihintulutan sa Islam ang diborsyo ito ang huling paraan ng mag asawa para sa matiwasay na paraan ng paghiwalay.³



Mahal ni Muhammad ang kanyang asawa: makalipas ang ilang taon pagkamatay ng kanyang unang asawa na si Khadijah, kinasal si Muhammad kay Aisha na anak ng kanyang matalik na kaibigan na si Abu-Bakr. Sa kabila ng kanyang katapatan sa kanyang yumaong asawa, minahal niya si Aisha at naging tapat sa kanya. Siya ay minsang tinanong ni Amr bin Al-Aass (isang kasamahan): "Sino ang pinakamahal na tao sa iyo?" Sumagot si Muhammad ng walang pag-aalinlangan: si Aisha

(Al-Bukhari, 5/5, 3662)

Sabihin ang iyong pagmamahal sa iyong asawa: Isinalaysay ni Aisha na kanyang inilarawan ang pagmamahal ni Muhammad sa kanya tulad ng mahigpit na buhol sa isang lubid. Laging tinatanong ni Aisha si Muhammad "kung ano na ang lagay ng pagkakabuhol" at inaamin ni Muhammad ang kanyang pagmamahal sa kanya. Sinabi niya: "Ang tali ay mahigpit na nakabuhol tulad pa rin ng dati."

Si Muhammad ay nagsilbing halimbawa sa kanyang katapatan sa kanyang yumaong asawa

maging
isang tapat na
asawa

Sa tuwing magluluto si Aisha ng tupa o kambing, sinasabihan siya ni Muhammad na magpadala ng nalutong pagkain sa mga kaibigan ng yumao niyang asawa na si Khadijah.

Binanggit ni Muhammad kay Aisha na wala ng mas hihigit pa kay Khadijah noong panahon niya, siya ay naniwala sa kanya nang matanggap niya ang unang rebelasyon ng Diyos sa kanya na ang marami sa tao ay hindi (ilan sa kanyang mga tiyuhin at kamag-anak ang hindi naniwala sa kanya). Tinulungan niya siya sa pamamagitan ng kanyang pera at sinuportahan ng walang pag-aalinlanagan.

Sa kabila na maaaring ang maging pananaw ng ilang tao sa naging komento ni Muhammad hinggil sa kanyang yumaong asawa ay maaaring makapagdulot ng selos sa kanyang asawa na si Aisha, siya ay naging patas at tapat sa kanyang mga asawa.



Ito ay ang salitang "Muhammad" na dinisenyo sa napakagandang paraan na nagmukhang bulaklak. Mula sa Plastic Artist na si Farid Al-Ali



Si Muhammad at ang Pag-aasawa ng higit sa isa

Hindi ipinakilala ni Muhammad ang poligamiya: Sa katunayan, ang pag-aasawa ng higit sa isa ay umiiral na ng walang limitasyon bago pa dumating ang Islam. Naging karaniwan na lamang para sa isang lalaki ang magkaroon ng higit sa isa na babae, maging ito man ay asawa, kinakasama o alipin.


Alam ng lahat na si Propeta Abraham ay kasal kay Sara, ang ina ni Isaac gayundin kay Hagar na ina naman ni Ismael. Naisalaysay din na si Hakob ay may apat na babae, dalawang asawa at dalawang alipin (Genesis 32:22-24).

Si Muhammad ay namuhay ng mas matagal na may isang asawa: Siya ay kasal kay Khadijah sa loob ng halos 25 taon at ama ng 4 na babae at 2 lalaki. Ang parehong sa kanyang mga anak na lalaki ay namatay habang sila ay mga bata. Pagkayao ni Khadijah, pinakasalan niya ang isang mahirap at matandang balo na si "Sawdah". Ang kanyang asawa ay namatay pagkatapos nitong makabalik mula sa Abyssinia, ang bansa kung saan pinadala ni Muhammad ang ilan sa kanyang mga kasamahan upang magpakupkop. Ang kanyang pag-aasawa kay Sawdah ay isang uri ng pagsuporta sa kanya. Si Muhammad ay halos 50 taong gulang na nang pinakasalan niya si Sawdah na mas matanda kaysa sa kanya.

Isa Lamang
Ang Asawa Sa
Loob Ng 25
Taon.



Pinakasalan ni Muhammad ang anak ng kanyang pinakamatalik na kaibigan na si Abu Bakr: Makalipas ang ilang taon, pinakasalan ni Muhammad si Aisha, anak ng kanyang pinakamatalik na kaibigan at may pinakamalaking suporta sa kanya na si Abu Bakr. Ang kasal na ito ay malaking karangalan para kay Abu Bakr at Aisha.



Pinakasalan ni Muhammad ang anak ng kanyang ikalawang pinakamalapit na kasamahan na si Omar: Pagkalipas ng dalawang taon, si Hafsa ang anak na babae ng kanyang ikalawang pinakamalapit na kasamang si Omar, namatay ang kanyang asawa sa labanan ng Uhud at naging isang balo. Nais ni Omar na ang kanyang anak ay mapangasawa ng isa sa kanyang mga pinagkakatiwalaang kaibigan ngunit wala ni isa man sa kanila ang namanhikan. Kaya si Muhammad na mismo ang gumawa ng paraan at nag-alok sa kanya. Ang pag-aasawang iyon ay isang karangalan at suporta para kay Omar at sa kanyang anak na si Hafsa.



Pinakasalan ni Muhammad ang isang balong muslim na anak ng kanyang kalaban: Si Ramlah ay mas kilala sa palayaw na "Um Habibah". Siya ay anak ng isa sa mga lider ng Makkah (Abu Sufyan). Sa kabila ng hindi paniniwala ni Abu Sufyan kay Muhammad at nilabanan siya sa loob ng 20 taon, ang kanyang anak ay niyakap ang Islam.



Siya ay kabilang sa mga unang muslim na lumikas patungong Abyssinia kasama ng kanyang asawa at namuhay roon ng halos 15 taon.

Ang kanyang asawa ay nagkristiyano at namatay doon. Siya ay naiwang mag-isa sa Abyssinia, kaya si Muhammad ay nag-alok ng kasal kay Um Habibah at ito ito ay kanyang tinanggap at sila ay ikinasal. Kamangha-mangha, pagkalipas ng isang taon, ang kanyang ama ay yumakap din sa Islam.

Pinakasalan ni Muhammad si Saffiyah, isang babae mula sa tribo ng mga Hudyo: Ang Bani Al-Nadhir ay isa sa mga tribo ng Hudyo na nagtraydor kay Muhammad at nagtaksil sa kanya. Pagkatapos na sila ay masakop sa kanilang siyudad, ang Khaybar, sila ay sumuko.



Si Saffiyah ay isa sa mga anak ng kanilang lider na kasama sa mga nabihag. Pinakawalan siya ni Muhammad at pagkatapos ay inalok ng kasal. Tinanggap ito ni Saffiyah at sila ay ikinasal.

Pinatunayan ni Muhammad sa mga tao na wala siyang anumang bagay laban sa mga komunidad ng hudyo maliban sa ang mga mapang-abuso ay dapat mapigilan anuman ang kanilang lahi o paniniwala. Sa maraming mga pagkakataon at kahit sa pagpanaw ni Muhammad, inilalarawan siya ni Saffiyah bilang isang mapagmahal at patas na asawa.



Si Maria na taga-Ehipto:

Sa katulad na taon, nagpadala si Muhammad ng mensahero sa pinuno ng Ehipto na isang Kristiyano, na nag-iimbita sa kanya upang tanggapin ang mensahe ng Islam.

Ang pinuno ng Ehipto ay tumugon ng magalang na pagtanggap at nagpadala kay Muhammad ng ilang regalo kabilang ang isang doktora at, lingkod at alipin na si Maria. Tinanggap ni Muhammad ang regalo ng pinuno ng Ehipto. Pinakasalan ni Muhammad si Maria at nagkaroon ng anak na lalaki sa kanya na ang pangalan ay Ibrahim. Namatay si Ibrahim noong siya ay bata pa lamang at si Muhammad ay nalungkot ng matindi sa kanyang pagkawala.



Inihayag ni Muhammad ang kautusan ng Diyos na mangangalaga sa pag-aasawa ng higit sa isa: Ang Islam ay hindi nagbawal sa pag-aasawa ng higit sa isa ngunit ito ay kanyang nilimitahan at isinaayos. Sa Islam, hindi obligado ang pag-aasawa ng higit sa isa ngunit pinahintulutan sa lehitimong kadahilanan.

Ang isang lalaki ay maaaring mag-asawa ng pangalawa kung kaya niyang magpamalas ng respeto, katarungan at pagiging patas sa mga kanyang mga asawa. Sa ikatlong talata ng Kabanata 4 sa Banal na Quran malinaw na sinasabing ang isang lalaki ay hindi maaaring mag-asawa ng higit sa isa kung hindi niya kayang pakitunguhan sila ng tama at makatarungan.

Ang Salita ng Diyos
Kung hindi ka magiging makatarungan, mag-asawa lamang ng isa

Gayundin, ang talata ay naglagay ng limitasyon hanggang apat na asawa para sa isang patas at makatarungang asawang lalaki.

Bago ang kapahayagang ito, ang mga lalaki ay nag-aasawa ng marami ng walang limitasyon o anumang kondisyon.

Mga Limitasyon kay Propeta Muhammad: Si Propeta Muhammad ay nakapag-asawa ng higit sa apat bago ang rebelasyon. Ang pagiging mga asawa ng "Mensahero ng Diyos" ay isang dakilang karangalan para sa kanila bukod pa sa pagkilala sa kanila bilang mga ina ng mga sumasampalataya Ipinahayag ng Diyos ayon sa Banal na Quran na ang mga asawa ni Muhammad ay ipinahintulot na lahat sa kanya. Gayunman, wala nang mga babae na maaaring ipakasal kay Propeta Muhammad kahit pa idiborsiyo pa niya ang sinuman sa kanyang mga asawa.

Ang mga Limitasyon sa mga asawa ni Propeta Muhammad:

Ang mga muslim ay hindi pinahintulutan na mapangasawa ang alinman sa mga asawa ni Propeta Muhammad pagkatapos ng kanyang pagpanaw dahil sa sila para sa kanila ay tulad ng kanilang mga ina.

Mga Ina ng mga Mananam palataya

Sa banal na Quran, inilarawan ng Diyos ang mga asawa ng Propeta na mga nilalang na hindi katulad ng ibang mga kababaihan (sila ay dapat na ituring ng mga Muslim bilang halimbawa at Ina ng mga mananampalataya).

Sinuman mula sa mga asawa ng Propeta ang gumawa ng malinaw na kasalanan, ang kaparusahan ay doble para sa kanya. Ngunit sinuman sa mga asawa ng Propeta ang sumunod ng taos-puso sa Diyos at sa Kanyang sugo at gumawa ng mabuti, ang kanyang matatamo ay dobleng gantimpala rin.



Ang mga Asawa ni Muhammad ay may kalayaang pumili:

Ang Diyos ay nag-utos kay Muhammad (tulad ng nabanggit sa Banal na Quran kabanata 33 talata 28,29) na bigyan ang kanyang mga asawa ng dalawang pagpipilian, ang makipaghiwalay (idiborsyo) kung mayroon man sa kanila na ang hangad ay ang makamundong pamumuhay at mga palamuti nito, o ang manatiling asawa ni Propeta Muhammad at ituon ang kanilang buong buhay para sa kapakanan ng Islam.

Lahat sila ay pinili ang ikalawang pagpipilian at lahat sila ay nanatiling mga asawa ni Propeta Muhammad. Pagkapanaw ni Muhammad, wala sinuman sa kanila ang nag-asawa ulit.

MGA HULING PANSIN

- 1 Isinalaysay ni Tirmithi. Ayon sa ibang salaysay, ang propeta Muhammad ay nagsabi na sinuman ang mayroong dalawa o tatlong anak na babae at sila ay kanyang maayos na ginabayan (hanggang sa sila ay naging malaya) siya ay makapapasok sa Paraiso ng Diyos.
- 2 Binigyang-diin ng Quran sa maraming talata na ang tao ay kinakailangang maging mabuti sa kanyang mga magulang (hal. Kabanata 17, Talata 23).
- 3 Tingnan din Ang Banal na Quran (Kabanata 2, Talata 229)
- 4 Hinggil sa pagaasawa ng higit sa isa sa ibang relihiyon, noon ay walang limitasyon maging sa relihiyon ng Hindu. Noon lamang 1954, nang ang pag-aasawa sa Hindu ay naipasa at itinuring na iligal na magkaroon ng higit sa isang asawa. Sa kasalukuyan, ang batas ng India ang nagbabawal sa isang lalaking hindu na magkaroon ng higit sa isang asawa at hindi ang mga kasulatan ng Hindu.
- 5 Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamilya ni Hakob, tingnan ang Genesis 32:22-24.
- 6 Si Muhammad ay lubhang nalungkot sa pagkawala ng kanyang anak na umabot sa puntong siya ay napaiyak sa harapan ng kanyang mga kasamahan. Bilang isang ama, hindi niya napigilang mapaluha. Sinabi ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na ang sasabihin lamang niya ay kung ano lamang ang makakapagpalugod sa Diyos at ang nararapat sa isang mananampalataya na tanggapin kung ano ang itinakda ng Diyos.
- 7 Tingnan Ang Banal na Quran, Talata 50, 51 at 53, Kabanata 33, hinggil sa mga asawa ng Propeta Muhammad.



Kapitulo

7

Karapatang Pantao

"O sangkatauhan! Tunay na nilikha namin kayo mula sa isang lalaki at isang babae, at ginawa kayo na mga nasyon at mga tribo upang kilalanin ang isa't-isa. Katotohanang ang pinakamarangal sa inyo ay siya na may pinakamalaking takot sa Diyos. Tunay na Si Allah ang Lubos na Nakababatid ng lahat."

Ang Banal na Quran, Talata 13, Kabanata 49 (Ang mga Silid)



Kalayaan, Katarungan at Proteksyon

"Walang sapilitan" ay isang napakahalagang pamantayan sa Islam Ipinahayag ni Muhammad na siya ay sugo ng Diyos. Siya ay nakatanggap ng banal na kapahayagan para sa sangkatauhan at nagsumikap na maipa-abot ito sa lahat ng tao ngunit hindi niya pinilit ang sinuman na ito ay tanggapin. Binasa niya ang Banal na Quran na nagpapatunay ng kalayaan sa pananampalataya at kalayaang pumili para sa lahat ng tao.

"At kung nanaisin ng iyong Panginoon, ang lahat ng tao sa lupa ay mananampalataya. Kaya't pipilitin mo pa ba ang mga tao upang sila ay manampalataya?"

Ang Banal na Quran Talata 99, Kabanata 10

Walang sapilitan sa relihiyon, ang katotohanan ay naging malinaw mula sa kabulaanan, kaya't sinuman ang itakwil niya ang lahat ng diyus-diyusan at manampalataya kay Allah ay tunay na pinanghawakan niya ang pinakamapagkakatiwalaan at matibay na kasunduan na hindi nasisira. At tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita. Ang Banal na Quran, Talata 256, Kabanata 2

Ang Moralidad at pagiging pantay ng lahat ng lahi: Sa Islam, ang lahat ng tao ay itinuturing na pantay-pantay sa ilalim ng batas dahil sa sila ay kabilang sa lahi ng tao. Ang takot sa Diyos at ang kagandahang-asal ang tanging pamantayan upang maituring na ang isang tao ay nakahihigit sa mata ng Diyos. Ito ay sinabi ni Muhammad:



"Ang inyong Panginoon ay Nag-iisa. Ang lahat ng tao ay nagmula kay Adan at si Adan ay nilikha mula sa alabok. Ang isang Arabo ay hindi nakahihigit sa isang hindi Arabo o ang isang hindi Arabo ay nakahihigit sa isang Arabo maliban sa pamamagitan ng takot sa Diyos (Musnad Ahmad 10/5586, 23972)



Hinikayat ni Muhammad ang pagpapalaya sa mga alipin at ipinakilala ang mga Alituntuning Islamiko upang ito ay mabuwag

Ang pang-aalipin ay umiiral na bago pa ang panahon ni Muhammad. Ito ay bahagi ng marami sa mga sistema ng lipunan sa buong mundo. ang mga alipin ay itinuturing na pagmamay-ari at ari-arian ng isang tao. Dahil sa ang Islam ay nangangalaga sa yaman at ari-arian, ang pang-aalipin ay unti-unting nawala.



Ang paglilinis mula sa pagsuway sa ilang alituntunin ng Islam ay nangangailangan ng pagpapalaya ng isang alipin o (ang pagbili sa isang alipin upang siya ay palayain). Gayundin, ang pang-aabuso at pagpaparusa ng alipin na walang makatarungang dahilan ay nararapat na sila ay palayain upang mapatawad ang gayong kasalanan. Ito ay nagpatuloy hanggang sa ang pang-aalipin ay tuluyang nawala.

Hinikayat ni Muhammad ang mga mananampalataya na palayain ang mga alipin alang-alang sa Diyos. Sa isang pagkakataon, nakita ni Muhammad ang isang tao na si "Abu Mas'ud Al-Badri" na sinasaktan at hinahagupit ang kanyang alipin. Sinabi ni Muhammad sa kanya ng may pagdidiin.

"Dapat mong malaman na ang Diyos ay higit na may kakayahan at kapangyarihan kaysa sa iyong kakayahan at lakas sa iyong alipin". Kumalma si Abu Mas'ud at nagsabi kay Muhammad na nagpapaumanhin: "Siya ay aking palalayain alang-alang sa Diyos". Sinabi sa kanya ni Muhammad: "Kung hindi mo iyan gagawin, ang Apoy ng Impiyerno ay dadampi sa iyong mukha." (Sahih Muslim, 5/91, 1659)

Proteksyon at kaligtasan ng mga tao: Mahigit sa 100,000 tao ang kinakausap ni Muhammad, sa kanyang huling sermon sinabi ni Muhammad:

"O sangkatauhan, ang mga mananampalataya ay magkakapatid. Walang sinuman ang maaaring kumuha ng pag-aari ng kanyang kapatid ng walang pahintulot. Hindi ko ba naihatid sa inyo ang balita ? O Allah, aking Panginoon ! Ikaw ang saksi."



Huwag na ninyong balikan ang pagkitil ng buhag laban sa isa't-isa. Tunay na kapag ang iniwan ko sa inyo ay inyong pinanghawakan ay hindi na kayo maliligaw paglisan ko: ang Aklat ng Diyos at ang aking pamamaraan. Hindi ko ba naihatid sa inyo ang balita? O Allah, aking Panginoon ! Ikaw ang saksi." (Al-Hakim, 1/93, 317. Al-Bayhaqi, 6/96, 11640)



Ang lahat ng tao ay nakatatayo ng pantay-pantay sa harapan ng batas: Binigyang diin ni Muhammad sa lahat ng tao na dapat na gumalang sa batas kung saan ang mga lumabag ay nararapat na parusahan kahit anupaman ang kanyang katayuan sa lipunan. Kapag ang batas ay ipinatupad ng makatarungan, lahat ng tao ay tatamasa ng katarungan at kaligtasan.

Halimbawa, ang pagnanakaw at pang-aagaw ay pag-atake sa mga ari-arian ng ibang tao. ang mga nakakagawa nito ay nararapat na maparusahan anupaman ang kanilang lahi at antas sa lipunan.



Sinabi ni Muhammad na walang sinuman ang nasa ibabaw ng batas kahit pa ang kanyang mga kamag-anak. Sinabi niya ng malinaw na kanyang paparuhasan kahit ang kanyang pinakamamahal na anak (si Fatima) kung siya ay magnanakaw (ng pagmamay-ari ng iba).

Paghusga ng may Katarungan; ang kwento ng To'mah at isang Hudyo:

Sa isang pangyayari, may isang arabo na ang pangalan ay To'mah Bin Ubayriq ang nagnakaw ng isang metal na panangga na bahagi ng isang kasuotang panangga at itinago niya ito sa bahay ng kanyang kaibigang Hudyo. Ang Hudyo ay napagbintangang nagnakaw ng metal na panangga ngunit ito ay kanyang itinanggi at itinuro si To'mah.



Dahil sa hindi pa alam kung sino ang salarin, marami sa mga muslim na arabo ang nakisimpatya kay To'mah at sumubok na impluwensiyahan ang opinyon ni Muhammad upang maibato ang kaso laban sa Hudyo ngunit ang katarungan ng Islam ang siyang nanaig. Si To'mah ay napatunayang nagkasala at ang Hudyo ay inosente. Patungkol dito, isang talata ang inihayag sa Banal na Quran na nagpapahiwatig ng katarungan: (Al-Hakim, 4/385, 8256. Tirmithi, 5/128, 3036)



"Katiyakang ibinaba Namin sa inyo ang Aklat na nagtataglay ng katotohanan upang kayo ay makapagbigay ng hatol sang-ayon sa kung ano ang ipinakita sa inyo ng Diyos (naituro sa inyo na katarungan). Kung kaya huwag kayong magsumamo para sa mga sumira sa ipinagkatiwala sa kanila." Ang Banal na Quran, Talata 105, Kananata 4

Karapatan ng Kababaihan at ang kanilang mga Obligasyon Pinagtibay ni Muhammad ang proteksyon para sa mga karapatan ng kababaihan sa kanyang sermon ng pamamaalam. Sinabi niya:

"O sangkatauhan, katotohanan na kayo ay may mga karapatan sa inyong mga kababaihan ngunit sila din ay may mga karapatan sa inyo.

Tandaan ninyo na sila ay inyong kinuha bilang mga asawa sa ilalim ng pagkakatiwala sa inyo ng inyong Diyos at kanyang kapahintulutan. Pakitunguhan ninyo ng mabuti ang inyong mga kababaihan at maging mabait sa kanila dahil sa sila ay inyong mga kasama at kaagapay.

(Sahih Al-Bukhari, 6/27, 5185. Muslim, 4/178, 1468)

Proteksyon sa mga karapatan ng Ulila: Ipinahayag ni Muhammad ang mga kautusan ng Diyos hinggil sa mga ulila. ang Banal na Quran ay nag-utos sa mga muslim na protektahan ang karapatan ng mga ulila at pakitunguhan sila ng may kabutihan at katarungan.



"Tunay na ang gumagasta ng kayamanan ng mga naulila ng hindi makatarungan ay dinadala lamang sa kanilang mga tiyan ang apoy. At sila ay susunugin sa apoy.

Ang Banal na Quran Talata 10, Kabanata 4

Sinabi ni Muhammad:



Ang pagtingin sa mga naulila

"Ako at ang taong umampon ng isang ulila, sa Paraiso ay ganito" pinagdikit ang kanyang hintuturo at ang hinlalato (gitnang daliri)."

(Sahih Al-Bukhari, 7/53, 5304)

Ibigay ang ipinagkatiwala sa mga may karapatan nito:

Hiniling kay Muhammad na pangunahan ang pagdarasal para sa isang patay, ngunit tinanong niya muna ang kanyang mga kasamahan: "Ang lalaking ito ba ay may utang o mayroong bagay na ipinagkatiwala sa kanya na pag-aari ng iba?" Sinabi nila: "oo". Kaya't ipinag-utos muna ni Muhammad na ihatid ang mga ipinagkatiwala sa mga nagmamay-ari nito at pagkatapos noon siya ay nagdasal para sa kanya. Sa talata 58, Kabanata 4 sa Banal na Quran sinabing:

"Tunay na si Allah ay inuutusan kayong ibigay ang lahat ng sa inyo ay ipinagkatiwala. At kung kayo ay huhusga sa pagitan ng mga tao ay humusga kayo ng makatarungan. At tunay na ang ipinapangako ni Allah sa inyo ay pawang kabutihang katotohanang si Allah ay Nakariring, Nakakakita "

Proteksyon sa mga Karapatan ng mga Tagapagmana

Ayon sa Batas ng Islam, kapag namatay ang isang tao, ang pinakamalalapit na miyembro ng kanyang pamilya ay nagiging karapat-dapat na makakuha ng takdang bahagi ng mana (kayamanan at ari-arian ng namatay). Ang Islam ay hindi nagpapahintulot na sa huling habilin ng isang namatay ay ilaan niya ang mahigit sa ikatlong bahagi ng kanyang kayamanan sa kawang-gawa o donasyon. Ito ay upang maprotektahan ang karapatan ng mga tagapagmana at matiyak ang makatarungang pagbabahagi ng mana sa kanilang lahat.

Binisita ni Muhammad ang isa sa kanyang mga kasamahan pagkatapos na ito ay gumaling mula sa kanyang karamdaman. Sabi ng lalaki na siya ay may kayamanan at mayroon lamang siyang isang anak na babae bilang tagapagmana. Tinanong niya si Muhammad kung maaari niyang iwan ang dalawang ikatlong bahagi ng kanyang kayamanan sa kawang-gawa. Sinabi ni Muhammad: "Hindi" Ang sabi ng lalaki kung maaari ang kalahati. Sinabi ni Muhammad: "Hindi". Sinabi ng lalaki kung maaari ang ikatlong bahagi? Sinabi ni Muhammad: "Ang ikatlong bahagi (ay maaari) at ang ikatlong bahagi ay marami. Ang iwanan ang iyong tagapagmana na mayaman ay mas mainam kaysa iwan sila na mahirap na nanghihingi ng tulong."

Ang Islam ay nagbabawal sa Pagpapatubo Sinabi ni Muhammad: "Ipinagbawal ng Diyos sa inyo ang pagpapatubo, kung kaya ang lahat ng mga obligasyon sa pagpapatubo ay nararapat na talikdan. Ang inyong puhunan ay sa inyo upang ingatan. Huwag kayong gumawa ng kawalan ng katarungan laban sa isa't-isa. Inihatol ng Diyos na hindi dapat magkaroon ng pagpapatubo.

"Sila na mga nagpapatubo ay kahalintulad ng mga nasa ilalim ng impluwensiya ng kasamaan. Ito ay sapagkat kanilang inaangkin na ang pagpapatubo ay katulad din ng pangangalakal. Gayunman ay ipinapahintulot ng Diyos ang pangangalakal subalit ipinagbabawal naman Niya ang pagpapatubo." Ang Banal na Quran, Talata 275, Kabanata 2



Ito ay salitang "Muhammad" sa arabik na dinisenyo sa napakandang estilo at pagkatapos ay inulit sa maartistikong paraan. Mula kay Artist Farid Al-Ali.



Ang Pagpatay dahil sa Karangalan at pagdanak ng dugo ay ipinagbabawal:

Inalis ni Muhammad ang paghihiganti para sa kadugo (paghihiganti) at ang ubusan ng lahi. Sa kanyang sermon ng pamamaalam ay kanyang sinabi:



"Ang lahat ng paghihimagsik dahil sa isang napatay bago ang Islam ay ipanawawalang bisa na at ang una rito na aking iniaalis ay ang panghihimagsik dahil sa pagkakapatay kay Rabi'ah)(isang kamag-anak ni Muhammad)." (Tirmithi, 5/167, 3087. Ibn-Majeh, 4/243, 3055)

Ang sinasadyang pagpatay at ang nakapatay nang pagkakamali:

Ngunit, sinuman ang makapatay nang pagkakamali at nagsanhi ng aksidenteng pagkamatay ay kinakailangang magbayad sa pamilya ng napatay. Sa panahon ni Muhammad, ang kabayaran ay isang daang kamelyo. Sinabi ni Muhammad sa mga tao na sinuman ang humingi ng mahigit pa rito ay isang tao mula sa Panahon ng Kamangmangan (bago ang pagdating ng Islam)



Labanan lamang ang sinumang kumalaban sa iyo:

Itinuro ni Muhammad sa kanyang mga tagasunod na maging matapang sa kanilang mga kalaban, hindi parang sumusuko o agresibo. Siya ay di maiiwasang kasali sa mga labanan. Si Muhammad ay nagtakda ng mga pamantayan at tamang asal sa pakikipaglaban at kung paano itatrato ang mga bihag ng digmaan.



Itinuro niya sa mga muslim na huwag labanan ang mga sibilyan at huwag atakihin ang mga bata, babae at matatanda. Sinabi niya sa kanila na huwag din sisirain ang kapaligiran o sirain ang mga puno.

Palagi niyang ipinapaalala na ang pagkasangkot sa mga labanan ay nararapat na may matibay na disposisyon at alang alang lamang sa Diyos na ayaw Niya ang mga mapang-abuso. Sa talata bilang 190, Kabanata 2 ng Banal na Quran ang pagtatakda ng mga pangunaging panuntunan sa pakikipaglaban sa mga kaaway at mapang-abuso. Malinaw na nakasaad:

"At labanan alang-alang sa landas ni Allah silang mga kumalaban sa inyo at huwag kayong lalampas sa inyong limitasyon. Tunay na hindi gusto Ni Allah ang mga mapang-abuso

Huwag mong patayin

mga sibilyan, bata, babae at matatanda

Huwag mong Sirain

Ang kalikasan at huwag mong puputulin ang mga puno

Itinuring ni Muhammad ang pagpapakamatay bilang isang napakalaking kasalanan



Sinabi ni Muhammad ang mga salitang: "Sinuman ang patayin niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng isang metal, siya ay bubuhaying mag-uli sa Araw ng Paghuhukom na hawak-hawak ang metal na iyon at paulit-ulit niyang papatayin ang kanyang sarili sa Impiyerno habang panahon, at sinuman ang patayin niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng lason, siya ay bubuhayin na mag-uli

hawak-hawak ang lason na iyon at paulit-ulit niya itong lalaklakin sa Impiyerno habang panahon, at sinuman ang patayin niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagtalon mula sa mataas na lugar tulad ng bundok, gagawin niya ang katulad nito sa Impiyerno habang panahon."

Ang pagiging banal at sagrado ng buhay ng tao

Dahil sa ang Diyos ay ang Tagapaglikha ng buhay at ang tanging may tangan nito, Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng buhay ng nilikha. Sinabi ng Diyos sa Banal na Quran hinggil sa unang pagpatay na nangyari sa kasaysayan nang si Cain, anak ni Adan, ay pinatay ang kanyang kapatid na si Abel:

"Kung kaya dahil doon ay itinakda Namin para sa Angkan ng Israel na sinuman ang kumikitil ng buhay ng isang tao na hindi naman nakagawa ng pagpatay o mga karumaldumal na mga krimen, ito ay katulad na rin ng pinatay niya ang lahat ng tao, at sinuman ang nagliligtas ng buhay ng isang tao, ito ay kahalintulad na rin ng kanyang pagliligtas sa buhay ng lahat ng tao." Ang Banal na Quran, Talata 32,

Kabanata 5



Itinanggi ni Muhammad ang karahasan

Hindi ginamit ni Muhammad ang karahasan bilang sandata upang ipahayag ang mensahe ng Diyos o ipatupad ang relihiyon ng Diyos. Sa kabila ng pagkakatatag niya ng estado ng Islam sa Madinah, hindi niya ginamit ang maliliit na lipunan ng mga Muslim na nanatili sa Makkah upang gumawa ng gulo o patayin ang kanilang mga kalaban. Sa katunayan, hiniling niya sa kanyang mga tagasunod na igo ang mga panuntunan ng lipunang kanilang kinabibilangan.

Bawal ang
Karahasan

Karapatang Pantao

Itinuro ni Muhammad sa mga mananampalataya na kailanman at saanman ang pagiging malumanay at kabaitan sa lahat ng bagay, ay nakakadagdag sa halaga nito at naghahatid ito ng magandang resulta. Itinuro din niya na ang kagaspangan at hindi magandang pag-uugali ay sumisira sa lahat ng bagay.





Islamikong kaligrapiya na ginawa ng isang kaligrapong turki na si Hassan Chelebi na isang talata sa Banal na Quran. Sinabi ng Diyos sa mga tao: "kung ikaw ay huhusga humusga ka sa pagitan ng mga tao ng may katarungan". Talata 58, Kabanata 4.



Islamikong kaligrapiya na ginawa ng isang kaligrapong taga-Ehipto na si Isam Abdul Fattah mula sa isang talata sa banal na Quran. Sinabi ng Diyos sa mga tao: "At walang sinuman ang magdadala ng pasanin ng iba (sa Araw ng Paghuhukom)". bahagi ng Talata 15, Kabanata 17.

MGA HULING PANSIN

- 1 Nelson Mandela ang unang presidente ng Demokratikong Timog Africa. Siya ang kumakatawan sa pagpupunyagi upang magkaroon ng demokrasya at palayain ang Timog Africa kung saan ang lahat ng tao ay mamumuhay ng sama sama bilang isang bansa sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba..



Ang katuruan ng Quran ay nagpapatotoo sa katotohanan na nilikha ng Diyos ang sangkatauhan at ginawa Niyang iba't-ibang mga bansa upang sa gayon ay kilalanin nila ang isa't-isa. Ang isang maputing tao ay hindi nakahihigit sa isang hindi maputi, (ni ang huli sa nauna) maliban sa ganap na pagkatakot sa Diyos. *Katotohanang ang pinakamarangal sa inyo ay siya na may pinakamalaking takot sa Diyos. Tunay na Si Allah ang Lubos na Nakababatid ng lahat.*" Ang Banal na Quran, Talata 13, Kabanata 49 (Ang mga Silid)

- 2 Riyadh Al-Salihin (1603/4), (1605/6)
- 3 Sinabi ni Muhammad na sa Araw ng Paghuhukom, ang Diyos ay makakalaban ng hindi nagbigay ng sweldo sa mga taong kanilang pinagtrabaho. Binigyang-diin ni Muhammad na ang sweldo ay dapat ibigay bago pa man matuyo ang pawis ng nagtrabaho. Ang sweldo ay hindi dapat inaantala at marapat na ibigay pagkatapos ng trabaho.
- 4 Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga batas Islamiko at Katarungan sa Islam maaring tingnan ang <http://www.islamreligion.com/category/110/>
- 5 Sahih Al-Bukhari (34/8)
- 6 Sahih Al-Bukhari (5778) and Sahih Muslim (109)



Maartistikong disenyo ng salitang "Muhammad" sa arabik. Mula kay Farid Al-Ali.

Kapitulo

∞

Kapaligiran



Ang Katuruan ni Muhammad sa Pangangalaga sa Kalikasan

Si Muhammad ay nanawagan para sa isang luntiang mundo: Ang pangangalaga sa kalikasan ay kanyang iniugnay sa paniniwala sa Diyos na Siyang lumikha sa lahat ng bagay. Samaktuwid, ang isang nananampalataya sa Diyos ay hindi maaaring magsanhi ng pinsala sa kalikasan dahil sa ito ay bahagi ng Kaharian ng Diyos. Ang pamiminsala sa kalikasan at pag-aaksaya o pagsira sa mga pinakikinabangan (tubig, halaman, mga hayop, lupa, hangin, mga lamang dagat, atbp) ay hindi katanggap-tanggap sa pananaw ng Islam.

Kapaligiran



"Sinumang muslim ang magtanim ng halaman na ito ay lumaki sa antas, na ang mga tao o mga hayop ay maaaring makinabang o kumain mula rito, ito ay ituturing para sa kanya bilang isang kawang-gawa" (tulong na gagantimpalaan ng Diyos).

Muhammad ﷺ



Ang mga likas na pinagkukunan ay nasa perpektong balanse

Itinuro ni Muhammad sa kanyang mga tagasunod na ang lahat ng likas na pinagkukunan ay nilikha ng Diyos at Kanya itong isinaayos sa perpektong balanse.

"Tunay na ang lahat ng bagay ay nilikha Namin sa tamang sukat."

"... at ang lahat ng bagay sa Kanya ay nasa tamang sukat".

".....ang gawa (paglikha Ng Allah) na Siyang nagpaging-ganap ng lahat ng mga bagay (lumikha ng lahat ng mga bagay sa ganap na kaayusan)" Ang Banal na Quran, Talata 49. Kabanata 54;

Talata 8, Kabanata 13; Talata 88, Kabanata 27.

Ang mga tao ay may pantay-pantay na karapatan sa likas na pinagkukunan:

Ang likas na pinagkukunan ay handog ng Diyos sa sangkatauhan. Ito ay hindi dapat aksayahin o kontrolin lamang ng isang tao. Sinabi ni Muhammad na ang mga tao ay may pantay-pantay na bahagi sa tubig, damuhan at apoy (enerhiya) (maliban sa naging pag-aari ng pribado).

Dagdag halaga

Huwag sirain ang kalikasan

Huwag pinsalain ang kalikasan

Huwag aksayahin / gamitin ng sobra ang mga likas na pinagkukunan

Gamitin ang likas na pinagkukunan nang maabilidad, ikonsidera mo ang muling paggamit

Ang mga hayop at bulaklak ay likha ng Diyos
*"Ang kapurihan ay Kay Allah ang
 pinakamagaling sa mga manlilikha"*

Banal na Quran, 23:14

"Walang pinsala" isang pangkalahatang batayan

Nagtakda si Muhammad ng isang pangkalahatang batayan sa pangangalaga ng likas ng pinagkukunan, ang pangangalaga sa kalikasan at pagiging ligtas ng mga tao nang kanyang sinabi sa kanyang mga kasamahan:

"Kayo ay hindi upang maminsala at hindi upang mapinsala."

Ang pananampalataya (sa Diyos) ay maaaring magsanga hanggang sa mahigit sa pitumpung bahagi na ang nasa ibabaw nito ay ang pagsasaksi sa kaisahan ng Diyos. Ang pinakamababa nito ay ang pagtatanggal ng anumang makakapinsala sa daanan ng mga tao."

Muhammad ﷺ



Ito ay salitang "Muhammad" na nakasulat sa napakagandang estilo sa kaligrapiyang arabik. Ito ay tulad ng isang dahon mula sa puno.

Binigyang diin ni Muhammad ang tamang pagbabahagi ng tubig at itinanggi ang pag-aaksaya at paggamit ng labis nito

Malinaw na sinabi ni Muhammad sa isa niyang kasamahan (habang nagsasagawa ng paghuhugas) na huwag mag-aksaya ng tubig kahit na siya pa ay malapit sa ilog.



Sa isa pang pagkakataon, sinabi ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na huwag dumihan ang tubig na hindi dumadaloy o umihi dito. Sinabi ng Diyos sa Banal na Quran:



"... at mula sa tubig, nilikha Namin ang lahat ng buhay."

"Tunay na ang mga mapag-aksaya ay kapatid ng mga demonyo at ang Satanas ay hindi naging mapagpasalamat sa kanyang Panginoon."

"... at kumain kayo at uminom at huwag kayong magsayang. Tunay na hinid Niya gusto ang mga palasuway (ang mga nag-aaksaya at nagsasayang)."

Ang Banal na Quran Talata 30, Kabanata 21; Talata 27,

Kabanata 17; Talata 31, Kabanata 7

Bigyan ng dagdag na pagpapahalaga ang kalikasan:

Hinikayat ni Muhammad ang mga tao na patuloy na dagdagan ang pagpapahalaga sa kalikasan kahit na ang buong mundo ay unti-unti nang nasisira at ang buhay ay malapit nang matapos sa planeta. Sinabi Niya:



"Kapag ang Oras ay dumating (katapusan ng mundo) at ang isa sa inyo ay mayroong buto sa kanyang kamay at magagawa pa niya itong itanim, ay gawin niya ito." (Musnad Ahmad, 5/2727, 13100)

**dagdag
pagpapa
halaga**

Ang mga nanampalataya sa Diyos ay kinakailangang magdagdag ng pagpapahalaga niya sa kalikasan at ito ay kanyang pangalagaan. Hindi gusto ng Diyos ang mga nagdudulot ng kasiraan (sa mundo) at sumisira ng mga pananim at mga alagang hayop.

"At hangarin mo kung ano ang ibinigay sa iyo ni Allah sa Kabilang-buhay at huwag mong kalimutan ang iyong bahagi sa mga ipahihintulot na kasiyahan sa mundong ito at maging mabuti ka tulad ng pagiging mabuti sa iyo ni Allah at huwag ang maghasik ng kasiraan sa lupa, tunay na hindi gusto Ni Allah ang mga nagdudulot ng kasiraan."

Ang Banal na Quran Talata 77, Kabanata 28

Kapakanan ng Hayop

Nanawagan si Muhammad sa mabuting pagtrato sa mga hayop

Ang Propeta ay hindi sang-ayon sa pagkulong o pagpigil sa mga hayop ng walang tamang dahilan. Hindi rin niya nais ang paghataw o pagpalo sa mga hayop. Gumamit siya ng iba't-ibang paraan ng pagtuturo upang mabigyang-diin ang panawagang ispirituwal sa pagtrato sa mga hayop sa pamamagitan ng maayos na pag-aalaga at may dignidad.

Ang mga Hayop at lahat ng nilikha ay bahagi na bumubuo sa mga pamayanan tulad natin

"Walang isa mang hayop o nilikha (na nabubuhay at kumikilos) sa kalupaan, ni isang nilikha na lumilipad sa pamamagitan ng kanyang mga pakpak, kundi sila ay mga pamayanang katulad ninyo. Hindi Namin kinaligtaan ang anumang bagay sa Aklat at sila (lahat ng nilikha) ay titipunin sa kanilang Panginoon sa katapusan."

Ang Banal na Quran, Talata 38, Kabanata 6, (Ang Mga Hayupan)



Halal na Karne

Ang ibig sabihin ng Halal ay higit pa kaysa sa Halal (pinahihintulutang) pagkain:

Itinuro ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na wala silang karapatan na katayin ang anumang hayop maliban sa pinahintulutan ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng kapahintulutan ng Diyos (na nagmamaya-ari sa lahat ng hayop) na ang ilang uri ng hayop na maaaring katayin upang makonsumo ng tao. Ang mga hayop na kumakain ng halaman lamang ang maaaring kainin maliban sa baboy (hal. baka, tupa, manok at mga ibon na hindi kumakain ng karne).

Itinuro ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na ang pinahihintulutang (Halal) pagkatay sa mga hayop ay kailangang gawin sa pinaka-kaunting sakit na pamamaraan: Halimbawa, hindi maaaring ipangkatay sa hayop ang mapurol na kutsilyo (kinakailangang ito ay napakatalim). Ang isang hayop ay hindi maaaring batuhin o katayin sa tabi ng isa pang hayop na mapapanood ang paraan ng pagkatay. Sinabi ni Muhammad sa isang tao na kumakatay ng hayop sa tabi ng isa pang hayop: "Nais mo bang patayin ang isang hayop na ito ng dalawang beses?." (Al-Hakim, 4/231, 7658)



Sa isang pangyayari, Ninais ni Muhammad na maiparating ang mensahe sa isang tao hinggil sa magandang pagtrato sa mga hayop. Sinabi niya na ang kanyang kamelyo ay nagreklamo sa kanya dahil sa kinargahan niya ito ng higit sa kanyang kakayanan. (Abu-Dawoud, 2/328, 2549)

Mabuting Pagtrato sa mga Hayop



Sa ibang pagkakataon naman, Sinabi ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan: "Sinuman ang nakakuha sa mga anak ng ibong ito ay ibalik sila sa kanilang ina (na tumatakbo tulad ng isang walang ulong sisiw).

(Abu-Dawoud, 3/8, 2675, 4/539, 5268)



Ikaw ang gagantimplaan sa pagiging mabuti sa mga hayop: Ang pagiging mabuti, kahit sa mga hayop, ay karapat-dapat na gantimplaan ng Diyos. Si Muhammad minsan ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan hinggil sa kuwento ng isang nauuhaw na tao na nakatagpo ng isang balon at bumaba dito upang uminom. Sa kanyang pagpanik, nakita niya ang isang uhaw na aso na (hinihinal) kaya siya ay bumaba muli sa balon upang punuin ng tubig ang kanyang sapatos at ipainom ito sa aso. Nagpasalamat ang Diyos sa lalaking ito at pinatawad ang kanyang mga naunang kasalanan. (Sahih Al-Bukhari, 3/132, 2466. Muslim, 7/44, 2244)

Sa isa pang pagkakataon, Sinabi ni Muhammad sa kanyang mga kasamahan na isang babae ang pinarusahan ng Diyos dahil sa pagkulong niya sa isang pusa hanggang sa ito ay namatay. Hindi niya pinakain ang pusa at hindi rin pinalaya. (Sahih Al-Bukhari, 3/132, 2466. Muslim, 7/44, 2244)



Kabanata

Ang walang hanggang himala Ang Maluwahating Quran ۞



At hindi maaaring magkaroon ng Quran sa pamamagitan ng iba bukod pa Kay Allah, kundi ito ay isang pagpapatotoo tungkol sa mga rebelasyon na nauna sa kanya (Quran) at isang detalyadong pagpapaliwanag tungkol sa mga Aklat (sinaunang mga kasulatan), walang alinlangang ito ay (isang rebelasyon) mula sa Panginoon ng lahat ng mga daigdig (sansinukob)."

Ang Banal na Quran, Talata 38, Kabanata 10



Ang Himala Ng Diyos kay Muhammad



Maraming mga pantas ang naniniwala na ang misyon ni Muhammad sa pagpaparating ng Mensahe ng Diyos at paghahatid sa mga tao tungo sa pananampalataya ay higit na mahirap kaysa sa naging misyon ng marami sa mga mensahero at mga propeta na nauna sa kanya. Ang pangunahing himala na kanyang dinala ay ang Quran,


isang aklat na binigkas sa orihinal na arabik bilang isang banal na rebelasyon mula sa Diyos.

Sa harap ng mga pagtuligsa na kanyang tinanggap mula mismo sa kanyang pamayanan na nagsasalita ng wikang arabik, pinarating niya ang Islam sa mga bansa at mga pamayanan ng iba't-ibang mga wika, mga kultura, at mga relihiyon sa labas ng tangway ng Arabia.

Hindi ba nila napagninilay ang Quran ? na kung ito ay sa iba nagmula bukod pa Kay Allah, nakasumpong na sana sila sa kanya (Quran) ng maraming pagsasalungatan."

Ang Banal na Quran, Talata 82, Kabanata 4

Bakit Itinuring Na Ang Quran ay isang walang hanggang himala ? Walang tao na may-akda ng Banal na Quran. Itinuring ng mga Muslim na ito ay Mga Salita ng Diyos at Kanyang walang hanggang Mensahe sa buong sangkatauhan. Sila ay naniniwala na ito lamang ang tanging Aklat na nagtataglay ng Mga Salita Ng Diyos na hindi binago ng Kanyang Mensahero o ng kahit na sinuman.



Kaiba sa mga pisikal na himala na dinala ng mga tunay na propeta at mensahero na nakita ng mga tao tanging sa panahon lamang nila, ang Banal na Quran ay pinaniniwalaan ng mga Muslim bilang walang hanggang himala na maaaring mahawakan, makita, mabasa, at naihatid mula sa isa hanggang sa ibang mga henerasyon.



"Sabihin mo (O Muhammad): "Kahit pa ang buong sangkatauhan at ang mga engkanto ay magsama-sama upang gumawa ng katulad ng Quran na ito ay hindi sila makagagawa, kahit sila ay mag tulung-tulong pa at magsuportahan." Ang Banal na Quran, Talata 88, Kabanata 17

Ang walang kaparis na preserbasyon ng mga teksto ng Quran: Ang kasalukuyang Banal na Quran ay katulad din ng ipinahayag kay Propeta Muhammad, mahigit na labing-apatnaraang taon na ang nakalilipas. Sa pasimula, ito ay naisaulo ng karamihan sa mga Muslim na matatapat sa kanilang pananampalataya (bawat titik at salita).

Pagkatapos ay hindi nagtagal, pagkamatay ni Muhammad ang kumpletong Banal na Quran ay natipon sa isang Aklat nang Si Abu Bakar Assiddiq ang siyang naging unang khalifah sa Islam. Maraming mga tunay na sipi ang pinarami at ipinangalat sa iba't-ibang Estadong Islamiko o mga rehiyon noong si Othman bin Affan ay naging ikatlong khalifah, 13 taon pagkamatay ni Propeta Muhammad.



Ito ay bahagi ng isang talata sa Banal na Quran. Sinasabi Ng Diyos sa kanyang mga tao: "Manalangin kayo sa Akin at kayo ay Aking tutugunin". Talata 60, Kabanata 40 (Ang Mapagpatawad)


Ang konsepto ng pagkaulit o pag-ulit "Tawaator" ay nagpapatotoo sa ganap na pagpapatibay ng Quran sapagkat ito ay nagpapahiwatig na ang gayunding teksto na naisalaysay ng iba't-ibang grupo ng mga tao at naisalin mula sa isa hanggang sa isang henerasyon ng walang anumang kontradiksyon, pagkakaiba-iba at pagpigil .



Ang pagiging natatangi ng Quran Nararapat na mabigyang pansin na ang mga kawikaan at mga aral ni Muhammad ay hindi inihalo sa Banal na Quran (na nagtataglay ng

salita lamang ng Diyos, walang anumang mga komento at mga paglilinaw ng tao). Ang mga kawikaan at aral ni Muhammad ay tinipon sa isang Aklat na tinawag na "Ang Sunnah o Hadith ng Propeta". Kinapapalooban nito ang kanyang mga katuruan, ang kanyang paraan ng pamumuhay at kapaliwanagan ng Aklat (Ang Banal na Quran).

Ang paghahambing ng mga aklat ng Hadith sa ibang mga aklat. Ang karamihan sa mga Banal na Quran ng iba't-ibang mga relihiyon ay inakda at sinulat ng mga tao. Kung kaya sapagkat ang mga Aklat ng Hadith ay tinipon ng mga pantas na mga Muslim at nagtataglay ng mga kawikaan at katuruan ni Muhammad , marami sa mga nagsasaliksik ang naniniwala sa mga ito bilang kahalintulad ng ibang mga banal na aklat.



Halimbawa, ang Bibliya ay sinulat sa paglipas ng panahong 1400 hanggang 1800 taon ng 40 iba't-ibang mga may-akda. Ito ay kalipunan ng 66 na iba't-ibang mga aklat, hinati sa dalawang pangunahing mga pangkat: ang Lumang Tipan (na nagtataglay ng 39 na mga aklat) at ang Bagong Tipan (na nagtataglay ng 27 na mga aklat).

Ang lengguwahe o wika ng Banal na Quran ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagsasalita sa sangkatauhan. Madalas na ginagamit nito ang "Sabihin" (ito ay; Sabihin mo O Muhammad sa kanila). Inihayag ng malinaw ni Muhammad ﷺ ang anuman na kanyang binigkas bilang salita ng Diyos mismo at hindi kanyang [Muhammad] salita.

Ang walang kaparis na preserbasyon ng istilo sa pagbigkas ng Quran Kapag ang Banal na Quran ay binibigkas o binabasa, ang salitang "Tajweed" ay karaniwang binabanggit o nililinaw upang maisalarawan ang kaalaman na tumutukoy sa mga alituntunin na nangangalaga sa paraan ng pagbigkas o pagbasa ng Banal na Quran. Nagtitiwala ang mga Muslim na hindi lamang ang teksto ng Quran ang katangi-tanging napangalagaan kundi gayundin ang mga istilo kung paano ito binigkas ni Muhammad at ng kanyang mga kasamahan (Sahabah).



Ang mga istilo ng pagbigkas ng Banal na Quran ay naidokumento sa pamamagitan ng mga pangalan ng mga nagsasalaysay at bumibigkas simula sa mga nakarinig nito mula kay Muhammad hanggang sa kasalukuyan. Ito ay sa kabuuan ng daigdig ng Islam at nagpatuloy mula sa isa hanggang sa ibang henerasyon hanggang sa ngayon.



Tajweed Nataatanging Agham

Pinaniniwalaan na ang "Tajweed" ay isang natatanging agham na hindi matatagpuan sa ibang mga relihiyon. Ito ay sumasalamin sa pinakamataas na antas ng pagpapahalaga o kaukulang pansin na ibinigay ng mga kasamahan ni Muhammad upang mapangalagaan ang (bawat salita ng) Banal na Quran kung paano niya ito binigkas.

Mayamang wika Ang Banal na Quran ay inihayag sa orihinal nito na Arabic. Ang mga pantas na muslim ay naniniwala na ang wikang Arabik ay nakatataas kaysa sa ibang maraming wika sapagkat ito ay nasusuportahan ng malaking bilang ng mga salita at malakas na alituntunin ng wikang arabik.

Ito ay nagpapahiwatig na ang wikang arabik ay maaaring higit na tumpak kaysa sa ibang mga wika sa paglalarawan sa mga salita ng Diyos. Halimbawa, ang wikang arabik ay mayroong 28 mga titik, ang ilan sa mga ito ay hindi matatagpuan sa ibang mga wika tulad ng "Dhad" na siyang makapal na pagbigkas ng normal na titik "D" at "Tau" na siya namang makapal na pagbigkas ng normal na titik na "T".

Ang bilang ng mga paghango mula sa bawat orihinal o salitang-ugat ay maaaring humigit sa 100 mga paghango at kung kaya ang kabuuang bilang ng mga salita sa wikang Arabik ay maaaring humigit sa 6 na milyon. Ito ay higit na napakataas na bilang ng mga salita sa mga kilalang wika sa daigdig.



Mahalagang Mga Katotohanang Pang-Siyensiya Sa Quran


Ang malaking pagsambulat (Big Bang) at ang paglikha ng sansinukob panahon ni Muhammad, walang sinuman ang nakababatid tungkol sa paglikha ng sansinukob at sa pagkilos ng mga planeta, at kung daigdig ba ay patag o bilog. Ang mga Muslim ay naniniwala na tanging ang Diyos lamang na Manlilikha ang tanging nakababatid kung paano ito nilikha.



Labing-apat na siglo na ang nakalilipas, ang Banal na Quran ay bumanggit (sa isang mahimalang paraan) tungkol sa paglikha ng sansinukob, sa pagkilos ng Araw at Buwan, ang pag-ikot

ng mundo at ang pagpapalitan ng araw at gabi.

Ang makabagong siyensiya ay nagpapaliwanag tungkol sa paglikha ng sansinukob sa pamamagitan ng teoriya ng malaking pagsambulat (Big Bang Theory) na suportado ng obserbasyon at eksperimental na mga datos na naipon sa paglipas ng maraming mga dekada. Sang-ayon sa teorya na ito , ang buong sansinukob





sa pasimula ay isang napakalaking kimpal (big mass) at pagkatapos ay nagkaroon ng isang malaking pagsambulat o pagsabog na naging sanhi ng pagkakaayos ng mga kalawakan mula sa natipon na mga ulap ng mga bagay na nasa langit (celestial matter) sa hugis usok o tigmak ng gas (smoke and gaseous).

Ang paglawak ng sansinukob

Noong 1925, ang Amerikanong Astronomo na si Edwin Hubble ay nagtakda ng ebidensiyang batay sa obserbasyon na ang mga bituin ay kumikilos palayo mula sa isa't-isa na nagpapahiwatig na ang mga kalawakan (galaxies) at ang buong sansinukob ay lumalawak. Gayundin, isang matatag na katotohanang pangsiyensiya na ang mga planeta ay kumikilos sa orbita na patambilog (elliptical orbit) sa palibot ng Araw (Sun) at umiikot sa kanilang mga aksis (axis).



"Hindi ba nalalaman ng mga walang pananampalataya na ang kalangitan at ang kalupaan ay dating magkakaugnay na sama-sama na isang kimpal at ang mga ito ay aming pinaghiwa-hiwalay at ginawa Naming ang bawat buhay ay mula sa tubig ? Hindi ba pa sila maniniwala ?

Ang Banal na Quran , Talata 30, Kabanata 21 (Mga Propeta)

Siya "ang Makapangyarihang Diyos", ay lumingap sa kalangitan nang ito ay usok at nagsabi rito at sa kalupaan: halina kayong sama-sama, kusang-loob man o hindi, kanilang sinabi: kami ay kusang-loob na papariyan na sama-samang tumatalima." Ang Banal na Quran, Talata 11,

Kabanata 41 (Fussilat)



"At Siya ang lumikha ng gabi at araw, (sun) at buwan (moon), at ng lahat (ng mga bagay na nasa langit) ay naglalayag (lumulutang),sa kani-kanilang orbita (orbit)".

Ang Banal na Quran. Talata 31, Kabanata 21 (Mga Propeta)

"Sa pamamagitan ng kapangyarihan at kasanayan, Aming nilikha ang kalangitan at patuloy na ito ay Aming pinalalawak ". Ang Banal na Quran, Talata 47, Kabanata 51

(Thariyat).

Ang Embrayolohiya At Ang Paglikha Sa Sangkatauhan
 Binigkas ni Muhammad ang mga sumusunod na mahimalang mga talata na nagpapaliwanag sa paglikha sa sangkatauhan. Ang gayong kaalaman ay hindi pa kilala sa kanyang panahon at ang siyensiya ng embrayolohiya ay hindi pa natutuklasan noong 1400 taon na ang nakararaan.

"Nilikha Niya (Diyos) kayo sa mga sinapupunan ng inyong mga ina, sunod-sunod na paglikha, sa tatlong takip ng kadiliman. Siya ang Allah, ang inyong Panginoon. Ang Kaluwalhatian ay sa Kanya. Walang Diyos kundi Siya lamang, Paano pa kayo naligaw?"

Ang Banal na Quran, Talata 6 Kabanata 39 (AzZomar)

Ang Makabagong Siyensiya ay nagpapaliwanag na mayroong tatlong takip ng kadiliman na nakapalibot sa sanggol sa sinapupunan na nagbibigay ng matibay at mainam na proteksyon sa bilig, una ay ang panloob na bahagi ng dingding ng tiyan ng ina, ikalawa ay ang dingding ng matris, at ikatlo ang lamad (amino-chorionic membrane).





Ang Paglikha sa tao ay mahimalang inilarawan sa mga sumusunod na talata mula sa Banal na Quran.

"Katotohanang nilikha Namin ang tao mula sa luwad, pagkatapos ay inilagay Namin siya bilang isang patak (ng semilya) sa isang ligtas na himlayan; Pagkatapos ay ginawa Namin ang semilya na isang namumuong dugo , at ito pagkatapos ay ginawa Naming tila isang bukol (fetus lump), at mula rito ay mga buto , at ang mga buto ay tinakpan Namin ng laman, at ginawa Namin ito bilang panibagong nilikha."

Ang Banal na Quran, Talata 12-14, Kabanata 23

Nakagugulat, ang pagkabuo ng bilig tulad ng inihayag sa Banal na Quran ay natuklasang kahalintulad ng mga pagtuklas ng siyensiya ng medisina. Natagpuan din na ang mga buto ay



nahuhugis bago ang pormasyon ng laman, eksaktong katulad ng talata na nabanggit sa itaas.



Karagdagan pa, natuklasan ng mga siyentista na ang pandinig para sa bilig ay nabubuo sa sinapupunan ng ina bago ang paningin. Ito ay umaayon sa pangyayari na nabanggit sa Banal na Quran. Ang mga talata 9:32, 2:76, 78:23 ay tumutukoy na lahat sa pandinig bago ang paningin.

"...kung kaya Kabanal-banalan ang Allah, ang pinakamagaling sa mga manlilikha." Ang Banal na Quran,

Talata 14, Kabanata 23 (Ang Mga Mananampalataya)

309 Ang kahanga-hangang pagbilang ng mga taon Ang Talata 25, Kabanata 18 (Ang Yungib) ng Banal na Quran ay nagsasalaysay tungkol sa "pitong natutulog" at nagsasabing sila ay gumugol ng 300 taon sa yungib na may karagdagan "9 na taon." Walang sinuman sa panahon ni Muhammad kung bakit ang talata ay hindi direktang nagsabi ng "309 taon" sa halip na katulad ng nabanggit sa talata.

Gayundin, sa panahong iyon ay walang sinuman sa Arabia ang nakabatid sa pagkakaiba sa pagitan ng kalendaryong batay sa buwan (Lunar Calendar) at ng kalendaryong batay sa Araw (Solar/ Gregorian Calendar). Ang taon na batay sa Buwan (lunar year) ay nahuhuli ng 11 araw kumpara sa taon na batay sa Araw (solar year). Ang nakamamanghang katotohanan ay: sa 300 taon, ang diperensiya sa pagitan ng taon na batay sa buwan at taon na batay sa araw ay 9 na taon.

Ang Banal na Quran ay karaniwang inimprenta sa 604 na mga pahina. Ito ay mayroong humigit-kumulang sa 80,000 mga salita na bumubuo sa 6348 na mga talata at 114 na mga kabanata. Ang pinakamahabang Kabanata ay mayroong 286 na mga talata at ang pinakamaikli naman ay binubuo ng 3 mga talata lamang.

Kagulat-gulat na impormasyon tungkol sa mangyayari sa kinabukasan: Ang mga talata 2-5, kabanata 30 ng Banal na Quran ay nagsasabi;



"Ang mga Romano ay nagapi sa pinakamababang lupain gayunman ay nagtagumpay sila sa loob lamang ng ilang taon. Ang Allah ang nagtatangan ng Kautusan sa naunang pangyayari, sa huli at sa araw na ang mga sumasampalataya (Sa Diyos) ay magsisipagsaya at malulugod dahil sa tagumpay mula sa Diyos. Tinutulungan Niya na magtagumpay ang sinumang naisin Niya, Siya ang Makapangyarihan sa Lahat, Ang Maawain."

Sa panahon ni Muhammad imposibleng makita at mahulaan ang pag-usbong ng magiging hindi pagkakasundo ng dalawang pinakamakapangyarihan (sa kanilang panahon) sa loob ng sumunod na sampung taon at kung ang isang emperyo na nagapi ay maaaring muling magwagi sa loob lamang ilang taon. Isang makasaysayang katotohanan na nagapi ng Emperyong Persiyano ang Emperyong Romano (sa panahong 614 – 619 CE) sa Palestina at nabihag ang Herusalem. Subalit sa loob lamang ng ilang taon, naibalik ng mga Romano ang tagumpay laban sa mga Persiyano sa Nineveh (isang lungsod sa Iraq).

Hindi mapaniniwalaang heograpiya: Hindi inaasahan, natagpuan ng heograpiyang pagsasaliksik kamakailan lamang na ang Patay na Dagat (Dead Sea) na matatagpuan sa biyak na lambak sa Jordan ay ang pinakamalalim na pondo ng asin na pumapaibabaw sa lawa sa buong mundo. Ito ay mayroong 422 metro (1,385 na piye) pailalim ng dagat. Ang mga pampang nito ay ang pinakamababang lugar sa ibabaw ng lupa. Ang mga talata sa itaas ay nagpapahiwatig na ang mga Romano ay nagapi sa pinakamalapit lupang Romano sa Arabia at sa katotohanan ay kinapapalooban ng pinakamababang lupa sa mundo.

Pansinin: *Ang orihinal na katagang arabik na "Adna" (talata 3 sa itaas) ay nagpapahiwatig na kahulugang kapuwa pinakamababa at pinakamalapit.*

MGA HULING PANSIN

1. Ang Lumang Tipan ay naisulat sa wikang Hebreo 1500 -400 BC. Ang Bagong Tipan ay nabuo sa Griyego at naisulat noong ikalawang kalahati ng unang siglo A.D. Sinang-ayunan ng pangkalahatan na ang Aklat ni Mateo ay ang unang Ebanghelyo na nasulat sa pagitan ng A.D.50 at 75. Sa apat na mga Ebanghelyo, ang kay Juan ay ang pinaniniwalaang huling naisulat, mga A.D. 85.
2. Upang makita ang higit pang mga impormasyon tungkol sa embrayolohiya at ang mga katotohanang pang-siyensiya sa Quran, bisitahin ang HYPERLINK "<http://www.eajaz.org/>" www.eajaz.org, at HYPERLINK "<http://www.islamhouse.com/>"


Ang larawan sa ibaba ay ang yungib o kuweba na pinaniniwalaan kung saan natulog ang pitong tao (people of the cave or seven sleepers). Ito ay natuklasan sa isang lugar na kung tawagin ay Abu Alanda, silangang bahagi ng Jordan. Ang mga awtoridad ng Jordan ay nagtatag ng isang Moske malapit sa lugar ng kuweba. Ang pinto sa larawan ay ikinabit sa mga bukana ng kuweba.



Ang Mga Katuruan



Sinabi ni Muhammad, (habang pinagdidikit ang mga daliri ng mga kamay) "**Ang mga sumasampalataya ay tulad ng istraktura ng isang gusali, sila ay nakakapit sa isa't-isa.**" (Isinalaysay nina Bukhari, Muslim at Tirmidhi)



Si Muhammad ay gumawa ng tatlong guhit sa buhangin at nagsabi: "Ito ang tao (na may maraming inaasahan at mga plano sa buhay sa daigdig na ito). Habang siya ay namumuhay upang marating at matapos ang mga inaasahan na ito, ang kamatayan ay dumarating sa kanya."

Narrated by al-Bukhaari (6417) and Muslim (1671)

Ang kanyang mga kasabihan

Ang mga kawikaan at mga katuruan ni Muhammad, ay maimpluwensiya sapagkat sinasakop ng mga ito ang lahat ng mga aspeto ng pamumuhay. Ang mga ito ay nagmumula sa isang batayan ng karunungan at banal na rebelasyon. Ang kanyang mga kawikaan, mga gawa, mga pagpapahintulot at mga katangian na kilala sa katawagang "sunnah" ay nagpapakilala sa ikalawang pinagkukunan ng Batas Islamiko matapos ang Banal na Quran.

"Ang inyong kasama ([ito ay si Muhammad]) ay hindi naligaw mula sa landas ng katotohanan, ni hindi nagkamali. Ni hindi nagsasalita mula sa sariling Kagustuhan."

(Ang Banal na Quran, Kabanata 53, Talata 2-3)



"Samantalain o pakinabangan ang lima bago dumating ang lima :

Ang iyong kabataan bago sumapit sa katandaan, ang kalusugan bago datnan ng pagkakasakit, ang karangyaan bago datnan ng kahirapan (pangangailangan), ang malayang oras bago datnan ng pagkakaabalahanan, at ang buhay bago datnan ng kamatayan." Narrated by Al-Hakim in Al-Mustadriq No. 7846 (4/341)



"Ang ganap na mga sumasampalataya ay ang mga nagtataglay ng pinakamainam na mga pag-uugali."

(Isinalaysay ni Tirmidhi)

“Dalawang biyaya ang winawalang-bahala ng maraming tao; kalusugan at bakanteng oras.” (Bukhaari, 6049)



“Ang Inggit ay ipinagbabawal maliban sa dalawang pagkakataon (hinahangad mo na magkaroon ng anumang nasa iba subalit hindi ka naghahangad ng masama laban sa kanila). Ang una ay isang tao, na ang Diyos ay nagkaloob sa kanya ng kayamanan at ito ay ginugol niya sa kabutihan, ang ikalawa ay isang tao na pinagkalooban ng karunungan o kaalaman, isinasabuhay niya ito at itinuturo sa iba.” (Bukhari 73/15)



“Gawin mong magaan para sa mga tao ang mga bagay (tungkol sa mga kaganapang pang-relihiyon), at huwag itong gawing mahirap para sa kanila; bigyan sila ng mabuting balita at huwag hayaang sila ay magsilayo.” (Bukhari 69/11)



“Sila na mga matatapat na nangangalakal at nagnenegosyo batay sa mga malinaw na mga kasunduan, pinagpapala sila ng Diyos at ang kanilang kalakal. Sa kabaligtaran, ang Diyos ay hindi nagpapala sa mga sinungaling at mga nagtatago ng katotohanan.” (Bukhari,

2082/22)

"Ikaw ay hindi sumasampalataya sa Diyos maliban iyong hangarin para sa iyong kapatid ang anumang ninanais mo para sa iyong sarili." (Bukhari 13/7).



"Bawat isang Muslim ay nararapat na magbigay ng kawanggawa (Sadaqa-gumugol para sa kawanggawa), kung wala siyang maibigay bilang kawanggawa, nararapat siyang magtrabaho upang siya mismo ay makinabang at magkaroon ng kakayahan na magbigay ng kawanggawa, kung hindi siya makikita ng trabaho, tulungan niya ang iba (ito ay isang kawanggawa), kung hindi siya makita ng matutulungan, gumawa siya ng mga kabutihang at iwasan ang masamang gawain. Ito ay isang kawanggawa para sa kanya." (Bukhari 144/30)



"Kapag ang tao ay namatay, wala siyang makakamit na gantimpala malibang mula sa tatlong bagay; kawanggawa na patuloy na nakikinabang ang mga tao, karunungan o kaalaman na pinakikinabangan ng mga tao, at matuwid na anak na mananatili sa pagdarasal at paghiling ng pagpapala mula sa Diyos at kapatawaran para sa kanyang mga magulang." (ito ay maaari sa kapuwa mga babae at mga lalaki)

(Isinalaysay nina Muslim, Tirmidhi, at Nassa'i).

“Matakot Kay Allah saanman kayo naroon, sundan ang masamang gawa ng isang kabutihang asal na buburahin ito (masama), at makitungo sa mga tao sa kabutihang-asal.”

(Tirmidhi - 1987 at Ahmad51/153)



“Ang kabaitan ay isang moralidad; ang kasalanan ay kung ano ang makapagpapahiya sa’yo (na ikaw mismo ay hindi komportable) at kinasusuklaman mo na ito ay malaman ng iba.” (Muslim 15/2553)



“Ang isang malakas na tao ay hindi ang nakapagpapabagsak ng kanyang kalaban, kundi ang malakas na tao ay siya na nakapipigil sa kanyang galit.”

(Bukhaari, 5785) and (Muslim, 4853)



“Sinuman ang naniniwala Kay Allah at sa Araw ng Paghuhukom ay nararapat na mangusap ng mainam (mabuting pananalita) o kaya ay tumahimik na lamang, at sinuman ang naniniwala Kay Alalh at sa Araw ng Paghuhukom ay nararapat na makitungong mabuti sa kanyang kapitbahay, at sinuman ang naniniwala Kay Allah at sa Araw ng Paghuhukom ay nararapat na makitungong mabuti sa kanyang panauhin.”

(Bukhari,6018 at Muslim 74-47)

(Paalala: Ang lahat ng mga kawikaan na nabanggit sa itaas ay para sa mga kababaihan at kalalakhian)

Mga Kawikaan Ni Propeta Muhammad na Umuugnay Sa Pagkain at Gamot

Ang Pag-iwas ay higit na mainam kaysa sa lunas

Gayunman at si Muhammad ay hindi isang manggagamot, ang kanyang kawikaan na umuugnay sa pagkain, nakapagpapalusog na mga kaugalian sa pagkain, pagbibigay lunas at mga halamang gamot, at pamalit na medisina ang natipon sa mga aklat na nang huli ay nakilala bilang "Ang Medisinang Pang-Propeta"

Ipinahiwatig ni Muhammad sa maraming mga okasyon na ang tiyan ay ang pinakamasamang sidlan na pupunuin. Ang kaunting pagkain at ilang subo na makapapawi sa gutom ay higit na mainam kaysa sa punuin ang tiyan. Ang mga ito ay tumutulong ng malaki upang maiwasan ang mga kumplikasyong pangkalusugan


Ang tiyan, ang
Pinakamahina
ang bagay na
dapat punan

Hinimok niya ang kanyang mga kasamahan na kumain at uminom ng katamtaman lamang, iwasan ang pagpapataba at manatili sa aktibo at nakapagpapalusog na paraan ng pamumuhay. Binigkas niya ang mga Salita ng Diyos sa kontekstong ito sa Talata 31, Kabanata 7 ng Banal na Quran na nagsasabing;

"O mga anak ni Adan ! isuot nyo ang magagandang mga kasuutan sa bawat oras at sa lugar ng pagdarasal; magsikain at magsiinom kayo: subalit huwag maging alibugha (magmalabis sa pagsasayang). Siya (Diyos) ay hindi nagmamahal sa mga alibugha."



Si Muhammad ay nagreseta ng sebada (barley) Sa ngayon, isang malawak na pagsasaliksik ang nagpapakilala sa kamangmanghang mga pakinabang mula sa sebada. Ang damong sebada ay isang nakadaragdag na pagkain.



Ito ay nagtataglay ng malawak na espektro (spectrum) sustansiyang nagmumula sa isang organismong nabubuhay na gumaganap bilang isang katalista (isang sustansiya na nagpaparami sa antas ng mga reaksiyong kemikal na sa kanyang sarili ay hindi dumadaan sa permanenteng pagbabagong kemikal), mga bitamina, mga mineral, iba't-ibang biolohikal na mga aktibong tambalan ng kemikal na matatagpuan sa mga halaman (phytochemicals), at lahat ng kinakailangang mga asidong amino (amino acids) kabilang na ang bumubuo ng karamihan ay mga protina (Tryptophan) na tumutulong sa pag-iwas sa depresyon.


Sebada pangontra sa lungkot

Inirekomenda ni Muhammad ang sabaw ng sebada (talbinah) para sa hindi maayos na pakiramdam ng tiyan at nagpahiwatig sa kanyang hindi mapagtatalunan na mga kawikaan na ito ay nakatutulong upang mapawi ang kalungkutan at depresyon. Kaugalian na ng kanyang asawa na si Aisha na magrekomenda ng sabaw ng Talbina sa kanyang malapit na mga kamag-anak upang mapawi ang kalungkutan. (Bukhaari, 5365) and (Muslim, 2316)

Sang-ayon sa medikal na pagsasaliksik, ang sakit na depresyon ay natuklasang nagmumula sa pagbaba ng tiyak na mga kemikal sa utak na responsable sa kondisyon. Ang mga panlaban sa depresyon ay nagpapasigla sa pagbabago ng kemikal na nagpapataas ng antas ng mga sustansiyang kemikal na inilalabas mula sa dulo ng himaymay ng nerbiyo dahil sa udyok ng isang nerbiyo (neurotransmitters [ang pagpapakahulugan ay batay sa translate.google.com]).

Ang tatlong mga pangunahing neurotransmitter (tingnan ang kahulugan sa itaas) na umuugnay sa kondisyon ay serotonin, norepinephrine at dopamine (tingnan lamang sa google translate ang kahulugan ng 3 kataga na ito o kaya ay sa mga scientific or medical dictionaries para ganap na maunawaan ang kahulugan sapagkat ang mga ito ay wala pang tiyak na salin sa wikang Tagalog).

Natuklasang ang sebada ay nakakaimpluwensiya sa isang positibong paraan na nakapag-aalis ng depresyon. Ang pagrereseta ni Muhammad ng sebada noong 1400 taon na ang nakalilipas ay talagang hindi mapaniniwalaan.



Trigo o Sebada

Ibinubunyag na si Muhammad ay hindi malimit na kumukunsumo ng trigo, kundi kadalasan ay sebada at tinapay na yari sa harinang mula sa sebada.



Natuklasan na ang butil ng sebada ay maraming benepisyong pangkalusugan. Maaari nitong gawing normal ang asukal sa dugo, maiwasan ang pamumuo ng dugo, at nagpapababa ng paggawa ng kolestirol sa katawan.

Bahagi ng katuruan ni Muhammad () na kumain ng kaunti lamang na pagkain sa araw. Kung kakapat na mapuno ng tiyan ay hindi nararapat na mapuno ng higit sa dalawang bahagi nito. Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan na lagyan ng pagkain ang sangkatlong bahagi lamang ng tiyan, ang sangkatlong bahagi ay inumin at huling sangkatlong bahagi ay kailangang walang laman para sa paghinga.
(Mula sa: Miqdam Bin Ma'd Yakrib)

$\frac{1}{3}$ Pagkain
+
 $\frac{1}{3}$ Inumin
+
 $\frac{1}{3}$ Bakante



Ang Mineral Na Tubig Zamzam Zamzam ang pangalan ng mineral na tubig na bumubukal mula sa isang balon na mga 20 metro ang distansiya mula sa Ka'abah sa Sagradong Moske sa lungsod ng Makkah. Ang mga Muslim ay naniniwala na ito ay mahimalang bumabalong mula noong libong mga taon na ang nakalilipas nang si Ismael na anak ni Abraham ay nauhaw at nanatili sa pagpalahaw ng iyak at pagsipa sa lupa hanggang sa ang tubig ay bumukal (matapos na ang kanyang ina na si Hajar ay umubos ng maraming mga oras sa paghahanap ng tubig).

Ang tubig Zamzam ay alkalina (alkaline [pH=7.5]) at mayroong kakaibang lasa. (Paalala: ang pag-inom ng tubig na demineralisado [inalisan ng asin] tulad ng distiladong tubig ay lumilikha ng asido pH sa tiyan at sa mga bituka. Gayundin, ito ay nakapagpapalala ng kati o irita ng asido).

Sinabi ni Muhammad na ang tubig Zamzam ay pinagpalang tubig mula sa Diyos. Ito ay isang sapat na pagkain at gamot sa maraming karamdaman. (salaysay nina Bazzar at Tabarani).


Klasipikado ng U.S Food and Drug Authority na ang tubig mineral bilang nagtataglay ng mga 250 mga bahagi sa bawat milyong (ppm) kabuuang tinunaw na solido (TDS [Total Dissolved Solid]).

Ang kemikal na pag-aanalisa sa tubig Zamzam ay naghayag na ito ay nagtataglay ng 1000 ppm of mg/l, TDS. Gayunman, ito ay umaayon sa mga pamantayan (standards) ng World Health Organization.

Ito ay nakabubusog na pagkain na nagtataglay ng saklaw ng mga mineral na kinakailangang ng tao tulad ng calcium (na kailangan para sa pagpapalakas ng mga buto, at para sa puso, mga masel, at mga nerbiyos upang magtrabaho ng maayos), fluoride na kailangan para sa ngipin at bicarbonate na tumutulong sa pagtunaw ng pagkain.

Ang tubig Zamzam ay isa sa mga naiinom na tubig na mayaman sa kaltsyum (calcium). Ito ay mayroong 195 -200 mg/L na kaltsyum (ito ay halos 20% ng katampatang rekomendado sa araw-araw na paggamit ng kaltsyum para sa mga nasa hustong gulang (adults).

Ito ay higit na mataas kaysa sa maraming kilalang tubig mineral sa mundo tulad ng "Evian" (78-80 mg/L ng kaltsyum) at "Perrier" (147 – 150 mg/L ng kaltsyum)



Ang tubig mineral ay nagtataglay ng malawak na saklaw ng paggamit sa panggagamot na makapapawi at nagpagaling ng pamamaga ng mga kasu-kasuan at mga kalamnan, rayuma at sakit sa buto (arthritis)



Ito ang salitang "Rasul Allah" (Mensahero ng Allah) sa wikang arabik na sinulat sa isang maistilong anyo na makikitang katulad ng isang patak ng tubig. Sa kagandahang-loob ni Farid Al-Ali

Ang Trupel (Truffle) Bilang Medisina

Sinabi ni Muhammad: "Ang mga Trupel ay uri ng 'Manna' (ipinababa sa angkan ng Israel) at ang katas ng mga ito ay medisina para sa mga mata". (Bukhaari, 5708) and (Muslim, 5244)



Ang Trupel ay isang malaman na halamang-singaw na katulad ng kabute na nabibilang sa angkan ng halaman na Agaricaceae. Ito ay kumpol-kumpol na lumalago sa ilalim ng lupa (mga 2-50 sentimetro ang lalim) sa mahamog na lugar sa disyerto, walang mga ugat at mga dahon. Ito ay may kakaibang amoy at maaaring puti, abuhin, o putikin sa kanyang kulay.

Sang-ayon sa analitikal na pagsasaliksik , 77% ng tubig ang tinataglay ng Trupel at ang natitirang bahagi ay magkakahalong protina, mamantika o taba, carbohydrate at iba pang mga material.

Gayunman, ang makabagong pagtuklas na pangsiyensiya ay nagpapahiwatig na ang likido ng trupel ay mayroong epektibong lunas para sa maraming karamdaman ng paningin kabilang ang Trachoma na isang nakahahawang sakit sa mata na sumisira sa mga selula ng kornea (cornea).



Si Muhammad at ang langis ng oliba

Inilarawan ni Muhammad ang langis ng oliba bilang ito ay nagmumula sa isang pinagpalang puno. Inirekomenda niya sa kanyang mga kasamahan na kumain ng langis ng oliba at ito ay ipahid sa kanilang katawan. (Tirmithi, 1851)

Ang lahat ng makabagong siyentipikong pagtuklas ay nagpapatotoo na ang langis ng oliba ay punong-puno ng mga benepisyong pangkalusugan. Karamihan sa mga mamantikang asido na bumubuo sa langis ng oliba ay nagmumula sa monounsaturated fat (mainam na mamantika o taba) na nagbibigay ng proteksyon laban sa karamdaman sa puso sa pagkontrol sa antas ng LDL (masamang kolestirol) habang itinataas naman ang mga antas ng HDL (mainam na mamantika o taba).

Ang langis ng oliba ay disimulado sa tiyan. Ang mapagalagang paggawa nito ay mayroong kapakinabang na epekto para sa paggamot sa mga ulcer at kabag.



Ang Extra Virgin Olive Oil, mula sa unang piga ng mga oliba ay nagtataglay ng mataas na antas ng mga anti-oxidant, partikular sa bitamina E at phenol, sapagkat ito (langis ng oliba) ay hindi naproseso.

Sa ngayon, ang langis ng oliba ay pinaniniwalaang mainam na gamot sa mga problema sa balat at epektibong sebo de matso.

Sa mga nasa panganib sanhi ng diabetes ay pinapayuhan na haluan ng langis ng oliba ang kanilang pagkaing mababa sa taba o mamantika. Ipinakikita ng pag-aaral na ang ganitong kombinasyon ay

napakahusay sa pagkontrol sa mga antas ng asukal sa dugo (blood sugar) kung ihahambing sa diyeta sa mga pagkaing mababa sa taba (Fat).

"Ang Allah (Diyos) ay Siyang Liwanag ng mga kalangitan at kalupaan. Ang halimbawa ng kanyang liwanag ay kahalintulad ng isang lugar na mayroong lampara (ilawan), ang lampara ay nakapaloob sa isang kristal; ang kristal ay tila isang nagniningning na perlas, na pinagningas sa pamamagitan ng pinagpalang puno ng oliba; hindi ng silangan, ni ng kanluran; na ang langis ay halos magliwanag (magsiklab) na kusa sa kanyang sarili gayunman at ito ay hindi nasasaling ng apoy; liwanag sa ibabaw ng liwanag; Ginagabayan Ng Allah sa Kanyang liwanag ang sinuman na Kanyang ninanais; At Ang Allah ay naglalarawan ng mga halimbawa sa sangkatauhan; sapagkat Ang Allah ay Nakababatid ng lahat ng mga bagay."

Kapitulo

11

Epilogo

Ang Moske Ni Propeta Muhammad
(AL-Masjid AL-Nabawi)
Madinah, Saudi Arabia

Pansinin: Ang bahay at ang libingan ni Propeta
Muhammad ay nakadikit sa moske.



Si Muhammad bilang Tao

Naitala sa kasaysayan ang kahanga-hanga at makataong pakikitungo ni Muhammad sa mga tao. Ang kanyang paanyaya at mga aral ay batay sa kahinahunan at pagkakapatiran. Ang karalitaan at kahirapan ay walang lugar sa kanyang kaugalian at pangangasiwa.



Si Michael Hart ay nagpahayag sa kanyang aklat na "The 100; A Ranking of the Most Influential Persons in History":

Tungkol sa abang pinagmulan, Si Muhammad ay nagtatag at nagpalaganap ng isa sa mga kilalang relihiyon at naging isang labis na epektibong pinunong pulitikal. Sa ngayon, makaraan

"Sa hindi mapapantayan na kumbinsiyong ito ng impluwensiyang sekular at relihiyon ang nararamdaman kong karapat-dapat kay Muhammad na mapaniwalaan bilang nag-iisang pinakamaimpluwensiya sa kasaysayan ng tao".

Michael Hart

ang labingtatlong siglo matapos na siya ay mamatay, ang kanyang impluwensiya ay nananatiling makapangyarihan at lumalaganap. Ang karamihan sa mga tao sa kanyang aklat, ay may kahigitang isinilang at lumaki at mga sentro ng sibilisasyon, mataas na antas ng kultura at mga bansang napalilibutan ng pulitika."



Ito ang salitang "Muhammad" sa arabik na nakadiseno sa isang inanyuang istilo ng pagsulat.

isinilang sa taong 570 CE. sa lungsod ng Makkah, sa timog na bahagi ng Arabia, na sa panahong iyon ay walang kaunlarang bahagi ng daigdig, malayo sa mga sentrong pangkalakalan, sining at pag-aaral."

Malamang na ang umuugnay na impluwensiya ni Muhammad sa Islam ay na naging mas malaki kaysa sa pinagsamang impluwensiya ni Hesukristo at Sto. Pablo sa Kristiyanismo. Sa dalisay na antas pang-relihiyon. pagkatapos ay tila nakikita nating ang impluwensiya ni Muhammad ay katulad rin ng impluwensiya ni Hesus."

Muhammad, Ang Pinuno

Sa pagpapahayag tungkol Kay Muhammad ang Manunulat na taga-Pransiya (France) at pulitiko na si Alphonse de Lamartime ay sumulat sa kanyang aklat na "Histoire de la Turquie:



" Kung kadakilaan ng layunin, kaliitan (kaunti) ng mga pinagkukunan, at kalawakan (kalakihan) ng resulta ang tatlong bagay na sukatan ng pagiging henyo ng isang tao, sino sa mga kinikilalang tao sa makabagong kasaysayan ang maihahambing kay Muhammad,? "

"Walang tao kailanman ang humiling para sa kanyang sarili, kusang-loob man o hindi, ng isang hangaring higit na dakila, sapagkat ang hangaring ito ay hindi masusukat: nagpawalang-saysay sa mga pamahiin na inilagay sa pagitan ng nilikha at ng Manlilikha, nagpapanumbalik ng Diyos sa



tao at ng tao sa Diyos, nagpapanumbalik sa makatuwiran at makadiyos na kaisipan tungkol sa kabanalan sa gitna ng nananaig na kaguluhan dahil sa materyal na bagay at at bumasag sa mga diyos ng idolatriya. Walang tao ang nagtagumpay sa gayong kalawak at mahabang rebolusyon sa daigdig sa ganoon lamang na maikling panahon.

Sinabi rin ni Lamartine na si Muhammad ay hindi gumamit ng mga sandata at mga emperyo upang makalikha ng isang kapangyarihang materyal subalit pinakilos niya ang mga kaisipan, mga paniniwala, at mga kaluluwa. Nagtatag siya sa pamamagitan ng Aklat; na ang bawat titik ay naging isang batas; isang ispirituwal na nasyonalidad na sumasakop sa mga tao ng lahat ng wika at mga angkan o lahi sa daigdig.

Si Muhammad, Ang Sugo ng Diyos

Ang kuwento tungkol kay Suraqah; isang prediksyon na nangyari pagkalipas pa ng 20 taon : Nang si Muhammad ay lumikas patunong Madinah kasama ng kanyang malapit na kaibigan na si Abu Bakr (622 CE), ang mga pinuno ng Makkah ay naghayag ng tungkol sa 100 kamelyo para sa sinumang makapagdadala kay Muhammad sa kanila, patay man o buhay.

Sa kasawiang-palad, si Muhammad at ang kanyang kasama ay natunton ng isa sa mga kabalyerong Arabo na ang pangalan ay Suraqah bin Malik na natukso sa malaking gantimpala. Sa daan, ang kanyang kabayo ay natapilok at nagpasuray-suray hanggang nadapa ng ilang ulit. Ipinagpalagay niya ang hindi karaniwang pangyayaring ito bilang isang hindi direktang mensahe na si Muhammad ay malamang na sinusupportahan ng banal na kapangyarihan.

Nang si Suraqah ay lumapit kay Muhammad, sinabi sa kanya ni Muhammad: "bumalik ka sa iyong pamayanan at ipinapangako ko sa iyo na isang araw (sa ilalim ng Estado ng Islam) maisusuot mo ang pulseras ni Chosroes, ang Pinunong Persiyano." Si Suraqah ay nagtatakanag nagtanong kung ang kahulugan ba nito ay ang pulseras ni Khusrow bin Hormuz, ang Emperador ng Iran. Si Muhammad ay tumugon "Oo" na buong-buo ang tiwala. Nagkaroon siya ng malakas na pananampalataya na ang relihiyong Islam ay makararating sa Persiya at magiging



Si Suraqah ay nagbalik sa Makkah subalit hindi niya niyakap ang Islam hanggang sa masakop ni Muhammad ang Makkah sa mapayapang paraan, 8 taon makalipas ang pangyayaring iyon ([kay Suraqah] [630 CE).



Si Muhammad ay pumanaw noong 632 CE at ang kanyang pangako kay Suraqah ay pinaniwalaan ng kanyang mga kasamahan bilang tunay at mangyayari isang araw.

Lumipas ang panahon hanggang si Omar Bin AL-Khattab ay naging ikalawang kalipa (pinuno ng Estadong Islam). Sa panahong ito, ang Islam ay nakarating na sa Persiya sa taong 642 CE at ang lahat ng kayamanan ni Khusrow, ang Emperador ng Persiya ay bumagsak na sa pamamahala ni Omar.

Naalala ni Omar ang kuwento tungkol kay Suraqah at nag-utos sa kanyang mga kasamahan na siya (Suraqah) ay dalhin (20 taon na ang nakalipas nang maganap ang kuwento at si Suraqah ay matanda na).



Matapos ang kongregasyong pagdarasal, Si Omar ay nagsabi kay Suraqah: "Narito ang mga pulseras ni Khusrow, ang Emperador ng Persiya, ito ang ipinangako sa iyo ni Muhammad. Isuot mo ang mga ito at hayaang makita ng mga Muslim upang matiyak ng bawat isa na ang pangako ni Muhammad ay natupad."

Naiyak si Suraqah at ang bawat isa ay lumuha. Ang prediksyon ni Muhammad ay naging isang tunay na pangyayari makalipas ang 10 taon mula ng siya ay pumanaw.

Ang Istorya ng susi ng Ka'abah hanggang sa ngayon:

Nang taong 630 CE, Si Muhammad ay nagwagi laban sa mga pinuno ng Makkah at napasok ang Makkah na mapayapa. Bumalik siya sa lupang sinilangan hindi upang mamalagi doon sa buong buhay niya kundi upang alisin ang paganismo at palayain o ibalik ang orihinal na layunin ng Kaabah



(ang kubikong gusali na itinatag ni Propeta Abraham upang sambahin ang lisang Diyos). Inalis niya ang lahat ng mga idolo o rebulto mula sa palibot ng Kaabah at nag-utos sa isa sa kanyang mga kasamahan na si Bilal na umakyat sa tuktok ng Kaabah at manawagan o mag-anyaya:

*"Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila,
Ako ay sumasaksi na walang Diyos kundi
Ang Allah, at ako ay sumasaksi na si
Muhammad ay Kanyang mensahero.*

الله أكبر
أشهد أن لا إله إلا الله
وأشهد أن محمداً رسول الله





Kinailangan ni Muhammad ang susi ng pinto ng Kaabah, kung kaya tinawag niya si Othman Bin Talha (na kabilang sa angkan ng Shayba [Bani Shayba]) na siyang nag-iingat ng susi ng pinto ng Ka'abah. Mahalagang malaman na may naganap na isang kasunduan bago dumating ang Islam na kung saan ang karangalan sa pagiging isang tagapangalaga ng Ka'abah ay ipinagkaloob sa angkan ni Shayba . Ang karangalan at responsibilidad na ito ay naipasa mula sa mga kanunu-nunuan hanggang sa mga anak ng gayunding angkan hanggang ito ay makarating kay Othman Bin Talha.

Si Othman Bin Talha ay isang bagong muslim nang panahong iyon. Maraming taon na ang nakalipas, hindi niya pinapapasok man lamang sa Ka'abah si Muhammad upang makapagpagdasal sa loob nito tulad ng ibang tao sapagkat siya ay hindi naniniwala sa kanya. Nang si Muhammad ay bumalik sa Makkah, walang nagawa si Othman kundi ibigay sa kanya (Muhammad) ang susi at maalis ang karangalan sa pag-iingat nito.

Nang mga sandaling iyon ay maraming tao ang humiling kay Muhammad na pagkalooban sila ng karangalan sa pag-iingat sa susi ng Ka'abah at libong mga Muslim ang nakatingin kay Muhammad upang kanilang makita kung sino ang magiging tagapangalaga ng susi ng Ka'abah.

Pagbasag sa isang sandali ng katahimikan, binuksan ni Muhammad ang pinto ng Ka'abah at inalis ang mga idolo na nasa loob nito. Tumingin siya kay Othman Bin Talha at sinabi sa kanya (bilang paggalang sa mga naunang kasunduan):

"Ngayong araw na ito ay araw ng katapatan at pagkatakot sa Diyos ! Kunin mong muli ang susi, sapagkat mula ngayon hanggang sa Araw ng Paghuhukom, walang sinuman ang maaaring kumuha nito mula sa inyo (ang Bani Shayba) maliban kung siya ay isang mapang-away (aggressor)."
Narrated by al-Tabaraani in al-Kabir (11/120) No. : 11234,



Isang sandali ng katapatan na nanatili hanggang sa kasalukuyan: Maaaring kayo ay magulat kung inyong malaman na ang susi ay nanatiling nasa pangangalaga na mga inapo ng angkan ng Shayba (Bani Shayba) hanggang sa NGAYON !

Mahigit na 1400 taon na ang nakalipas at ang susi ay nanatiling ipinapasa mula sa isang henerasyon ng angkan ng Shayba patungo sa isang henerasyon. Hanggang sa ngayon, walang sinuman ang nangangahas na ito ay kunin mula sa kanila sapagkat kung ito ay kaniyang gagawin, siya ay ipagpapalagay na isang mapang-away (aggressor) sang-ayon sa deskripsiyon ni Muhammad.

Sa mga panahong ito, kapag ang mga awtoridad ng Saudi ay nagsasagawa ang kanilang taunang paglilinis at paghahanda sa Kaabah para sa taunang ritual ng Hajj, sila ay nakikipag-ugnayan sa isang miyembro ng pamilya mula sa angkan ng Shayba (na sa kasalukuyan ay isa nang pamilyang Saudi) upang buksan ang pinto ng Kaabah para sa kanila.



Karen Armstrong, ang May-Akda ng "Muhammad a Prophet for Our Time" ay nagbanggit na kinakailangang pag-aralan natin ang buhay ni Propeta Muhammad sa isang walang kinikilingan o balanseng pamamaraan upang mabigyan natin ng pagpapahalaga ang kanyang mga napagtagumpayan. Mayroon siyang mahalagang mga leksyon, hindi lamang para sa mga Muslim, kundi para din sa mga taga-kanluran.

Si Muhammad sa literal na pagpapakilala sa kanya ay nagpawis sa pagsisikap na makapaghatid ng kapayapaan sa Arabia na winawasak ng digmaan ng panahong iyon. Ang kanyang buhay ay isang walang kapagurang kampanya laban sa pagiging ganid, kawalan ng katarungan at pagiging arogante.

Si Karen ay nagtitiwala na kung nais nating maiwasan ang trahedya o malaking sakuna at kasawian, ang daigdig ng mga Muslim at ng mga taga-kanluran ay kinakailangang matuto hindi lamang sa pagtitimpi kundi pati na sa pagkilala at pagpapahalaga sa isa't-isa. Isang mainam na simula ay ang kasama ang pagkatao ni Muhammad.





Pinto na Tubog sa ginto mula sa Moske Ni Propeta Muhammad (AL-Masjid AL-Nabawi), Madinah, Saudi Arabia




Kapitulo

12

Islamikong Sining, kaligrapya at Arkitektura



Larawang kuha ni Peter Gould. Sultan Qaboos Grand Mosque sa Oman.



Islamikong Sining At Kaligrapiya, Bahrain

Peter Gould - Australia: Siya ay isang taga-disenyo ng Australya na may isang simbuyo ng damdamin para sa kontemporaryong graphic na disenyo, sining, photography at ang mayaman visual at espirituwal na mga tradisyon ng Islam. Ang kanyang mga paglalakbay at pag-aaral sa buong mundo ng mga Muslim ay nagbigay inspirasyon sa isang natatanging kultural na reaktibo sa pagsasama sa isang daigdig ng hindi pagkakaunawaan. Ang gawa ni Pedro ay umaabot sa maraming madla sa lokal at sa ibang bansa sa pamamagitan ng mga eksibisyon at pakikipagtulungan sa iba pang mga artist.

Peter Sanders, UK

Si Peter Sanders ay isang propesyonal na retratista na taga-Britanya. Siya ay nagsimula sa kanyang karera noong kalagitnaan ng 1960. Siya ay




nagtayo ng isang sinupan ng mga retrato na mayroong mahigit sa sangkapat na milyong mga larawan mula sa buong daigdig. Ang kanyang unang aklat "Sa Lilim Ng Puno" (In The Shade

Of The Tree") ay nagbibigay ng isang kahanga-hangang pananaw sa pagkakaiba-iba ng mga kultura ng Muslim sa buong daigdig. Si Sander ay pinili ng pamahalaan ng Morocco upang kunan ng larawan at idokumento ang pinakamahalagang mga moske at arkitekturang Islamico sa Morocco.



Hassan Çelebi, Turki

Siya ay isa sa mga pinakatanyag na mga Kaligrapong Islamiko sa buong daigdig. Simula pa nang siya ay nagsimulang magturo ng Kaligrapiyang Islamiko noong 1976, nagkaloob siya ng "ijazah" (diploma sa kaligrapiyang islamiko) sa mahigit na 40 mga mag-aaral mula sa buong daigdig. Nakagawa siya ng kakaibang mga piyesang kaligrapiya para sa mga bantog na makasaysayang lugar at mga moske sa buong daigdig. Ang mga halimbawa ng mga ito ay; Ang Moske ni Propeta Muhammad at ang Moske sa Quba' sa Madinah, Saudi Arabia, Ang Bughaw na Moske sa Istanbul, Moskeng Fatih sa Pforzheim sa Germany, ang Moskeng Jum'ah sa Johannesburg sa Timog Aprika, ang Moskeng Almati Jum'ah sa Kazakhstan at ang Islamic Medical Center sa Kuwait.



Mohamed Zakariya, USA

Si Mr. Zakariya ay isang Amerikanong Kaligrapo na kinilala bilang prominenteng Ambasador ng Sining ng Kaligrapiyang Islamiko sa America. Natutunan niya ang Kaligrapiyang Arabik at Islamiko noong siya ay 19 na taon sa Morocco, Espaniya at Inglatera. Siya ang unang Amerikano na nagtamo ng dalawang lisensiya sa Kaligrapiyang Islamiko sa Turkey. Siya ay kilala rin sa kanyang disenyong "Eid Greetings" ng US Postage Stamp (ang kahulugan ng Eid ay kapistahan). Pangunahin niyang tinutukan ang klasikal na Kaligrapiya na Arabik at Ottoman Turkish.



Ang Kaligrapiyang ito ay isang pagpapakilala para sa talata: " Ang gantimpala ba ng kabutihan (ay iba pa) maliban sa kabutihan?"
Ang Banal na Quran Talata 60, Kabanata 55

Nuria Garcia Masip, Espanya

Siya ay isang Propesyonal na Kaligrapo mula sa Ibiza, Espanya. Matapos matanggap ang kanyang katibayan sa pagtatapos ng literatura mula sa The George Washington University sa U.S.A., siya ay nag-aral ng Islamikong Sining sa Morocco at pagkatapos ay sa Istanbul kung saan ay tinanggap niya ang kanyang diploma sa Kaligrapiyang Islamiko noong 2007. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Karerang Kaligrapiko sa pamamagitan ng mga pagtatanghal, mga paligsahan, at mga pagawaan (workshop), pabalik-balik sa pagitan ng Estados Unidos, Morocco, Turkey, Europa, Timog Aprika, at Gitnang Silangan. Ang kanyang mga gawa ay muling bumubuhay sa mga tekstong klasikal sa pamamagitan ng kaakit-akit na pagtatanghal.



Salva Rasool, India

Si Salva ay nagtapos ng Degree of Applied Art mula sa Mumbai noong 1995. Itinambal niya ang isang magkabagay na elemento sa bawat kategorya na kanyang kinakatha sa pamamagitan ng pagpapanatili sa balanse sa pagitan ng orihinal na tekstong arabik at ng kanyang makabagong kontemporaryong likhang-sining. Siya ay nakilala sa malikhaing paghahalo ng mga hindi kinaugaliang mga materyales tulad ng terracotta, seramiko, palayok, salamin (glass) at katad sa kanyang mga gawa.



"Sa Ngalan Ng Allah, Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin"

"Ang lahat ng papuri ay tanging Kay Allah, ang Panginoon ng mga daigdig. Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin, Hari sa Araw ng Paghuhukom. Ikaw lamang ang aming sinasamba at sa Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong. Patnubayan Mo kami sa wastong (matuwid) na landas. Ang landas ng mga pinagkalooban Mo ng Iyong mga pagpapala, at hindi ang landas ng mga nag-ipon ng Iyong galit at hindi ang landas ng mga naligaw". Ang Banal na Quran, Kabanata 1




Ang piyesa na ito ay nagpapakita ng pangunahing kabanata sa Banal na Quran na binibigkas ng mga Muslim sa kanilang araw-araw na pagdarasal. Ito ay tinatawag na "AL-FATIHA" ang kahulugan nito ay; "Ang Pambungad"

Celina Cebula, Poland

Nagtapos mula sa Unibersidad ng Pedagogal sa Cracow at dalubhasa sa sining pangdekorasyon at edukasyon sa sining. Sa kanyang natatanging talento sa magkahalong kaligrapiya at pagpipinta, nagawa niyang makapaglawaran ng mga bagong pagpapakahulugan sa masining na mga disenyo.

Ang salitang Muhammad, ang Mensahero ng Diyos sa Arabik, inilagay sa isang salamin na may makulay na likuran. ▶



"Malibang ikaw ay magpakita ng awa sa iba, ikaw ay hindi kaaawaan ng Allah".



"Ang hindi nagpapasalamat sa tao ay hindi rin nagpapasalamat sa Diyos".

Haji Noor Deen, China

Ipinanganak noong 1963 sa Shangdong lalawigan, Tsina. Siya ay isa sa mga pinaka-kilala sa kaligrapiya na lumikha ng isang natatanging ugnayan sa pagitan ng Tsina at kaligrapikang arabik.



Ang artistikong piyesa ay nagpapahiwatig ng: "Walang Diyos kundi Si Allah, at si Muhammad ay Mensahero Ni Allah". Ang simboryo sa ibabang bahagi ay anyo mula sa pahayag na: "Si Muhammad ay Mensahero Ni Allah".

壬午年夏
米庵江書



Nobuko Sagawa, Japan

Siya ay isa sa mga pinakatanyag na mga Sertipikadong mga Dalubhasang Hapon sa Kaligrapiyang Arabik. Siya ay nakapag-aral ng Fine Arts sa Japan at naging interesado sa Kaligrapiyang Arabik. Si Mrs. Sagawa ay nagpaunlad ng isang istilo ng "kolaborasyon" sa mga kumbinasyon ng mga titik Hapon (kana), mga titik Tsino (kanji) at mga titik Arabik.

Ang kanyang talento sa pagdadalubhasa sa "thuluth" at "Kufi" ng mga titik na Arabik ay nakapagbigay sa kanyan ng kakayahan na makapagparami ng mga malikhaing disenyo para sa kaligrapiya.



*"At ikaw ay hindi Namin isinugo
kundi bilang isang tagapaghatid
ng mabuting balita at
tagapagbabala sa mga tao".*

Ang Banal na Quran, Talata 28, Kabanata 34




Farid Al-Ali, Kuwait

Siya ang direktor ng Kuwait Center of Islamic Art at isa mga pinakakilalang mga artista sa Gitnang Silangan dahil sa mapamaraan na mga disenyo at malikhaing sining na ito. Noong 2005 ay inilabas niya ang "Muhammadeyat", isang koleksyon ng 500 likhang-sining na mga disenyo na pinarami mula sa salitang "Muhammad" sa Arabic (tingnan sa ibaba). Ang 500 mga disenyo ay magkakahiwalay sa 11 mga grupo (malambot, parisukat, heksagunal, walong sulok, at iba pa). Karagdagan pa, si Mr. AL-Ali ay nakagawa rin ng gayunding koleksyon sa "Muhammadeyat", subalit mula sa salitang "Allah"



Mohammed Mandi, U.A.E.

Dahil sa kanyang kakaibang karanasan at malikhaing mga disenyo, siya ay naging nominado na magdisenyo ng Kaligrapiyang Arabik sa papel de bangko at mga pasaporte ng U.A.E. at marami pang mga bansa. Karagdagan pa, siya ay naging nominado na mamahala sa mga disenyong kaligrapiko sa Shaikh Zayed Grand Mosque sa Abu Dhabi, U.A.E. at marami pang mga moske sa daigdig.

 Isang artistikong disenyo ng salitang "Muhammad" batay sa titik Arabik (magkakahiwalay na mga titik). Ito ang pangunahing sangkap ng piyesa na idinisenyo ni Mr. Mandi na sumasalamin sa malinaw na pagkakasundo sa pagitan ng mga artistikong disenyo at ng salitang "Muhammad" sa Arabik at mga titik Ingles.



MUHAMMAD



MUHAMMAD



MUHAMMAD



Ang Malaking Moske ng Kuwait: Ang larawan ay kinunan ng photographer na si Ahmad Al Amiri sa ika-27 na gabi ng buwan ng buwan ng Ramadan na pinakamataas na oras para sa mga panalangin. Ang moske ay maaaring tumanggap ng higit sa 45,000 katao kabilang ang mga panlabas na lugar.





Ang mga Muslim ay nagwawakas ng buwan ng Ramadan mula sa liwayway hanggang sa paglubog ng araw. Sa gabi, ang mga Muslim ay gumagawa ng mga dagdag na panalangin.






Ang Sheikh Zayed Grand Mosque, sa Abu Dhabi, U.A.E.: Ito ang pinakamalaking Moske sa United Arab Emirates at ang ikawalong pinakamalaking Moske sa buong daigdig. Ang kinatatayuan nito ay katumbas ng humigit-kumulang sa sukat ng limang palaruan ng football. Ang Moske ay maaaring tumanggap ng mahigit sa 40,000 sumasamba. Ito





ay may 82 mga simboryo na ang taas ng bawat isa ay 107m. Ang Moske ay mayroong pinakamalapad na alpombra (carpet) sa buong daigdig na ang sukat ay 5627 metro kuwadrado at ang pinakamalaking chandelier sa buong daigdig(15m ang taas at 10 m ang diametro). Ang Moske ay ipinagpalagay na isa sa pinakamahalagang mga atraksyon sa U.A.E.





Ang Jumeirah Mosque Sa Dubai, U.A.E.: Isa sa mga kaakit-akit na mga Moske sa Dubai na sumasalamin sa mga modernong arkitekturang Islamiko.



Ang King Hussein Mosque sa Amman, Jordan: Ito ay pinasinayaan noong 2005 bilang isa sa pinakamalaking mga Moske sa Amman na sumasalamin sa modernong sining islamiko at kaligrahiya. Sa kuwadrang hugis at apat na mga minaret, matatanaw ang lungsod ng Amman sapagkat ito ay itinayo sa ibabaw ng isang bundok na ang sukat ay humigit-kumulang sa 1000 metro ang kataasan sa dagat.



Ang Ahmed AL-Fateh Mosque, sa Kingdom of Bahrain: Ito ay binuksan noong 1988 ng Huling Amir ng Bahrain na si Sheikh Issa bin Salman Al-Khalifa. Ang moske ay sumasakop sa sukat na 6,500 metro kuwadrado at makasapat sa hanggang 7,000 na mga sumasamba. Ang Moske ay sumasalamin sa isang malinaw na timpla ng pinaghalong arkitekturang Islamiko at lokal na pamana.





Ang AL-Saleh Mosque sa Sanaa, Yemen: Ito ang pinakamalaking Moske sa Yemen. Ito ay binuksan noong 2008, na may kabuuang sukat na humigit-kumulang sa 224,000 metro kuwadrado at isang kapasidad na 40,000 na mga sumasamba. Ang Moske ay itinayo sa arkitektural na istilo ng Yemen. 6 na malalaking mga minaret.





Ang Sultan Qaboos Grand Mosque sa Oman: Ito ang pinakamalaking moske sa Oman. Ito ay binuksan noong 2001 at mayroong ikalawa sa pinakamalaking alpombra (carpet) sa buong daigdig na hinabi ng kamay at aranya ([chandelier],[ang sukat ng moske ay 416,000 metro kuwadrado, ang pasikut-sikot nito ay umaabot sa 40,000 metro kuwadrado]).





Ang AL-Aqsa Mosque sa Jerusalem: Pinaniniwalaan ng mga Muslim na ito ang ikalawang moske na inilagay sa mundo para sa sangkatauhan upang sambahin ang lisang Diyos (Pansinin: Ang una ay ang Sagradong Moske sa Mecca). Ang AL-Aqsa ay isang sagradong lugar para sa mga Muslim at ang dati at unang Qibla [ang lugar na kung saan humaharap mga Muslim sa pagdarasal sa Diyos] sa Islam.

Ngang dumating ang rebelasyon mula sa Diyos ayon sa Quran, ang mga Muslim ay inutusan na palitan ang "Qiblah" paharap sa Moske ng Santuwaryo sa Makkah kung saan ang Kaabah [ang gusaling hugis kubiko na itinayo ni Propeta Abraham, sumakanya ang kapayapaan, upang sambahin ang Diyos]). Ang kabuuang sukat ng AL-Aqsa Mosque/Santuwaryo ay halos 14.4 ektarya o 144,000 metro kuwadrado. Kinabibilangan ito ng dalawang importanteng templo, ang "Qibli Masjid" (kung saan ang Imam ay karaniwang namumuno sa mga pagdarasal at ang "Simboryo ng Bato" (Dome of the Rock).





Ang Simboryo ng Bato sa Jerusalem: Ito ay isang Templong Islamiko at isang Mosque na itinayo sa panahong nasa pagitan ng 688 -692 CE ng Kalifang Ummayyad na si Abdul Malik Bin Marwan sa ibabaw ng bato na pinaniniwalaan ng mga Muslim na siyang lugar kung saan mula rito, si Propeta Muhammad, sumakanya ang kapayapaan, ay umakyat sa mga kalangitan.

Ito ay isang gusaling na may walong sulok (octagon) na mayroong ginintuang simboryo na ang diametro ay 29.4 metro.





Ang Umayyad Mosque, Sa Damascus, Syria:

Ang Moskeng Ummayad ay itinatag (noong 706-715 CE) sa ilalim ng Kalipang Umayyad na si AL-Walid. Ito ay isa mga pinakamalaki at pinakamatandang moske sa buong daigdig na mayroong nakapalaking kahalagahang arkitektural (ang loob ng moske ay humigit-kumulang sa 4000 metro kuwadrado.

Noong 2001 si Pope John Paul II ay bumisita sa Moske, upang dalawin ang mga labi ni Juan Bautista, Ito ang unang pagkakataon na ang isang Papa ay bumisita sa isang Moske. Ang minaret sa bahaging Timog ay tinawag na Minaret ni Hesus na katulad ng pinaniniwalaan ng maraming Muslim, sa pagbabalik Hesus, siya ay bababa sa malapit sa Minaret na ito.




Ang Great Mosque of Samarra, sa Iraq:

Ito ay isang ika-9 na siglong moske na nakatayo sa Lunsod ng Samarra sa Iraq. Ang Moske ay nasimulang maipatayo noong 848 at nakumpleto noong 851 ng Kalipang Abbasid na si AL-Mutawakkil.

Ang Great Mosque of Samarra ay minsang naging pinakamalaking moske sa buong daigdig; ang minaret nito, ang Toreng Malwiya, ay isang malawak na papilipit (hugis suso) na 52 metro ang taas at 33 metro ang luwang na may papilipit na rampa. Ang Moske ay maayroong 17 mga pasilyo, at ang mga dingding nito ay palatadong asul na salamin, Ang minaret ay istilo ng Babylonian ziggurat.




Ang Sultan Ahmet Mosque sa Turkey: Higit na kilala bilang ang "Bughaw na Moske" (Blue Mosque), may mga simboryong kaskad (cascade domes) at anim na mahagway (slender) na mga minaret. Komisyonado ni Sultan Ahmet ng Emperyong Ottoman noong ika-17 siglo. (ang pagpapatayo ay sinimulan noong 1609 at natapos sa loob ng 7 taon.)








Ayasofya, Istanbul, Turkey: *Aya Sofya (Hagia Sophia) sa Istanbul, Turkey. Ito ay isang dating simbahang Byzantine na nagsilbing isang Moskenng Ottoman sa loob ng humigit-kumulang sa 500 taon. Ito ngayon ay isang museo at isang malaking atraksyong pang-turismo.*







Ang Taj Mahal sa Agra, India: Ito ay hindi moske, kundi isang musuleo (gusaling libingan na sumasalamin sa arkitekturang Islamiko na ipinatayo ni Shah Jahan (1592 - 1666) bilang alaala ng kanyang asawa. Dahil sa kakaibang disenyong arkitektural, ito ay ipinagpalagay bilang isa sa mga mahalagang atraksyong pangturismo sa daigdig.






▲ *Ang Jama Masjid sa New Delhi, India:*
Ang pinakamalaking moske sa India, itinayo noong 1656


▼ *Red Fort, Agra, India*





▲ Ang Faisal Mosque sa Islamad, Pakistan Ang Lahore Fort sa Pakistan ▼





▲ *Ang Star Mosque sa Dhaka,
Bangladesh*

*Ang Auburn Gallipoli Mosque sa
Sidney, Australia ▼*





▲ *Ang Sultan Mosque*
sa Singapore

Ang Sultan O.A. Saifuddin Mosque
sa Brunei ▼





249

▲Turkish Mosque sa Tokyo, Japan Moske sa Pattani, Thailand ▼





▲ *Ang Crystal Mosque, sa Kuala Terengganu, Malaysia*

Ang Moske ay yari sa Kristal. Ito ay nakatayo sa Islamic Heritage Park sa isla ng Wan Man. Ito ay opisyal na binuksan noong 2008.

Ang Putrajaya Mosque sa Malaysia ▼








▲ Ang Kuantan Mosque sa Malaysia

Moske sa Perak, Malaysia ▼





Ang AL-Azhar Mosque sa Cairo, Egypt: Itinayo noong 971 CE. Konektado sa pinakamatatandang mga Unibersidad sa buong daigdig (binuksan noong 988 CE).



Ang Ahmad Ibn Tulun Mosque sa Cairo, Egypt: Nakumpleto noong 879 CE, isa sa pinakamalaki sa buong mundo, (ang sukat ay 26,318 metro kuwadrado) ito ay tanyag rin dahil sa kanyang kaibig-ibig na arkitektura at 253 kakaibang minaret.





Ang Mezquita ng Cordoba sa Espanya: Ang Mezquita ay salitang espanyol para sa "Moske". Ito ay isang ika-8 Siglong Moske na dinisenyo ng mga Arkitektong Islamiko sa ilalim ng sepebisyon ng Emir ng Cordoba na si Abdul Rahman II (822-852). Sa ngayon, ang Mezquita ay ang Katedral ng Cordoba (Opisyal na Katedral ng St. Mary of Assumption).





Ang Alhambra Calat sa Espanya: Tinawag din na "ang pulang muog". Ito ay isang palasyo at pasikut-sikot na muog, itinayo sa panahon ng pamamahala ng Sultan na Muslim ng Granada (1353-1391CE). Sa ngayon ay isa na ito sa mga malalaking atraksyong pangturismo na nagtatanghal ng pinakatanyag na arkitekturang Islamiko sa Espanya. Pansinin: Sa loob ng Alhambra, ang Palasyo ng Romanong Emperador na si Charles V ay itinayo noong 1527 CE.




Ang Hassan II Mosque sa Casablanca, Morocco: Ito ay nakumpleto noong 1193. Dinisenyo ng Arkitektong Pranses na si Michel Pinseau. Ang minaret ng Malaking Moske ay ang pinakamataas na istraktura sa Morocco at ang pinakamataas na minaret sa buong mundo (210 metro). Sa gabi, mga laser ang sumisinag sa isang barakila mula sa itaas ng minaret patungo sa Santuwaryo sa Mecca. (ang Kapasidad nito ay 25,000 na mga sumasamba).





Ang Kairaouine Mosque sa Fes, Morocco: Itinayo noong 987 CE. Ito ang ikalawang pinakamalaking Moske sa Morocco (sumunod sa New Hassan Mosque sa Casablanca) at isa sa mga pinakamatandang Unibersidad sa buong daigdig. Ito rin ang pinakamatandang monumentong Islamiko sa Fes.





▲ *Ang Kipchak Mosque sa Ashgabat
Turkmenistan*

*Ang Azadi Mosque sa Ashgabat,
Turkmenistan ▼*





▲ Ang Shir Dor Madrasah sa
Samarkand, Uzbekistan

Moske sa Bukhara,
Uzbekistan ▼





Ang Grand Mosque ng Paris, France: Ito ang pinakamalaking Moske sa France. Ito ay itinayo matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Pinasinayaan noong ika-15 ng Hulyo 1926



Pansinin: Mayroong 5 Pagdarasal araw-araw sa Islam. Ang sumusunod ay isang salin ng mga salita ng "Azaan" (pagtawag para sa bawat pagdarasal). Bawat pahayag ay dalawang ulit na binibigkas: Ang Allah ay Dakila, Ako ay sumasaksi na walang kundi Si Allah. Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo Ng Allah. Halina na sa pagdarasal, Halina sa tunay na tagumpay. Si Allah ay Dakila. Walang diyos kundi Si Allah.

Ang Moske sa Penzberg, Germany: Ang minaret nito ay inukitan ng mga salita ng "Azaan", ang paraan ng pagtawag sa mga Muslim para sa araw-araw na mga pagdarasal. Ang disenyong Kaligrapikong Arabik ay ginawa ng pinarangalang nagwagi na kaligrapong si Mohammed Mandi mula a U.A.E.



Ang Great Mosque of Xi'an sa China



▲ Ang Grand Mosque sa Indonesia

Ang Hui Mosque sa Ningxia, China ▼





▲ Ang Great Mosque sa Touba, Senegal Mosque Faisal, Conakry, Guinea ▼





▲ Mosque sa Bobo Dioulasso Burkina Faso Ang Djenne Mosque sa Mali ▼



Ang Djenne ay tahanan ng pinakamalaking putik na Moske sa buong daigdig. Ito ay higit na kahanga-hanga kaysa sa nadiding: ang gusali ay malaki, ito ay pinangangalagaan sa pagiging elegante sa malapitan man o maging sa malayong distansiya. Dalawang ulit sa isang taon, ang lahat ng mga mamamayan ng lungsod ay humahakot ng putik mula sa kalapit na ilog ng Bani at sama-samang muling tinatapalan ang mga dingding ng Moske. ²⁶⁷

Mga Sanggunian

Abdul Ghani, M. Ilyas, (2003). *The History of Al-Madinah Al-Munawwarah*, Rasheed Publishing, KSA

Adair, John, (2010). *The Leadership of Muhammad*. Kogan Page, UK

Ahmad, Mumtaz, (1996). *Islam and Democracy: The Emerging Consensus*; Middle East Affairs Journal,

Al-Maghluth, Sami, (2008). *The Historical Atlas for Prophet Muhammad Life*. Obaikan, KSA

Al-Mutawa, Jassem, (2001). *The Wives of the Prophet in Contemporary Time*. Kuwait

Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman, (1996). *The Sealed Nectar: Biography of the Noble Prophet Muhammad*, Darussalam, KSA.

Al-Zayed, Samirah, (1995). *The Inclusive Book About Prophet Muhammad's Life*, The Scientific Press, First Edition, Syria

Armstrong, Karen, (2002). *Islam: A Short History*. Harper Collins, New York, USA

Armstrong, Karen, (1992). *Muhammad: A Biography of the Prophet*. Harper Collins, New York, USA

Armstrong, Karen, (2007). *Muhammad: A Prophet for Our Time*. Harper Collins, New York, USA

Al-Nawawi, Y.S., (2003). *Riyadh Al-Saliheen. Authentic Sayings of Prophet Muhammad*, Arabic Cover –Cairo, Egypt


Bukhari, Mohammad Bin Ismael, (1997). *Saheeh Bukhari*, Dar Al Afkar, Amman, Jordan

Hammad, Ahmad Zaki (2007). *The Gracious Quran: A Modern-Phrased Interpretation in English*, Lucent Interpretations, IL, USA


Hart, Michael, (1992). *The 100; A Ranking of the Most Influential Persons in History*, Carol Publishing Group. N.J., USA

- Islam, Yusuf, (1995). The Life of the Last Prophet, Darussalam, KSA
- Khalidi, Tarif (2009). Images of Muhammad: Narratives of the Prophet in Islam Across the Centuries. Kindle Edition
- Khan, M. Muhsin, (1985). Sahih Muslim –English Translation, 4th Ed, Beirut, Lebanon
- Montgomery Watt, W.(1974). Muhammad: Prophet and Statesman. Kindle Edition
- Pickthall, Marmaduke (2006). The Quran Translated: Message for Humanity – The International Committee for the Support of the Final Prophet, Washington, USA
- Saheeh Int. (2004). The Quran English Meanings. Abul-Qassim Publishing –Al Muntada Al-Islami-Jeddah, KSA
- Sultan Sohaib N., Ali, Yusuf Ali, and Smith, Jane I. (2007). The Quran and Sayings of Prophet Muhammad: Selections Annotated & Explained (Skylight Illuminations)
- Unal, Ali, (2006). The Holy Quran With Annotated Interpretation in Modern English, The Light –New Jersey, USA
- Wolfe, Michael & Kronemer, Alex (2002). Muhammad: Legacy of a Prophet (DVD - Dec 18, 2002).

TALAN



TALAAAN



TALAN

